

Ang Bayan Ngayon Compilation

Ang Bayan
January 2023

*Ang pahayagang **Ang Bayan** ang upisyal na pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas. Ang AB ay inililimbag ng Komite Sentral ng PKP kada dalawang linggo at lumalabas sa ika-7 at ika-21 ng bawat buwan. Inilalathala ang AB sa orihinal na edisyong Pilipino at may mga salin na edisyon sa English, Bisaya, Hiligaynon, Waray, at Ilocano.*

*Sa harap ng mabilis na nagbabagong sitwasyong pampolitika at pang-ekonomya sa Pilipinas, gayundin sa buong mundo, naglalabas ang pahayagang Ang Bayan ng arawan na mga balita at pagsusuri sa mga susing usapin na kinakaharap ng proletaryo at sambayanang Pilipino, gayundin ng aping mamamayan sa iba't ibang sulok ng mundo. Makikita dito ang pinakahuling mga balita at artikulo ng **Ang Bayan Ngayon**.*

Table of Contents

21-gun salute, inilunsad ng mga yunit ng BHB bilang parangal kay Ka Joma.....	7
“Aberya” sa NAIA, idadahilan sa pribatisasyon.	9
Abot-langit nang presyo ng pagkain at iba pa, lalong nagtaasan noong Pasko.....	12
Madugong okupasyon ng Israel sa Palestine, isasalang sa internasyunal na korte.....	14
Mga internasyunal na partido’t organisasyon, nakiisa sa ika-54 anibersaryo ng PKP.....	17
Pagtitipon at parangal ng mga internasyunal na organisasyon kay Ka Joma.....	19
Pribatisasyon ng EDSA bus carousel, tinutulan	23
4 na pang-atakeng helikopter, ipinagmalaki ng AFP.....	25
Hangganang ng Colombia at Venezuela, lubos nang bukas.....	27
Kumander ng 1001st IBde, nasangkot sa kaso ng pagpatay.....	29
Mga cell tower sa Pilipinas, binili ng mga dayuhang kumpanya.....	30
Pagbayarin ang China sa pinsala nito sa West PH Sea, giit ng mga mangingisda kay Marcos	33
Ramon Ang, nagtala ng pinakamalaking dagdag-yaman noong 2022.....	36

Cha-cha, iraratsada sa Kongreso ngayong taon	38
Pag-atake sa mga mamamahayag sa buong mundo, tumindi sa nagdaang taon.....	41
Dagdag buwis sa tubig dulot ng pribatisasyon sa Bacolod, pinatatanggal.....	43
Kaswalti sa 7-taong gerang agresyon ng Saudi Arabia sa Yemen, umaabot na sa 48,000.....	45
Pagbabanta sa buhay ng biktima ng batas militar ni Marcos Sr, kinundena.....	47
Ika-90 kaarawan ni Ka Bel, ginunita.....	49
Matitinding pagbaha sa Palawan, isinisi sa pagmimina.....	50
Mga taong simbahan, nanawagan na tigilan ang panggigipit sa mga tagapagtanggol ng karapatang-tao.....	52
Pagdukot sa dalawang buntis na Pulang mandirigma, kinundena ng grupong kababaihan	55
Selebrasyon ng ika-54 anibersaryo ng Partido sa Masbate.....	57
10 tagapagtanggol ng karapatang-tao, ipinawalang-sala sa kasong perjury.....	58
Walang engkwentro: Magsasaka, sadyang pinatay ng 94th IB sa Himamaylan City.....	59
7,000 nars, nagwelga sa US.....	61

Kasunduang Pilipinas-China para sa eksplorasyon sa WPS, ibinasura.....	63
Mga buntis na diniseparesido ng 402nd IBde, inilitaw at pinalalabas na “sumurender”	65
Pamasahe sa LRT, nakatak dang itaas.....	67
‘Department of Angkat’, importasyon ng sibuyas, binatikos.....	69
17 raliyistang Peruvian, minasaker ng mga pwersa ng estado.....	71
Ilitaw ang dalawang nawawalang aktibista sa Cebu, giit ng pamilya.....	73
Serye ng pambobomba sa N. Samar, takot at pinsala ang hatid sa masa.....	76
Enero 14-21: Linggo ng pakikiisa sa mga bilanggong Palestino.....	78
Tangkang kudeta sa Brazil, itinakwil ng mga manggagawa at mamamayan.....	80
70 kapamilya at alipures, kasamang maglamyerda ni Marcos sa Switzerland.....	82
Marcos, palpak sa paglutas sa krisis sa pagkain	83
Mga estudyante, magulang, at guro, inetsapwera ng DepEd sa pagrebyu ng K-12...	86
Mga maralita, nagprotesta kontra-gutom at taas-presyo.....	89

Sibilyan, pinalalabas na NPA, pinatay ng 62nd IB sa Guihulngan City.....	90
Dinukot na mga aktibista sa Cebu, inilitaw na	91
Krisis sa empleyo, lalala sa pagtindi ng krisis sa kapitalismo.....	93
Mga Tumandok, pinalalayas ng AFP.....	95
Yaman ng 9 na bilyunaryong Pilipino, mas malaki sa pinagsamang pag-aari ng 55 milyong Pilipino.....	96
Mga magsasaka sa Isabela, pinagbabaril ng armadong maton ng Golden Summit Mining Corp.....	98
Pagkawawa sa mga Pilipinong nars: 12-oras na paggawa, barat na sahod.....	100
17 pulis na sangkot sa ‘Bloody Sunday Massacre’, inabswelto ng DOJ.....	103
Aerial bombing sa komunidad ng mga katutubo sa India, kinundena ng CPI (Maoist).....	105
Magrebolusyon sa lahat ng panig ng mundo, panawagan ng Komite Sentral ng PKP.....	106
Buwisan ang yaman, hindi ang mamahaling bag lamang ng sobrang mayayaman.....	109
Mga upisyal na sangkot sa korapsyon sa DepEd, pinakakasuhan.....	111
Welga ng 450,000 manggagawa, ikinakasa sa UK.....	112

Panrehiyong kumperensya ng Christians for National Liberation sa Negros, idinaos.....114

2 milyon, nagprotesta sa France laban pagtaas ng edad pagretiro.....116

Mga sinisanteng manggagawa sa Lazada, ipinababalik ng Korte Suprema.....118

Reyd sa upisina ng progresibong unyon sa Korea, kinundena.....119

Hustisya para migranteng pinatay sa Kuwait, ipinawanagan.....120

3 sundalo ng AFP, patay; 7 nasugatan sa engkwentro sa BHB.....123

2 upisyal, 4 na sundalo, sangkot sa pagpatay sa isang babaeng negosyante.....125

Hustisya, tunay na reporma sa lupa, sigaw ng magsasaka.....126

Paggawad ng pagkilala ng UP kay Mark Villar, binatikos ng mga estudyante.....129

Paglago ng GDP, “malayo sa sikmura”130

Karapatan ng mga manggagawa sa impormal na sektor, iginiit sa ILO HLTM.....133

Mamamahayag na si Frenchie Mae Cumpio, iba pa, dapat palayain.....135

Mga akawnt ng progresibong organisasyon na tinanggal ng Facebook, nakabalik na.....137

Labis-labis na ang paglilibre ng ligal na tulong sa mga sundalo at pulis.....139

Pagkamatay ng 23 Moro sa Mamamasapano, dapat ring alalahanin.....141

Planong pagbisita ng US Defense Secretary sa Pilipinas, tinuligsa.....143

Retiradong konsultant ng NDFP, asawa, at isa pa, ilegal na inaresto sa GenSan.....145

21-gun salute, inilunsad ng mga yunit ng BHB bilang parangal kay Ka Joma

Enero 1, 2023

Isinagawa ng iba't ibang yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa buong bansa ang tahimik na 21-gun salute bilang pagpupugay at pamamaalam kay Kasamang Jose Maria Sison. Si Ka Joma ang tagapangulong tagapagtatag ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) at nanguna sa pagtatatag ng BHB. Inilunsad ito ng hukbong bayan sa nagdaang linggo sang-ayon sa atas ng Komite Sentral ng PKP noong Disyembre 17.

Sinalubong ng ilang yunit ng BHB ang pagbubukang-liwayway noong Disyembre 26 para parangalan si Ka Joma. Ang ibang yunit naman ay naglunsad ng pagsaludo sa sumunod na mga araw.

Sa paunang ulat at mga bidyo na ipinadala, nagpormasyon ang pitong-kataong yunit ng hukbo para mag-alay ng 21-gun salute kay Ka Joma sa Lanao, Agusan del Sur, Agusan del Norte, Surigao

del Sur, Batangas at mga hindi tinukoy na prubinsya sa ilalim ng panrehiyong kumand ng BHB sa North Central Mindanao Region, Southern Tagalog, Central Luzon, Bicol, Negros Island, Panay at iba pa.

Liban dito, inilunsad ng mga yunit ng hukbong bayan ang iba pang aktibidad at pagtitipon para parangalan si Ka Joma at ipagdiwang ang ika-54 anibersaryo ng Partido. Nagkaroon ng espesyal na pagparangal sa kanya sa mga paggunita sa Batangas at Southern Panay.

Hindi bababa sa 200 katao ang dumalo sa dalawang magkahiwalay na aktibidad na inilunsad ng BHB sa Rinconada Area sa Camarines Sur. Pinangunahan ng yunit ng BHB ang programa na nilahukan ng mga rebolusyonaryong organisasyon ng mga magsasaka, kabataan, at kababaihan at mga kinatawan ng sangay ng Partido.

Inilunsad rin ang isang aktibidad sa isang baryo sa Iriga City. Ayon sa talumpati ni Ka Marc, “nakakaantig ng puso na malaman na si Ka Joma ay mula sa uring panginoong maylupa ngunit pinili niya parin na makibaka kasama ang mga uring pinagsasamantalahan para sa rebolusyon. At katulad niya, dapat ay tayo ring maging mas matatag sa ating pakikibaka.”

Samantala sinabi ni Ka Gene na mananatiling inspirasyon si Ka Joma dahil sa walang pag-iimbot niyang pag-aalay ng buhay para sa ikatatagumpay ng demokratikong rebolusyong bayan. Ayon pa sa kanya, “kahit matanda na, ay kikilos pa rin [ako] para ipagpatuloy ang rebolusyon.”

Deklarasyon naman ni Ka Sel: “pumanaw man ang ating founding chairman na si Ka Joma, nananatili ang kanyang muling sinimulan, ang kanyang mga turo, at ang kanyang legasiya sa rebolusyong Pilipino. Hinding-hindi ito maikukubli o mawawala ng kahit na sino mang kaaway o rebisyunista o lason sa rebolusyon.”

Inilunsad naman ang isa pang pagtitipon sa isang hindi tinukoy na bayan sa Camarines Sur. Pahayag ng isang Pulang mandirigma sa naturang aktibidad: “Ako ay nasisiyahan na naabutan ko si Ka Joma sa aking paglahok sa armadong pakikibaka, nasaksihan ang kanyang mga gawa at nagsilbing gabay sa pagkilos. Nagbibigay pugay ako para kay kasamang Joma sa kanyang pag-aalay ng buhay, talino at lakas sa rebolusyon.”

“Aberya” sa NAIA, idadahilan sa pribatisasyon

Enero 2, 2023

Nasa 65,000 byahero ang naperwisyo dulot ng isang aberya (“glitch”) sa airport tower control at pagkawala ng kuryente sa Ninoy Aquino International Airport (NAIA) noong Enero 1. Umabot sa 300 flight o takdang biyahe ng eroplano, lokal at internasyunal, ang nabalam dahil dito. Ayon sa mga opisyal ng paliparan, sabay na pumalpak pangunahin at sekundaryo (back-up) nitong pinagkukunan ng kuryente. Humingi sila ng 72 oras para lubos na maresolba ang mga problema.

Maraming eroplanong nasa ere ang napilitang bumalik sa pinanggalingang mga bansa. Ilang oras na nakapaskil sa mga pahayagan ang “Manila is Down” dahil sa absolutong pagtigil ng air traffic sa buong bansa.

Marami ang nagduda sa aberya noong bagong taon, lalupa’t ilang araw lamang bago nito (Disyembre 28), inianunsyo ng kalihim ng Department of Transportation na si Jimmy Bautista ang planong pagsasapribado sa NAIA. Ayon sa kalihim ng ahensya, tinatrabaho ng ng gubyrerno, katuwang ang Asian Development Bank, ang pribatisasyon ng paliparan at maaaring ilaas na ang kontrata para rito sa unang kwarto ng taon.

“Fishy” o “kaduda-duda” ang paglalarawan ni Deputy Minority Leader at ACT representative Frances Castro sa perwisyong “glitch” sa NAIA.

“Tyempong tyempo naman na nangyari ang aberya ilang araw lamang matapos ianunsyo ng DOTr ang pagsasapriado ng NAIA para imodernisa daw ito,” aniya. “Di pa ba nila natutunan na ang pribatisasyon ay nangangahulugan lamang ng mas mataas na singil sa mga konsyumer?”

Isa ang NAIA sa pinakamasamang paliparan sa buong mundo, at ika-3 sa Asia, ayon sa sarbey na isinagawa ng isang travel blog noong nakaraang buwan. Noong 2018, tinangka itong isapribado para diumano gawing “mas episyente” ang serbisyo rito. Hindi natuloy ang pribatisasyon dahil sa di pagkakasundo sa aregluhan ng noo’y

rehimeng Duterte at mga kumprador na sangkot dito.

Noong 2020, iniatras ni Rodrigo Duterte ang pakikipagnegosasyon nito sa tinawang na NAIA consortium na kinabilangan ng Aboitiz InfraCapital, Inc., AC Infrastructure Holdings Corp., Alliance Global Group, Inc., Asia's Emerging Dragon Corp., Filinvest Development Corp., JG Summit Holdings, Inc., at Metro Pacific Investments Corporation. Ang Asia Emerging Dragon ay pag-aari ng pamilya ni Lucio Tan, na siyang may-ari ngayon ng Philippine Airlines. Si Secretary Bautista ng DOTr ay dating chief executive officer (pinakamataas na upisyal) ng Philippine Airlines mula 2004 hanggang 2019.

Kasabay ng paglalatag ng bagong mga paliparan sa ibang bahagi ng Pilipinas. Ilang taon nang nag-uunahan ang pinakamalalaking burgesyakumprador para kopohin ang mga kontrata para sa mga ito.

Isa rito ang kamuh-muhing proyektong Aerotropolis ng San Miguel Corporation na nagpalayas na sa mga mangigisda sa Taliptip, Bulacan at sumira na sa mga bakawan dito. Isa pa ang proyektong pagpapalawak sa Sangley Airport sa Cavite na dating ibinigay sa grupo ni Lucio Tan.

Abot-langit nang presyo ng pagkain at iba pa, lalong nagtaasan noong Pasko

Enero 2, 2023

Umabot sa ₱720 ang isang kilo ng sibuyas sa isang palengke sa Metro Manila noong nakaraang kapaskuhan. Sinimbolo nito ang abot-langit na pagtaas ng presyo ng pinakabatayang mga bilingin, at ang kainutilan ng estado na kontrolin ang pagsirit ng mga ito.

Para sa buong Disyembre, tinataya ng Bangko Sentral ng Pilipinas na sumirit sa tantos na 8.6% ang implasyon, mas mabilis kumpara sa 8% noong Nobyembre 2022. Siyam na buwan nang tuluy-tuloy na sumisirit ang implasyon nang mahigit 4%, malayo sa buwanang target ng BSP na 2%-4%.

Pataas pa rin ang presyo ng mga pagkain (karne at isda), gayundin ang singil sa kuryente at panggatong (langis). Noong Disyembre, itinaas ng Manila Electric Co. (Meralco) ang singil nito nang ₱0.3297 kada kilowatt hour (kwh) mula ₱9.9472kwh tungong ₱10.2769kwh. Para sa mga kumukonsumo ng wala pang 200kwh kada buwan, katumbas ito ng ₱66 dagdag sa singil sa kanila noong Disyembre.

Gayundin, tumaas nang hanggang ₱2.26 kada kilo ng LPG noong Disyembre. Bahagyang bumaba ang presyo ng gasolina at diesel, pero hindi nito nahila pababa ang netong pagtaas sa presyo para sa taon. Ayon sa datos ng Department of Energy para sa buong taon, ang presyo ng gasolina ay tumaas ng ₱13.25 kada litro, ang diesel ng ₱24.60 kada litro, at ang kerosene ng ₱19.15 kada litro.

SRP para sa sibuyas: Pantapal na solusyon

Para apulain ang pagtaas ng presyo ng sibuyas, pakitang-taong iniutos ni Ferdinand Marcos Jr ang pagtatakda ng SRP (suggested retail price o mungkahing presyo sa tingi) para rito na ₱250 kada kilo. Ang ibig sabihin lamang nito ay isasama ng Department of Agriculture ang sibuyas sa mga produktong isasailalim sa “pagmonitor” ng ahensya. Wala bisa ang gayong “pagmumungkahi” sa presyuhan sa pagbili sa mga magsasaka, gayundin sa distribusyon ng mga komersyante. Mas madalas, ang tinatamaan pa nito ay ang maliliit na manininda.

Lalong marami ang bumatikos sa abiso ng isang undersecretary ng DA na “huwag bumili ng isang kilo” habang nananatiling mahal ang sibuyas.

Ayon sa mga kongresista ng Makabayan, isang pantapal na solusyon ang pagtatakda ng SRP. Sa halip, dapat suportahan at bigyan ng gubyrerno ng subsidyo ang mga lokal na magsasaka para itaas ang kanilang ani at ibaba ang gastos sa produksyon.

Dapat ring ipatigil ang ismagling ng mga produktong agrikultural. Isa ang sibuyas sa pinakamaraming ipinupuslit sa bansa sa nakaraang mga buwan at ibinebenta sa mas mabababang presyo sa mga pamilihan. Dahil dito, lalong nalugi ang mga lokal na magsisibuyas.

Ayon sa inipong ulat ng Anakpawis, noong Enero-Setyembre 2022, umabot sa ₱539 milyon ang halaga ng iligal na ipinuslit na mga produktong agrikultural sa bansa. Karamihan sa mga ito ay mula sa China.

Madugong okupasyon ng Israel sa Palestine, isasalang sa internasyunal na korte

Enero 2, 2023

Sinang-ayunan noong Disyembre 30 ng 87 bansa sa ilalim ng United Nations General Assembly ang isang resolusyon na humihingi sa International Court of Justice (ICJ) ng ligal na opinyon nito kaugnay sa patuloy na pagtanggì ng Israel na wakasan ang iligal na okupasyon nito sa mga teritoryo ng Palestine, partikular sa West Bank at Jerusalem. Ayon sa General Assembly resolution 77/ 400, ang pagtanggì ng Israel na umatras sa naturang mga teritoryo ay “de facto na pang-aagaw.”

Anito, dapat imbestigahan ang mga patakarang ginamit ng Israel para makamit ito, at ang pagtanggì nito na galangin ang karapatan sa pagpapasya-sa-sarili ng mamamayang Palestino. Idiniin ng resolusyon na kailangan imbestigahan rin ang pagtalima ng mga bansa sa mga obligasyon nito sa UN at sa pagtitiyak na naipatutupad ng Israel ang mga internasyunal na batas.

Itinuturing ang Resolusyon 77/400 bilang importanteng hakbang tungo sa pagpapanagot sa Israel sa mga krimen nito laban sa mamamayang Palestine. Kasama sa mga bumoto pabor rito ang China at Russia habang bumoto laban dito ang US, Britain at Germany kasama ang 23 pang mga bansang hawak ng US. Nag-abstain o hindi bumoto kontra o pabor ang 53 bansa, kasama ang

France. Liban sa pagboto laban dito, nagpahayag ang Israel na hindi nito kinikilala ang naturang botohan.

Bahagi rin ng resolusyon ang panawagan para imbestigahan ang mga hakbang ng Israel para baguhin ang komposisyon, karakter at istatus ng Jerusalem. Inagaw ng Israel sa gerang 1967 ang West Bank, Gaza at East Jerusalem — mga teritoryong nakalaan para sa pagtatayo ng estadong Palestine.

Iginiit din sa resolusyon ang pagpapatigil sa Israel sa pagtatayo ng mga settlement sa mga lugar ng Palestino na sinasakop nito. Gayunpaman, walang ligal na awtoridad ang General Assembly, di katulad ng Security Council na pinaghaharian ng US.

Ang ICJ ang itinuturing na pinakamataas na korte ng UN para sa paghusay ng mga sigalot sa pagitan ng mga bansa. Gayunpaman, wala itong kapangyarihan para ipatupad ang mga desisyon nito. Huli itong naglabas ng desisyon noong 2004 kung saan idineklara nitong ilegal ang itinayong pader ng Israel para ikulong ang mga Palestino sa kanilang mga teritoryo.

2022: Madugo para sa mga Palestino, laluna sa mga bata

Sa ulat ng Commission for Detainees and Ex-Detainees Affairs, umaabot sa 600 mga bata ang inilagay ng Israel sa house arrest. Ang mga batang ito ay pinagbawalang lumabas ng kanilang mga bahay nang walang gwardya, at mayroong

nilagyan ng mga tracking device. Marami ang hindi pinayagang lumabas sa kanilang mga bahay, kahit para pumunta sa eskwela. Nililitis ang mga batang Palestino mula edad 12 bilang mga “adult” sa arbitraryong mga korte ng Israel.

Sa pangkalahatan, umabot sa 6,500 Palestino ang ikinulong ng Israel sa 2022. Ayon sa Palestinian Prisoners Club, kabilang sa mga inaresto nito ang 153 kababaihan at 811 bata. Sa taalan ng grupo, sa 750 inarestong mga bata sa 2022, 160 sa kanila ay nakakulong hanggang ngayon. Ilan sa kanila ay nasa solitary confinement, at 16 ang nakapailalim sa “administrative detention” o nakakulong nang walang kaso, walang paglilitis at walang malinaw na petsa ng pagpapalaya.

Mas malala, umabot sa 54 mga bata ang pinatay ng Israel sa 2022. Ang 35 sa kanila sa West Bank, kung saan pinakamadugo ang okupasyon ng Israel sa nakaraang taon. Ayon sa UN Special Coordinator for the Middle East Peace Process, nasa 166 ang pinatay ng mga pwersa ng Israel sa teritoryong ito sa panahong ito.

Napakatindi ng mga krimen ng Israel na noong Nobyembre 28, 2022, muling nananawagan ang 198 internasyunal at Palestinong organisasyon sa International Criminal Court para imbestigahan ang mga ito, at hayagang kundenahin ang mamaraming pamamaslang at papatinding agresyon ng Israel sa mamamayang Palestino. Noon pang 2021 nakatakdang simulan ang imbestigasyon ng ICC sa mga krimen ng Israel pero nagtapos na lamang ang 2022 na hindi pa ito nasisimulan.

Samantala, libu-libong Palestinians ang nagtipon sa Al-Katiba Square sa Gaza noong Disyembre 31 para gunitain ang ika-58 na anibersaryo ng Fatah at ang pagsiklab ng kontemporaryong rebolusyong Palestino. Inilunsad ang unang armadong operasyon sa Gaza noong Enero 1, 1965. Layunin ng armadong paglaban na ito ang pagpapalaya sa Palestine at pagtatayo ng independyenteng estadong Palestino sa mga okupadong teritoryo.

Mga internasyunal na partido't organisasyon, nakiisa sa ika-54 anibersaryo ng PKP

Enero 2, 2023

Ipinaabot ng iba't ibang organisasyong pulitikal at organisasyon ang pagbati at pakikiisa sa pagdiriwang ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) sa ika-54 anibersaryo nito noong Disyembre 26, 2022.

Kabilang sa mga organisasyong ito ang Friends of the Filipino People in Struggle (FFPS)-China, Communist Party of Turkey-Marxist Leninist (TKP-ML) at armadong pwersa nitong Turkish Workers and Peasants Liberation Army (TIKKO), at Anti Imperialist Action Ireland.

Sa pahayag ng FFPS-China, ipinabatid nila ang kanilang kagalakan at paghanga sa paglakas ng Bagong Hukbong Bayan sa pamumuno ng Partido sa nagdaang mga taon. "Ang rebolusyonaryong armadong pwersa sa Pilipinas ay lubhang lumaki bilang resulta ng wastong pamumuno ng Partido," ayon sa kanilang pahayag.

Mainit na pagbati naman ang ipinaabot ng Anti Imperialist Action-Ireland sa anti-imperyalistang rebolusyonaryo ng Partido. Ayon sa pahayag ng grupo, “hinahangaan ng Sosyalistang Kilusang Republican ang pagpupunyagi, dedikasyon at sakripisyo ng mga kadre ng PKP at Pulang mandirigma ng BHB na kasalukuyang humaharap sa hindi maarok na mga sakripisyo para baguhin ang Pilipinas tungong isang makatarungan at soberanong bansa.”

Dagdag pa ng grupo, alam ng mga kasapi nito na naging mahirap at mabigat ang taong 2022 para sa Partido sa pagkawala ng pambansang kumander ng BHB na si Menandro Guevarra (Ka Bok) at pagkamatay ni Kasamang Jose Maria Sison, tagapangulong tagapagtatag ng Partido. Gayunman, anito, sumusulong ang Pambansa-Demokratikong rebolusyon sa ilalim ng panunupil at kahirapan, umaangkop sa mga hamon at nagtatayo ng bagong hinaharap para sa mamamayan tulad ng nakasaad sa pahayag ng Komite Sentral ng Partido.

“Kami ay kumukuha ng inspirasyon sa halimbawang inilatag ng mayamang rebolusyonaryong tradisyon ng mamamayang Pilipino sa parehong pakikibaka natin laban sa kolonyalismo sa ating mga isla,” dagdag pa ng Anti Imperialist Action Ireland.

Sa pahayag ng Komite Sentral ng TKP-ML, ipinaabot nito at ng TIKKO ang pagbati sa anibersaryo ng PKP. Anila, “ang Partido at digmang bayan na pinamumunuan nito ay mayroong mahalagang lugar sa kasaysayan ng

pandaigdigang proletaryong rebolusyon sa maraming tao, at ipinagmamalaki namin na maging kapatid na partido ng kapita-pitagang Partido na ito.”

Pinagpugayan din nila sa kanilang pahayag si Kasamang Jose Maria Sison, tagapangulong tagapagtatag ng PKP. Anila, lubhang madarama nila at ng pandaigdigang kilusang Marxista-Leninista-Maoista ang pisikal na pagkawala ni Ka Joma, na ayon sa kanila, ay “nag-alay ng napakahahalagang kontribusyon sa pagbubuo ng mahalagang ugnayan at internasyunal na relasyon ng PKP at TKP-ML.”

Pagtitipon at parangal ng mga internasyunal na organisasyon kay Ka Joma

Enero 2, 2023

Isang taimtim pero militanteng parangal sa araw ng cremation kay Kasamang Jose Maria Sison ang isinagawa sa Utrech, the Netherlands noong Disyembre 23, 2022. Dinaluhan ito ng iba't ibang partidong pulitikal at organisasyon mula sa Australia, Belgium, Germany, Hong Kong, Indonesia, Korea, Kurdistan, north Kurdistan, New Zealand, Palestine, Suriname, The Netherlands, Turkey at Ukraine. Dagdag dito, nagsagawa ng iba't ibang aktibidad ang mga internasyunal na organisasyon sa kanilang mga bansa para kilalanin ang rebolusyonaryo at internasyunalisang si Ka Joma. Inilunsad ito sa

Germany, China, France, Mexico at iba pang mga bansa.

Sa Germany, nagprotesta sa lansangan at nagsagawa ng mga pag-aaral ang mga kasapi ng Marxist-Leninist Party of Germany (MLPD) para pagpugayan ang buhay at mga ambag ni Ka Joma sa pandaigdigang kilusang komunista. Inilunsad nila ang mga aktibidad sa Gelsenkirchen, Zollernalb, Erfurt, at Hanover. Namahagi sila ng ilampung kopya ng liham pakikidalamhati ng Komite Sentral ng MLPD sa mga nagdaraan. Nagbasa rin sila ng mga tula bilang alay kay Ka Joma at nagpatugtog ng mga awitin. Dala-dala nila ang mga larawan ni Ka Joma sa mga aktibidad na ito.

[struttgart-mpld-commemoration]

Sa Paris, naglunsad ng isang aktibidad ang mga organisasyon sa ACTIT local. Nag-alay sila ng ilang minutong katahimikan para kay Ka Joma at lahat ng mga namartir na rebolusyonaryong nagsusulong ng internasyunal na pakikibaka. Sa pahayag ng MLKP France, binigyang diin nito ang pangangailangang magpaunlad ng internasyunal na relasyon sa ibang mga orgnisasyon at partido tulad ng ginawa ni Ka Joma.

[jms-tribute-france]

Sa Mexico, naglunsad ng martsa para kilalanin si Ka Joma. Ilampu ang lumahok sa naturang pagkilos na pinangunahan ng International League of Peoples' Struggle-Mexico, balangay ng

ILPS kung saan chairperson emeritus si Ka Joma nang pumanaw.

[ilps-mexico-jms-tribute]

Sa China, sa ulat ng Friends of the Filipino People in Struggle (FFPS)-China, nagtipon ang mga kabataan sa Wuhan Flood Fighting Monument sa Hubei noong Disyembre 25, 2022 para pagpugayan si Ka Joma. Isinabay nila ito sa paggunita sa ika-129 kaarawan ng dakilang lider ng China na si Mao Zedong. Nagpadala sila ng larawan na mayroong katagang “Sa alaala ng ating dakilang komunistang mandirigma, Ka Joma.”

[students-hubei-pay-tribute-to-mao-jms]

Naglunsad din ng pagtitipon ang FFPS-Austria noong Disyembre 29, 2022. Nakiisa sa aktibdiad ang mga kinatawan ng Antifaschistische Aktion, Avrupa Göçmen Emekçiler Birliği at IA-RKP Initiative für den Aufbau eine Revolutionär Kommunistischen Partei. Nagpalabas sa programa ng mga bidyo, nagbigay ng kanya-kanyang mensahe ng pakikiramay at pinagtalakayan ang mga teoretikal na usapin ng Pambansa Demokratikong Kilusan sa Pilipinas.

[friends-of-the-philipino-people-in-struggle-austria]

Samantala, idineklara ng Communist Party of India (Maoist) ang darating na Enero 16 bilang araw ng pagpaparantal nila kay Ka Joma. Ayon sa pahayag ni Kasamang Amrut, tagapagsalita ng CPI (Maoist) sa internasyunal na mga usapin, “gamitin natin ang pagkakataong ito para

magsama-sama, at muling pagtibayin ang ating determinasyon na magmartsa pasulong at iwagayway ang Pulang bandila ng rebolusyon.”

Hinikayat niya ang mga kasapi ng CPI (Maoist) at rebolusyonaryong pwera sa India na maglunsad ng mga seminar na tatalakay sa mga kontribusyon ni Ka Joma at magsagawa ng mga pampublikong pagtitipon. “Mamahagi tayo ng mga polyeto at booklet na naglalaman ng kanyang mga kontribusyon. Maglunsad tayo ng mga kultural na programa na mayroong awitin, pagbabasa ng mga tula at pagtatanghal ng mga drama para itaguyod ang kanyang mga kontribusyon,” ayon pa kay Kasamang Amrut.

Ayon sa National Democratic Front of the Philippines International Information Office, mananatiling bukas ang upisina nito para tumanggap ng mga mensahe, kasama at kaibigan na gustong magbigay ng pakilala kay Ka Joma. Mananatili ang mga abo ni Ka Joma sa crematorium ng isang buwan, sang-ayon sa mga batas ng gubyernong Dutch.

Para tunghayan ang iba pang mga aktibidad na ilulunsad ng mga organisasyon bilang pagpupugay kay Ka Joma, sundan ang Facebook na Ka Joma Lives.

Pribatisasyon ng EDSA bus carousel, tinutulan

Enero 2, 2023

Nagpahayag ng pagtutol si Deputy Minority Leader at kinatawan ng ACT Partylist na si France Castro kaugnay sa planong pribatisasyon ng EDSA bus carousel nitong 2023. Aniya, magiging dagdag-pasanin ito ng mga komyuter dahil tiyak ang pagtaas ng pamasahe kapag inilipat sa pribadong sektor ang pagmamay-ari at operasyon nito. Gayunpaman, inilinaw niya na kasabay ng pananatili ng libreng serbisyong ito, dapat magkaroon ng pangmatagalang solusyon sa krisis sa transportasyon sa pambansang kabisera.

Sa isang pag-aaral noong 2018, tinatayang 367,728 sasakyan ang abereyds na dumadaan sa EDSA kada araw. Malaking mayorya nito (2/3) ay mga pribadong kotse habang 11.4% lamang ang pampublikong transportasyon (dyip, utility vehicle, taksi at bus.)

Ang EDSA bus carousel ang limitadong serbisyong transportasyon (libreng sakay) na binuksan noong panahon ng pandemya para ibsan ang matinding kasalatan ng pampublikong transportasyon. May badyet itong ₱1.2 bilyon mula 2020 o ₱12 milyon kada araw. Ayon sa Department of Transportation, napagsisilbihan nito ang abereyds na 400,000 komyuter kada araw, isang maliit na porsyento ng mga komyuter sa NCR. Ito ay dahil nasa 550 lamang na mga bus ang bahagi nito, kumpara sa 3,300 bus na gumagana bago magpandemya.

“Papasok pa lang ang taong 2023 ay pahirap na naman ang sasalubong sa ating mga kababayan. Sana ay guberno na lang ang magpatakbo ng Edsa Bus Carousel, panatilihing libre ito at bayaran din ng nasa tamang oras ang mga bus

drivers at konduktor na nagsisilbi dito,” ayon kay Rep. Castro. “Ang kailangan ngayon ng mga komyuter ay pansamantalang alwan dahil sa sumisirit na implasyon.”

Tutol din ang Piston sa pribatisasyon na mismong ang DOTr pa ang nagtutulak. “Alam naman nating ang interes ng pribadong sektor ay kung paano magpapalaki ng kita habang pinapababa ang gastos nila sa operasyon at pasahod sa kanilang manggagawa. Kaya kapag ipinasa sa mga malalaking negosyante ang dapat ay public service gaya ng EDSA Carousel, asahan nating tataas din ang pamasaha. Lalong magiging kawawa ang ating mga komyuter,” ayon kay Mody Floranda, tagapangulo ng grupo, sa isang pahayag noong Disyembre 29, 2022.

Idiniin nina Castro at Floranda ang pangangailangan ng pagbubuo ng mas mahusay, accessible at abot-kayang moda ng transportasyong pangmasa para sa buong bansa, at di lamang sa EDSA. Ang mga mayor na solusyon at pagpapaunlad sa transportasyong pangmasa ay magagawa lamang sa pamamagitan ng responsableng pagmamay-ari ng estado sa mga pampublikong yutilidad, ayon sa Piston.

Tulad ng inaasahan, mga negosyante, kabilang ang mga American Chamber of Commerce of the Philippines, ang pangunahing nagtutulak na isapribado ang libreng sakay para pagkakitaan ito. Lagi’t laging neoliberal na pribatisasyon ang solusyon ng mga ito sa kabila nang paulit-ulit nang napatunayang di nagiging episyente o mas mahusay ang isang serbisyo na pinatatakbo ng

pribadong sektor, taliwas sa mga tagapagtaguyod ng ganitong patakaran.

4 na pang-atakeng helikopter, ipinagmalaki ng AFP

Enero 3, 2023

Ipinagmalaki kamakailan ng Armed Forces of the Philippines ang apat nitong T-129 “Atak” helikopter na binili sa Turkey noong nakaraang taon. Dumating sa bansa ang unang dalawang helikopter noong Marso 9, 2022 at dalawa pa noong Nobyembre 24, 2022. May dalawa pang nakatakdang ideliber sa bansa sa 2024. Nagkakahalaga ang anim ng ₱13.8 bilyon. Hindi isinapubliko kung saan idineploy ang unang apat na dumating na.

Ayon sa AFP, ang mga helikopter na ito ang “sasalubong” sa Bagong Hukbong Bayan sa taong 2023. Armado ito 20mm na Gatling type na kanyon na maaaring makapagpakawala ng 500 rounds at rocket launcher (70mm) na pwedeng magpakawala ng mga misayl na air-to-air at air-to-ground. May kakayahan itong umatake sa lahat ng klase ng kundisyon ng panahon, araw man o gabi. May nakakabit itong high resolution na infrared camera, laser range finder, laser spot tracker, day TV camera at spotter TV camera. Maari itong manatili sa ere sa loob ng dalawa’t kalahating oras, bago kakailanganing lumapag at magkarga ng gasolina.

Tulad sa ibang air asset ng militar, gagamitin ang mga ito sa walang pakundangang kampanya ng pambobomba sa mga sakahan at kagubatan.

Kalokohang pagbibilang

Kabalintunan ang pagmamayabang ng AFP kaugnay sa mga helikopter na ito, at ang pagwawaldas ng pera ng bayan para rito, sa paulit-ulit na deklarasyon nitong “mahina na” ang BHB. Noon lamang Disyembre 2, 2022, ipinagmayabang ng AFP na mayroon na lamang 22 larangang gerilya ang BHB mula sa diumano’y 89 noong 2016 at na lima na lamang sa mga ito ang aktibo. “Mahinang-mahina” na diumano ang 19, at lima na lamang ang dapat “pagbuhusan ng atensyon.” (Mas marami pa ang biniling helikopter.) Ipinagmayabang naman ng NTF-Elcac noon pang Abril 2022 na halos 24,000 nang mga myembro at tagasuporta ng BHB ang “sumurender” sa nakaraang anim na taon.

Kasabay ng mga pahayag na ito, sinabi ni Bartolome Baccaro, hepe ng AFP, noong Nobyembre 2022 na mayroon pang 2,112 myembro at 1,800 pang armas ang BHB.

Kinutya ang mga kabulastugan ng AFP sa isang pahayag ng Partido noong Disyembre 28, 2022. Ayon kay Marco Valbuena, chief information officer, kung paniniwalaang may “natitira” na 22 larangan ang BHB at pantay na hatiin ang “natitirang mandirigma’ sa mga prenteng ito, magkakatoon ng di bababa sa 96 na mandirigma o isang kumpanya ang bawat isa. Kung ipagpalagay naman na tig-isang platun na lamang ang

sinasaing “mahihinang larangan” at hatiin ang natitirang bilang sa “aktibo” pa, lalabas na mayroong 218 mandirigma ang kada isa. Malayo ito sa pilit na pinalalabas ng AFP na “mahina” na ang kilusan.

Sa gayon, ang tanging malinaw ay ang kawalang kredibilidad ng AFP bilang mapagkukunan ng wastong impormasyon kaugnay sa PKP at BHB. Ang mga numerong inilalabas nito ay lagi’t laging walang batayan at nagsisilbi lamang sa sarili nitong adyenda.

Hangganang ng Colombia at Venezuela, lubos nang bukas

Enero 3, 2023

Lubos nang binuksan noong Enero 1 ng Venezuela ang hangganan sa pagitan nito at ng Colombia bilang huling hakbang ng pagbabalik ng relasyong komersyal at diplomatiko sa pagitan ng dalawang bansa. Isinabay dito ang pagbubukas ng Tienditas International Bridge na nagdudugtong sa Tachira ng Venezuela at Nore de Santander ng Colombia. Ipinasara ang tulay noong 2019 ng presidente ng Venezuela na si Nicolas Maduro dahil sa pagtatangka ng US, at ng noo’y papet ng gubyerno ng US sa Colombia, na gamitin ito para panghimasukan ang bansa.

Una nang binuksan ng Colombia at Venezuela ang 2,200-kilometrong komun nitong hangganan noong Setyembre 26. Bago ang Tienditas, dalawa nang malalaking tulay ang ibinukas ni Maduro at pinahintulutan na ang pagtawiran ng mga

mamamayan ng dalawang bansa. Noong Nobyembre, muli na ring nagsimula ang komersyal na biyahe ng eroplano sa pagitan ng dalawang bansa.

Naging posible ang lubos at mainit na pagbabalik ng relasyon ng dalawang bansa matapos manalo sa Colombia si Gustavo Petro, ang tinaguriang unang “maka-Kaliwang presidente” nito. Kinilala ni Petro si Maduro bilang lehitimong presidente sa Venezuela. Kabaliktaran ito sa sinundan niyang presidente na si Ivan Duque na nangayupapa sa US at tumangging kumilala sa eleksyong naghalal ay Maduro. Sa halip, kinilala ni Duque si Juan Guaido, ang tuta ng US na nagtangkang patalsikin si Maduro sa pamamagitan ng isang kudeta.

Noong Setyembre, idineklara ni Maduro na “makasaysayan” ang panunumbalik ng relasyon ng dalawang bansa na may “magkapatid na mamamayan.”

“Naibalik na ang dating pagkakapatiran,” deklarasyon ng meyor ng Andres Bello, isang bayan sa Colombia na malapit sa hangganan. Ayon sa ministro sa komersyo ng Colombia, hindi na hahayaan ng kanilang bansa na mangyari ulit ang pagsasara ng mga hangganan nito. Ang Venezuela ang pangalawang pinakamalaking merkado ng mga produktong Colombian.

Kumander ng 1001st IBde, nasangkot sa kaso ng pagpatay

Enero 3, 2023

Nanawagan ang grupong Gabriela kahapon, Enero 2, para sa patas na imbestigasyon sa pagpatay kay Yvonne Plaza-Chua, isang 38-taong gulang na negosyante, matapos isinangkot sa kanyang kaso si Brig. Gen. Jesus Durante III. Binaril at pinatay si Chua ng dalawang lalaki sa harap ng kanyang bahay sa Tugbok District, Davao City noong Disyembre 28. Si Durante ang kasalukuyang kumander ng 1001st Brigade na nakabase sa Davao de Oro at dating hepe ng Presidential Security Group ng dating presidente na si Rodrigo Duterte.

Ilang araw bago siya patayin, lumutang ang lumang mga kwento at larawan ni Chua sa social media kung saan makikita ang mga pasa sa kanyang mukha at katawan. Nakalagay sa post niya na ang gumawa nito sa kanya ay ang isang Jes Durante. Sa kanyang mga post, humingi ng tulong si Chua laban sa pang-aabuso at pambubugbog sa kanya.

Kinumpirma ni Durante na siya nga ang tinutukoy ni Chua at nagpalusot na nagkaroon na sila ng usapan noon at kunwa'y "humingi ng patawad" sa kanya ang negosyante. Binura (delete) rin ni Chua ang mga post na iyun matapos ang "pag-uusap" nila ng heneral.

Sa harap nito, nanawagan ang Gabriela na bigyan- proteksyon ang mga kapamilya ni Chua, na anito'y nagsasapubliko ng mga ebidensya laban sa pinagsususpetsahan nilang salarin. Nangangamba ang grupo na magkaroon ng "whitewash" ang imbestigasyon, lalupa't mataas na upisyal-militar ang sangkot dito.

“Bukas ang pinto ng Gabriela sa pamilya at mga kaibigan ni Ms. Chua kung nais nilang idulog ang kaso nito,” pahayag ng pangkalahatang kalihim ng grupo na si Clarice Palce. “Kailangan ang mabusisi at patas na imbestigasyon sa kaso lalo na’t isang mataas na upisyal ng gobyerno ang nasasangkot.”

Mga cell tower sa Pilipinas, binili ng mga dayuhang kumpanya

Enero 3, 2023

Sinunggaban ng mga dayuhang kumpanya sa pamamagitan ng kanilang mga subsidyaryo at katuwang na kumpanya sa Pilipinas at Southeast Asia, ang liberalisasyon sa sektor sa telekomunikasyon para kopohin ang mga cell tower sa bansa noong 2022. Binili ng mga ito ang mahigit kalahati (59%) sa kabuuang 22,405 cell tower na pinatatakbo ng tatlong kumpanya sa telekomunikasyon.

Ibinalita na kabilang sa pinakamalalaking “merger and acquisition” (pagsanib at pagbili) noong nakaraang taon ang pagbili ng mga dayuhang kumpanya sa pinagsamang 12,966 cellular tower ng Smart Communications Inc. at Globe Telecom Inc. Umabot sa \$3.066 bilyon ang halaga ng transaksyon. Naganap ang pagpirma sa mga kontrata noong Agosto 2022.

Ibinenta ng Smart ang 5,907 tower nito sa halagang \$800 milyon sa Axiata Group Berhad (Malaysia) at Digital Bridge (US) sa pamamagitan ng partner nito sa Southeast Asia na EdgePoint

Infrastructure (Singapore). Ibinenta naman ng Globe ang 3,529 tower nito sa Frontier Tower Associates Philippines, isang subsidyaryo ng Amerikanong kumpanyang Pinnacle Towers. Ang partikular na pamumuhunan ng Pinnacle Towers sa Globe ay pinondohan naman ng Kohlberg Kravis Roberts & Co (KRR), isang malaking kumpanya sa pinansya (hedgefund) sa US.

Ang iba pang tower ng Globe ay binili ng PhilTower Consortium Inc na pinondohan ng Macquarie Capital ng Australia (1,359 tower) at ng Stonepeak (US) sa pamamagitan ng partner nitong Miescor Infrastructure Development Corp. (2,180 cell tower). Ang Miescor ay pag-aari ng Meralco, na nakapaloob sa MVP Group of Companies, kung saan nakapailalim din ang Smart Communications.

Mananatiling ang mga kumpanyang Globe at Smart ang gagamit sa naturang mga tower sa kaayusang lease back (pag-upa ng serbisyo) sa ngayon.

Malaking merkado para sa mga serbisyong telekomunikasyon

Itinuturing ng mga dayuhang kumpanya bilang “malaking merkado” ang Pilipinas para sa mga serbisyong telekomunikasyon. Liban sa nabili nilang mga tower, pahihintulutan din ang mga ito na magtayo ng karagdagang mga tower, laluna para sa serbisyong 5G. Noong nakaraang taon, itinakda ng DICT ang pagtatayo ng 50,000 bagong mga tower. Inaasahan din ng mga ito na sa lubusang pagbubukas ng sektor, maaari nang

pumasok at mag-opereyt sa bansa ang malalaking dayuhang kumpanya sa telekomunikasyon, lagpas sa “pasibong” pagmamay-ari ng mga ito ng mga cell tower.

Matagal nang itinutulak ng mga dayuhang organisasyon sa komersyo na iliberalisa ang sektor para kunwa’y “itaas ang kumpetisyon at magbigay ng mas mahusay na dekalidad na serbisyo sa mas mababang halaga.” Ang palsipikadong argumentong neoliberal na ito ay dati nang ginamit para sa liberalisasyon ng iba pang pampublikong serbisyo, tulad ng kuryente at tubig. Napatunayan na itong hungkag sa mga sektor na ito.

Ang totoo, habol ng mga ito ang pagkontrol sa malaking merkado para sa serbisyon telekomunikasyon sa Pilipinas, na sa ngayon ay may milyun-milyon nang subscriber. Liban sa serbisyon text at call, malaki ang kita ng mga kumpanya sa telekomunikasyon sa mga serbisyon internet, electronic banking at iba pang serbisyon digital.

Pagbayarin ang China sa pinsala nito sa West PH Sea, giit ng mga mangingisda kay Marcos

Enero 3, 2023

Iginiit ngayong araw ng mga mangingisdang kasapi ng Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya ng Pilipinas (Pamalakaya) na dapat pagbayarin ang bansang China sa napakalaking pagpinsala nito sa West Philippine

Sea sa halip na dumulog na naman ng karagdagang mga pautang. Anila, dapat dalhin ang usaping ito ni Ferdinand Marcos Jr sa kanyang pagbisita sa China mula Enero 4 hanggang 6.

Ayon kay Ka Fernando Hicap, pambansang tagapangulo ng grupo, “Hindi dapat palampasin ni Marcos Jr. ang kanyang pagbisita sa China para igiit at itaguyod ang ating karapatan sa West Philippine Sea.” Hinamon niya si Marcos Jr na “harapang ipatigil kay Chinese President Xi Jinping ang intimidasyon na idinudulot ng presensya ng mga milisyang Chinese at malalaking barkong pangisda nito sa mga Pilipinong mangingisda.”

Noong Hulyo 2021, iniulat ng Pamalakaya na naapektuhan ng pandarambong at pagwasak ng China sa rekursong dagat at kalikasan sa West Philippine Sea ang kabuhayan ng hindi bababa sa 600,000 mangingisdang Pilipino. Liban dito, direktang apektado rin ang mga mangingisda ng pananakot at panggigipit ng mga barkong pangisda mula China at mismong armadong pwersa ng gubyerno nito.

Kabilang dito ang insidente noong Hunyo 2019 kung saan sinagasaan ng isang sasakyang pandagat ng China ang F/B Gem-Ver1, isang sasakyang pandagat na Pilipino, na naglululan ng 22 mangingisdang Pilipino sa Recto Bank. Pinabayaan ng China ang mga Pilipinong magpalutang-lutang sa dagat matapos ang insidente. Malamya at walang tikas ang naging

aksyon ng gubyernong Duterte kaugnay ng insidente.

Samantala, batay sa pag-aaral ng mga marine scientist ng University of the Philippines, responsable ang China sa pagkasira ng 550 ektarya ng bahura (coral reefs) sa Panatag Shoal (Scarborough Shoal), at 1,300 ektarya sa Kalayaan Group of Islands dahil sa malawakang reklamasyon at iba pang mapanirang porma ng pangingsda nito. Nagkakahalaga ang nasirang mga bahura ng ₱33.1 bilyon kada taon, na kung susumahin mula nang okupahin ng China ang Panatag Shoal noong 2012 hanggang sa kasalukuyan ay aabot sa ₱331 bilyon.

Sa darating na Hulyo 12, 2023 ay mamarkahan ng Pilipinas ang ika-7 taon ng pagkatig ng Permanent Court of Arbitration (PCA) sa karapatan ng Pilipinas laban sa China sa West Philippine Sea.

Dayuhang pangungutang

Ayon din kay Hicap, “hindi dapat isaisantabi ni Marcos Jr ang mahalagang usaping ito para lamang makakuha ng dayuhang puhunan at pautang mula sa China.” Aniya, naniniwala ang mga mangingsda na mas malaki ang magiging pakinabang ng Pilipinas kung mapagbabayad ang China sa pinsalang ginawa nito sa karagatan ng bansa, kumpara sa ipagkakaloob nitong dayuhang pautang at puhunan sa bansa.

Ayon sa Department of Foreign Affairs, inaasahang magkakaroon ng 10 hanggang 14 na kasunduan ang gubyerno ng China at Pilipinas sa

mga usaping may kaugnayan sa “palitan at pamumuhunan, agrikultura, renewable energy, imprastruktura, kooperasyon sa pagpapaunlad, ugnayan ng mamamayan at seguridad pandagat.”

Kabilang sa mga ito ang mga proyektong imprastruktura na utangin sa China tulad ng irigasyong pinatatakbo ng enerhiyang solar, ang naunsiyaming bilyong pisong Philippine National Railway Bicol Project at ₱83-bilyong Mindanao Railway Project. Ang mga ito ay mga proyektong ipinagmayabang ng noo’y presidente na si Rodrigo Duterte nang maupo siya sa poder noong 2016.

Ayon sa ulat, kasa-kasama ni Marcos Jr ang hindi bababa sa 80 malalaking negosyante sa pagpunta sa China. Lalahok din sa pagpupulong ang kanyang mga neoliberal na ekonomista. Kasama din niya si Gloria Macapagal Arroyo, reyna ng NBN-ZTE deal scandal.

Ramon Ang, nagtala ng pinakamalaking dagdag-yaman noong 2022

Enero 3, 2023

Tumalon mula ika-10 pwesto tungong ikatlo sa listahan ng pinakamalaking bilyunaryo sa Pilipinas si Ramon Ang dahil sa pagtaas ng kanyang yaman nang 17% (\$2.7 bilyon). Si Ang ang pinuno ng San Miguel Corporation, Petron Corp at iba pang kumpanya. Tumaas din ang yaman ni Lucio Tan nang 15% at ni Lance Gokongwei nang 30%.

Pinakamayaman pa rin sa lahat ng bilyunaryo sa Pilipinas si Manny Villar pagsapit ng katapusan ng 2022. Ito ay sa kabila ng bahagyang 2.6% na pagliit ng kanyang yaman tungong \$7.3 bilyon. Bumababa din nang 4.5% ang nakaulat na yaman ni Enrique Razon Jr, pangalawa sa listahan ng pinakamayaman sa bansa.

Nagtala rin ng katulad na pagliit ng kanilang kayamanan ang iba pang bilyunaryo sa Pilipinas. Kasama dito si Henry Sy Jr (bumaba nang 24%), Andrew Tan (3.7%), Hans Sy (7.7%), Herbert Sy (7.7%), Harley Sy (8.3%), Tessie Sy-Coson (4.3%), Elizabeth Sy (5%) at Tony Tan Caktiong (52%).

Lahat sila'y bahagi ng talaang Real Time Billionaire List ng Forbes.com at kabilang sa mahigit lamang sa 2,700 bilyunaryo (sa halagang dolyar) sa buong mundo na nagmamay-ari sa mahigit 60% ng pandaigdigang yaman.

Nalaglag sa listahan ng mga bilyunaryo sina Richard Po, Iñigo Zobel at Roberto Ongpin dahil sa bumaba ang halaga ng kanilang mga ari-arian sa \$1 bilyon.

Kalakhan sa kanila ay maituturing na kroni ng mga nasa poder. Si Villar ay tahasang myembro ng dinastiyang pulitikal na mayroong apat na myembrong nakaupo ngayon sa gubyrno.

Ayon sa Ibon Foundation, kung bubuwisan lamang sila at iba pang bilyunaryong Pilipino, maaaring makalikom ang gubyrno nang hanggang ₱469 bilyon sa isang taon. Mas mataas ito kumpara sa ₱193.7 bilyong nalikom mula sa ipinataw na buwis

sa mga produktong petrolyo na binalikat pangunahin ng mahihirap.

Ayon sa grupo, lagpas-lagpas ang malilikom nito sa kailangang pondo para pasikarin ang lokal na produksyon at bigyan ng sustantibong subsidyo ang naghihikahos na sektor sa bansa.

Listahan noong Enero 2, 2023

Manuel Villar \$7.4 bilyon (real estate)

Enrique Razon \$6.3 bilyon (ports)

Ramon Ang \$2.7 bilyon (diversified)

Andrew Tan \$2.6 bilyon (diversified)

Henry Sy Jr \$2.5 bilyon (diversified)

Hans Sy \$2.4 bilyon (diversified)

Herbert Sy \$2.4 bilyon (diversified)

Lucio Tan \$2.3 bilyon (diversified)

Harley Sy \$2.2 bilyon (diversified)

Teresita Sy-Cosin \$2.2 bilyon (diversified)

Elizabeth Sy \$1.9 bilyon (diversified)

Lance Gokongwei \$1.3 bilyon (diversified)

Tony Tan Caktiong \$1.2 bilyon (food)

Cha-cha, iraratsada sa Kongreso ngayong taon

Enero 4, 2023

Desidido ang mga kongresistang pasimuno ng charter change (cha-cha) o pagbabago sa konstitusyong na iratsada ang mga pagdinig kaugnay dito simula ngayong Enero. Ayon sa pangulo ng komite sa mga pag-amyenda sa konstitusyong sa Mababang Kapulungan, maglulunsad sila ng mga “marathon hearing” (tuluy-tuloy na mga pagdinig) para “pabilisin” ang pag-apruba sa walong panukala at resolusyon na pawang naglalayong amyendahan ang konstitusyong 1987.

Noon pang Disyembre sinabi ng pinuno ng naturang komite na si Rep. Rufus Rodriguez (Cagayan de Oro, 2nd District) na “kaagad” na sisimulan ang mga pagdinig sa Enero 26, at kada dalawang linggo pagkatapos nito.

Kabilang sa nais i-amyenda ang pagtanggap sa pagbabawal sa nakaupong presidente at bise presidente na muling tumakbo para sa parehong pusisyon, 5-taong panunungkulan ng bawat isa at 5-taong panunungkulan din para sa mga kongresista imbes sa kasalukuyang 3-taong termino. Ibig sabihin, maaari nang umupo nang tuluy-tuloy na 10 taon ang lahat ng mga halal na upisyal ng gubyrerno, mula presidente hanggang konsehal ng bayan.

Binatikos ito ng Koalisyong Makabayan sa Kongreso na noo’y nagsabing: “Wala pa ngang anim na buwan sa panunungkulan ni Marcos Jr bilang presidente, pero humahakbang na ang naghaharing koalisyong para panatilihin ang kanilang mga sarili lampas sa pinahihintulutan ng Konstitusyong at tanggalin ang nalalabing

konstitusyunal na proteksyon para ipagtanggol ang ekonomya at patrimonya para sa mga Pilipino.” Nanawagan ang mga kongresista ng Makabayan sa mamamayan na muling ibasura ang mga tangkang pagbabago sa konstitusyon sa isang pahayag noong Disyembre 14, 2022.

Liban sa term extension, muling ilulusot ng mga mambabatas ang todong pagbubukas sa nalalabing mga sektor sa lokal na ekonomya na protektado para sa mga negosyong Pilipino. Tulad sa nakaraan, idinadahilan pa rin nila na makapagdadala ito ng bagong dayuhang puhunan sa bansa sa kabila nang paulit-ulit nang napabubulaanan ang sinasabing “benepisyo” nito sa lokal na ekonomya.

Isa pang panukala ang naghapag ng paglulunsad ng Constitutional Convention o con-con sa Disyembre nitong taon. Itinutulak ng mga pasimuno nito na isabay sa eleksyon para sa barangay at Sanggunian Kabataan sa Oktubre ang eleksyon ng magiging delegado (1 kada distritong kongresyunal) ng “con-con.” Anila, maaaring hindi na diumano sila “paniniwalaan ng mga tao” kung hindi ito maisasagawa nang mabilis (fast-track) sa loob ng taon.

Hindi naisama ang cha-cha sa mga iniratsadang panukala noong Disyembre 2022 katulad ng mga panukalang nagbuo ng Maharlika Investment Fund at para sa MROTC, dahil sa mahigpit na pagtutol dito ng mga kongresista ng Makabayan. Anila, hindi kailangan ng mamamayan ang cha-cha. Ang kailangan nila ay tulong para maibsan

ang hirap na dala ng nagtataasang presyo ng langis, pagkain, transportasyon at iba pa.

Kada bagong Kongreso mula 1997, palagian nang tinatangka ng mga nakaupo sa poder at kanilang mga alipures dito ang pag-amyenda sa Konstitusyon para sa kanilang sariling interes ng pagpapalawig ng pag-upo sa pwesto at pagbubukas ng lokal na ekonomya ayon sa dikta ng kanilang mga imperyalistang amo. Hanggang sa ngayon, nagawang biguin ng mamamayan ang mga pagtatangkang ito.

—

Mga panukala at mayor na amyendang nakasalang sa Kongreso:

HB No. 4421 - Prescribing the order of presidential succession Resolution of Both Houses (RBH) 1 - Proposing amendments to Section 7, Article VI on Legislative Department; Section 4, Article VII on Executive Department; and Section 8, Article X on Local Government of the 1987 Constitution of the Republic of the Philippines
RBH 2 - Proposing amendments to certain economic provisions of the 1987 Constitution of the Republic of the Philippines, particularly on Articles XII, XIV, and XVI
RBH 3 - Proposing amendments to the 1987 Constitution, particularly Section 9, Article VIII
RBH 4 - Proposing amendments to certain restrictive economic provisions in the 1987 Constitution of the Republic of the Philippines, specifically on Articles XI, XIV, and XVI thereof
RBH 5 - Proposing amendments to certain provisions in the 1987 Constitution of

the Republic of the Philippines, specifically on Article VII thereof House Joint Resolution 12 - Calling for a constitutional convention to propose amendments to, or revision of, the 1987 Constitution of the Republic of the Philippines

Pag-atake sa mga mamamahayag sa buong mundo, tumindi sa nagdaang taon

Enero 4, 2023

Walang-kapantay ang naitalang mga paglabag sa karapatan ng mga mamamahayag sa nagdaang 2022. Ayon sa pag-aaral ng Reporters Without Borders (RSF) mula Enero 1, 2022 hanggang Disyembre 1, 2022, hindi bababa sa 704 ang mga mamamahayag na pinaslang, ikinulong, hinostage at nawawala.

Nasa 57 ang bilang ng mga pinaslang na mamamahayag at manggagawa sa midya. Kabilang dito ang 13 na pinatay dahil sa pag-uulat kaugnay ng mga krimen ng mga sindikato, at 12 dahil sa pagsisiwalat ng korapsyon. "(A)pat na mamamahayag ang nag-uulat kaugnay ng deforestation at pang-aagaw ng lupa ng malalaking negosyong korporasyon ang pinatay sa nagdaang taon," dagdag ng RSF.

Sa nagdaang dalawang dekada, naitala na ng RSF ang hindi bababa sa 1,668 na pagpatay sa mga mamamahayag o abereyds na 80 kada taon.

Sa Pilipinas, pinakahuling mga biktima ng pagpatay sa mga mamamahayag ang kaso ng mga

beteranong mamamahayag na sina Renato Blanco at Percival “Percy Lapid” Mabasa ng mga hindi pa nahuhuling mga salarin. Si Percy Lapid ay kilala sa kanyang mga komentaryong kritikal sa abusadong mga upisyal ng gubyrerno.

Samantala, tinatayang 533 ang bilang ng mamamahayag na ikinulong noong 2022 dahil sa paggampan sa kanilang trabaho, 13.4% mas malaki kumpara sa naitala ng RSF sa parehong panahon noong 2021.

Nakita rin sa pag-aaral na patuloy na lumalaki ang bilang ng mga kababaihang mamamahayag na ikinukulong ng kani-kanilang mga gubyrerno. Nasa 14.6% ng mga ikinulong ay babae, mas mataas kumpara sa 12.8% noong 2020 at 13% noong 2021. Ayon sa RSF, ipinakikita ng pagtaas na ito kapwa ang lumalaking proporsyon ng kababaihan sa pamamahayag at kinukumpirma na maging sila ay hindi ligtas sa panunupil na kinahaharap ng mga kasama nila sa propesyon.

Kabilang sa mga ikinulong si Frenchie Mae Cumpio, mamamahayag ng alternatibong pahayagang Eastern Vista, na inaresto ng gubyrerno ng Pilipinas noong Pebrero 7, 2020 sa Tacloban City. Si Cumpio ay masugid na nag-uulat sa kalagayan ng aping mga sektor ng lipunan. Kinasuhan siya ng illegal possession of explosives and firearms.

Isa rin dito ang kaso ni Lady Ann Salem, patnugot ng Manila Today, na inaresto noong Disyembre 10, 2020. Nakalaya lamang siya nang ibasura ang mga kasong illegal possession of firearms and

explosives na isinampa laban sa kanya at kasama niyang organisador ng unyon, tatlong buwan matapos sila ikinulong.

Dagdag buwis sa tubig dulot ng pribatisasyon sa Bacolod, pinatatanggal

Enero 6, 2023

Sumugod at nagprotesta ang mga grupong AMLIG-Tubig at Bagong Alyansang Makabayan (Bayan)-Negros sa Bacolod Government Center noong Enero 4 ng umaga para igiit kay Bacolod City Mayor Albee Benitez na tanggalin ang 12% Value-added tax sa yutilidad na tubig na siningil matapos ang pribatisasyon ng Bacolod City Water District (Baciwa).

Ang Baciwa ay pumasok sa isang Joint Venture Agreement (JVA) o kasunduan sa PrimeWater na pag-aari ng pamilyang Villar noong Nobyembre 2020. Ito ang naging dahilan ng paniningil ng dagdag buwis sa mga konsyumer, ayon sa grupong Bayan-Negros.

Ayon sa Bayan-Negros, lugmok na nga ang mga pamilya sa mataas na presyo ng pagkain, petrolyo at ibang batayang bilihin kaya lalong pahirap sa kanila ang 12% VAT sa bayarin sa tubig. Panawagan nila, dapat itong kagyat na tanggalin ng lokal na gubyrno.

Ang kasunduan sa pagitan ng Baciwa at PrimeWater ay tatagal nang 25 taon.

“Hindi makatarungan na gumagastos nang malaki ang mga pamilya para sa tubig, na isang mahalaga at batayang karapatang-tao,” pagdidiin ng grupo. Sa isang resolusyon ng Sangguinang Panglungsod, kinikilala nitong isang Government Owned and Controlled Corporation (GOCC) ang Baciwa na hindi dapat sinisingil ng dagdag buwis.

“Kaya naman, ang pagpapataw ng VAT ay pag-amin ng Baciwa na isinapribado ito sa ilalim ng JVA,” dagdag ng grupo. Muling iginiit ng grupo ang kanilang pagtutol sa JVA at pribatisasyon ng Baciwa na wala namang nagawa para paunlarin ang serbisyo sa tubig sa syudad.

Iniulat pa nga nitong nakaraan ng maraming konsyumer ang “lumulubhang serbisyo at tumataas na bayarin sa tubig.”

Ayon kay Berlita Ante ng grupo ng maralita na Kadamay-Negros, “dapat gumawa ang hakbang ang lokal na gubyrno para tanggalin ang buwis para pagaanin ang kahirapang dinaranas namin.”

Dumalo sa protesta ang kinatawan ng Bacolod City Water District Employees Union at Social Action Center para maghatid ng pakikiisa.

Dagdag dito, hindi pa ipinababalik sa trabaho ang 59 na iligal na tinanggal na empleyado ng Baciwa sa kabila ng atas ng Civil Service Commission. Dapat din silang bayaran nang buong mula nang tanggalin sila hanggang sa aktwal na pagbabalik sa kanila sa trabaho.

Kaswalti sa 7-taong gerang agresyon ng Saudi Arabia sa Yemen, umaabot na sa 48,000

Enero 6, 2023

Pumapasok na sa ikawalong taon ang brutal na digmang agresyon ng Saudi Arabia sa mamamayan sa Yemen ngayong 2023. Ayon sa Eye for Humanity, isang organisasyong nakabase sa Yemen, umaabot na sa 17,734 indibidwal ang napatay at 30,000 ang nasugatan ng mga pwersa ng Saudi Arabia at mga kaalyado nito. Di bababa sa 4,017 sa mga napatay ay mga bata. Ayon pa ring sa grupo, winasak ng Saudi Arabia at mga kaalyado nito ang 14,300 mga bahay, 12 ospital, 64 na eskwelahan at 22 power station sa buong 7-taong agresyong militar nito.

Noong 2022 lamang, nasa 643 sibilyang Yemeni ang napatay sa naitalang 3,000 kaswalti ng agresyon. Sa kabila ito ng idineklarang tigil-putukan na tumagal nang anim na buwan. Kabilang sa mga napatay ang 102 mga bata at 27 kababaihan. Di bababa sa 353 bata at 97 kababaihan ang naitalang sugatan.

Kasabay ng malawakang pambobomba, ipinataw ng Saudi Arabia ang isa sa pinakanakamamatay na blokeyo sa Yemen. Dahil dito, mahigit 70% ng mamamayan sa bansa ay nangangailangan ng makataong ayuda, ayon sa International Committee of the Red Cross. Halos kalahati ng mga pasilidad sa bansa ay di gumagana. Mahigit 4.7 milyong kababaihan at bata ay walang sapat na nakakain at itinuturing na malnourished (o

kulang sa sustansya ang katawan). Mahigit 3.3 milyon sa mamamayan ang napalayas sa kanilang mga komunidad.

Sa Sanaa, isinisisi ng mamamayang Houti sa gera at blokeyo ang pagkamatay ng 16% ng lahat ng mga sanggol na premature (o ipinanganak bago ang ikasiyam na buwan) o 80 sanggol ang namamatay kada araw. Ito ay dahil sa kasalatan sa pasilidad at gamot na dulot ng blokeyo.

Sa isang hiwalay na ulat, sinabi ng UNICEF na umaabot sa 11 milyong bata ang direktang apektado ng gera at 2.2 milyon sa kanila ay “severely” o lubhang malnourished. Sangkapat sa mga batang ito ay nasa edad 5-pababa.

Ang agresyon ng Saudi Arabia mula 2015 ay suportado ng paniniktik, payong militar at iba pang lohistikal na suporta mula sa US. Kabilang sa suporta nito ang direktang pag-refuel (pagkarga ng gasolina), maintenance at pagkumpuni ng mga eroplanong pandigma na ginagamit sa pambobomba, gayundin ang mga bomba mismo. Noong Mayo 2022, naghain ang ilang kongresistang Amerikano para sa pag-atras ng suporta ng US sa armadong tunggalian sa Yemen dahil wala itong pahintulot mula sa kanilang kongreso.

Pagbabanta sa buhay ng biktima ng batas militar ni Marcos Sr, kinundena

Enero 6, 2023

Kinundena ng Movement Against Tyranny at Campaign Against the Return of the Marcoses and Martial Law (CARMMA) ang pagbabanta sa buhay ni Bonifacio Ilagan, isang kilalang mandudula at biktima ng batas militar ng rehimeng US-Marcos I. Nakatanggap ng pagbabanta sa kanyang buhay si Ilagan noong Enero 2 mula sa hinihinalang mga ahente ng estado.

Ayon sa salaysay ni Ilagan, tinawagan siya ng isang nagpakilalang “kumander” diumano ng isang yunit, gamit ang hindi kilalang numero. Sabi ng tumawag, inatasan umano ang kanyang yunit na ubusin ang mga “komunista” at pinatitigil si Ilagan sa kanyang mga aktibidad. Dagdag pa umano nito, “kilala kita at mayroon akong respeto sa iyo [Ilagan]” pero inaantay na lamang nila ang “pinal na atas mula sa nakataas.”

Matapos ang naturang insidente, kagyat na nagulat sa pulis si Ilagan para ipa-blotter ang tumawag. Nangangamba siya bagaman hindi sinabi ng tumawag na papatayin siya ng mga ito ngunit maliwanag ang mensaheng ipinarating sa kanya: “maaari siyang patayin.”

Si Ilagan ay biktima ng batas militar ng diktadurang US-Marcos I. Ipinailalim siya ng rehimeng Marcos sa matinding tortyur habang nakapiit sa mga kulungan nito.

Ayon sa CARRMA, ang pagbabanta kay Ka Boni ay “tulad ng (natanggap ng) maraming aktibistang nagsasalita laban sa panunumbalik ng mga Marcos sa kapangyarihan.”

Dagdag ng grupo, bilang co-convenor at tagapagsalita ng CARMMA, si Ka Boni ay nasa unahan ng pakikibaka laban sa mga demonyong kinakatawan ng mga Marcos. Nilalabanan niya ang pagbaluktot sa kasayan, at kawalang pananagutan ng mga Marcos sa kanilang napakalaking pandarambong sa pondo ng bayan, paliwanag ng grupo.

“Ang pinakabagong banta na ito laban kay Boni Ilagan ay isa na namang patunay ng...arogansya ng mga Marcos at kanilang kampon at kanilang kawalan ng pagsisisi sa kanilang mga krimen,” pahayag ng grupo.

Sa huli, pinagtibay ng CARMMA ang kanilang paglaban sa mga Marcos at kasamaan ng pamilya. Anila, “kung tingin [ng mga Marcos] na mapipigilan kami nito sa aming kampanya, nagkakamali sila. Itataguyod at ipagtatanggol namin ang karapatan ni Ka Boni, at hinding-hindi kami magmamaliw sa pakikibaka para sa katotohanan at pananagutan, sa harap ng mga pagbabanta at pagsubok.”

Ika-90 kaarawan ni Ka Bel, ginunita

Enero 8, 2023

Nagsama-sama kahapon ang iba't ibang organisasyon, asosasyon at unyon sa paggawa at mga institusyon para gunitain ang ika-90 kaarawan ng yumaong lider-manggagawang si Crispin Beltran na mas kilalang si Ka Bel. Nagtipon sila sa Commission on Human Rights sa Quezon City para sa isang programa.

Naging sentro ng pagtitipon ang legasiya ni Ka Bel at ang pinaigting na panawagan ng mga mangggagawa: Isulong ang laban para sa nakabubuhay na sahod at disenteng trabaho!

Naging organisador ng unyon si Ka Bel mula kanyang kabataan. Naging kampeon siya ng mga magsasaka at maralitang tagalunsod at nakibaka kasama nila. Namatay siya noong Mayo 20, 2008 habang kinukumpuni ang kanilang bahay sa Bulacan.

Naging susi siya sa pagtatayo ng Federation of Unions in Rizal at ng Philippine Nationalist Labor Organization (PANALO) na malao'y natransporma sa Alliance of Nationalist Genuine Labor Organizations (ANGLO). Ang mga ito ay kabilang sa paghahanda sa pagtatayo noong 1980 ng sentro ng tuay, palaban, anti-imperyalista at militanteng kilusang paggawa sa Pilipinas—ang Kilusang Mayo Uno (KMU).

Si Ka Bel ang nagsilbing unang pangkalahatang kalihim ng KMU katuwang ng unang tagapangulo nitong si Ka Bert Olalia. Noong dekada 1980, mabilis na lumawak ang saklaw ng KMU mula 100,000 tungong kalahating milyong manggagawa. Tatlong ulit siyang nahalal bilang kongresista bilang kinatawan ng grupong Bayan Muna at Anakpawis sa kongreso.

Sa pagtitipon, nagbigay ng mga pahayag ang mga lider-manggagawa mula sa iba't ibang organisasyon. Binigyang diin nila ang kampanya para sa nakabubuhay na sahod, at ang pagsuporta sa High Level Tripartite Mission ng International

Labor Organization ngayong buwan. Isa itong plataporma para isulong ang karapatan mag-ayon at suriin ang mga ulat ng manggagawa hinggil sa paglabag sa kanilang karapatang mag-organisa.

Matitinding pagbaha sa Palawan, isinisi sa pagmimina

Enero 8, 2023

Lubog sa baha ang bayan ng Brooke's Point sa Palawan nitong linggo sa walang awat na pag-ulan mula simula ng taon dulot ng "shear line" o pagdudutong ng magkaibang direksyon ng hangin, kakumbina ang mga pag-ulan at low-pressure area. Noong Huwebes, 3,841 pamilya o 18,082 mga residente na ang napilitang magbakwit patungo sa mas mataas na lugar.

Ayon sa mga residente, ngayon lamang sila nakaranas ng ganito katinding pagbaha. Bigla na lamang tumaas ang antas ng tubig sa ilog ng Tigaplan, anila. Ayon sa mga opisyal, noon pang 1975 huling nakaranas ng ganitong pagbaha sa lugar.

Lubos na isinisi ng residenteng si Mary Jean Feliciano ang matitinding pagbaha sa mapangwasak na pagmimina sa lugar. Mula pa Disyembre 28,2022 nakapailalim na ang bayan sa state of calamity dulot ng pagtaas ng ilog.

"Sino ang nanganganib ang buhay at kabuhayan sa mga delubyong dulot ng pagkasira ng kalikasan, mga magsasakang mahihirap, mga

katutubo o mga mayayamang negosyante?”
himitok niya sa isang post sa social media. “Sinu-
sino ang kumikita ng limpak-limpak na salapi pag
minimina ang isang lugar, may-ari ng minahan ba
o mga trabahador nito? Sino ang naalikabukan,
sino ang naapekuktuhan ang kalusugan sa
paglanghap ng hanging me laterite, sino ang
malulunod sa baha sa flashfloods dahil sa patuloy
na pagbawas ng mga puno sa kabundukan?”

Aniya, hindi sapat ang ilang kilong bigas, nudels
at sardinas na buong-pagmamalaking
ipinamumudmod ng mga namumutol ng mga puno
at gumigiba ng kabundukan. “Dapat ba silang
pasalamatan sa mga groceries na ito kapalit ng
bilyong bilyong halaga na mula sa ating likas
yaman?” bwelta ng upisyal.

Liban sa Palawan, lubog din sa baha ang
maraming bayan ng Oriental Mindoro, Albay,
Sorsogon at Camarines Sur.

Kasabay naman sa Palawan, ipinailalim din sa
state of calamity 22 syudad at munisipalidad sa
Samar at Zamboanga del Norte noong nakaraang
taon dulot ng matitinding pagbaha.

Inutil na presidente

Sa harap ng mga pagbahang ito, kinundena ng
grupong Kalikasan People’s Network ang
kawalang-aksyon ng rehimeng Marcos.

“Bukambibig niya ang pagiging proactive sa
climate change, pero maraming Pilipino sa iba’t
ibang bahagi ng bansa ang patuloy na
nawawawalan ng kabuhayan at buhay dulot ng

masamang epekto nito,” ayon sa grupo. Mas malala, anito, pinaprayoritisa pa rin ni Marcos ang exploration para sa langis at gas, kaalinsabay sa mga mapangwasak na proyektong nagpapalala sa mga epekto ng climate change tulad ng pagmimina.

“Narito ang climate crisis, pero business-as-usual pa rin ang asta ni Marcos Jr sa patuloy na pamumuhunan sa fossil fuels at mapangwasak na mga proyekto,” dagdag ng grupo.

Mga taong simbahan, nanawagan na tigilan ang panggigipit sa mga tagapagtanggol ng karapatang-tao

Enero 8, 2023

Inilunsad kaninang umaga ng mga taong-simbahan at relihiyoso ang isang piket sa Aurora Boulevard sa Quezon City bilang suporta sa 10 tagapagtanggol ng karapatang-tao na nahaharap sa kasong perjury na isinampa ni dating National Security adviser Gen. Hermogenes Esperon noong 2019. Nagtirik sila ng kandila at nagkalembang ng mga kampanilya sa pagkilos. Bago ang piket, nagkaisa muna sila sa isang misa.

Inilunsad ang pagkilos bilang paghahanda sa takdang paglabas ng desisyon ng lokal na korte kaugnay ng naturang kaso.

Ang 10 sinampahan ng kaso ay sina: Cristina Palabay, Elisa Lubi, Roneo Clamor, Edita Burgos, Reylan Vergara, Rev. Wilfredo Ruazol, Kiri Dalena at Jose Mari Callueng, pawang mga kasapi ng

konseho ng Karapatan; mga upisyal ng Gabriela na sina Gertrudes Libang at Joan May Salvador; Rural Missionaries of the Philippines (RMP) National Coordinator Sr. Elenita Belardo; at RMP Northern Mindanao Region Coordinator Sr. Emma Cupin.

Sinampahan sila ng gawa-gawang kaso ni Gen. Esperon matapos ang kanilang matapang na pagtindig laban sa panggigipit ng National Task Force-Elcac kung saan bahagi si Esperon.

Ipinabatid ng network na “One Faith. One Nation. One Voice.” ang suporta sa 10 tagapagtanggol ng karapatang-tao at pagtataguyod sa “karapatang sibil at pagpigil sa red-tagging, panghahas, at iba pang abuso at paglabag laban sa mga tagapagtaguyod ng karapatang-tao.”

Anito, ang pagpapahintulot ng estado sa wala sa katwiran at malupit na pagpuntirya sa kanila ay hindi lamang pagsasapanganib sa kanilang mga karapatan at kalayaan kundi nagpapatindi rin ng bulnerabilidad ng bawat isang tagapagtaguyod ng karapatang-tao.

“Nananawagan kami sa mananampalatayang Kristyano na samahan kaming ipanalangin [ang mga nasasakdal]. Nawa’y mangibabaw ang makatarungang hatol,” ayon sa kanilang pahayag na pinirmahan nina Most. Rev. Broderick S. Pabillo, D.D. Apostolic Vicar of Taytay, Palawan; Most Rev. Gerardo Alminaza, D.D., Bishop, Diocese of San Carlos, Roman Catholic Church; Ms. Minnie Ann Mata-Calub, Acting General Secretary, National Council of Churches in the

Philippines; Most Rev. Rhee M. Timbang, Obispo Maximo, Iglesia Filipina Independiente; Bp. Emergencio Padillo, Bishop, United Church of Christ in the Philippines (UCCP); Sr. Rowena Piñeda, MMS, Chairperson, Sisters Association of Mindanao (SAMIN); Sr. Ma. Lisa Ruedas, DC, Daughters of Charity, Justice Peace and Integrity of Creation; at Rev. Dr. Federico Villanueva, Faith and Bayan.

Noong Enero 1 ay sinimulan din ng mga relihiyosong grupo ang siyam na araw ng panalangin para suportahan ang mga isinakdal.

Nauna nang ipinabatid ng hindi bababa sa 64 na organisasyon ang sumusuporta sa sampung nakasakdal. Sa inilabas na pahayag ng naturang mga organisasyon noong Disyembre 2022, idiniin ng mga ito na dapat ihinto ni President Marcos Jr ang lahat ng pagbabanta at atake laban sa mga tagapagtanggol ng karapatang-tao. Nagpahayag sila ng pagkakaisa na isulong ang pangangalaga sa mga karapatan, kabilang ang karapatan sa buhay, tamang proseso, kalayaan sa pagpapahayag, at kalayaan sa mapayapang pagtitipon.

Pagdukot sa dalawang buntis na Pulang mandirigma, kinundena ng grupong kababaihan

Enero 9, 2023

Nagpahayag ng lubhang pagkabahala ang grupo ng kababaihan na Gabriela sa pagdukot ng mga sundalo ng 402nd IBde sa dalawang buntis na

mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB). Ayon sa ulat, dinukot sila sa haywey ng Barangay Libertad, Butuan City noong Nobyembre 3, 2022. Hindi pa sila inililitaw hanggang sa kasalukuyan.

Kinilala ang dalawa bilang sina Aurily Havana (Ka Laiza), 23 taong gulang, at residente ng Barangay Lydia, La Paz, Agusan del Sur; at si Jennifer Binungkasan (Ka Laile), 19 taong gulang, mula sa Sityo Bulak, Barangay Lower Olave, Buenavista, Agusan del Norte.

Ayon sa pahayag ng grupo, “nakapanghihilakbot na nag-umpisa ang 2023 sa malulubhang kaso ng paglabag sa karapatan ng kababaihan.” Iginiit nila sa administrasyong Marcos Jr na itaguyod ang mga prinsipyo at patakaran ng International Humanitarian Law.

Gayundin, binigyang diin nila na malulutas lamang ang armadong tunggalian sa pagitan ng gubyerno at pwersa ng BHB kung kikilalanin ng gubyerno ng Pilipinas ang mga ugat ng armadong tunggalian at ipatutupad ang mga repormang sosyo-ekonomiko at pampulitika tulad ng repormang agraryo, pambansang industrisyalisasyon at pagrespeto sa karapatang-tao.

Itinulak rin ng Gabriela ang Commission on Human Rights na kagyat imbestigahan ang insidenteng ito at gumawa ng mga hakbang para hanapin at ilitaw ang dalawang buntis.

“Obligasyon ito ng gubyerno ng Pilipinas sang-ayon sa International Humanitarian Law na dapat

ay protektahan ang karapatan ng mga sugatan, buntis at walang kakayahang lumaban na mga kombatant laban sa karahasan,” ayon pa sa grupo.

Samantala, nabawi na ng pamilyang Rebita si Baby Rhea, ang 3-buwang sanggol na ginawang hostage ng 402nd IBde para pasukuin ang kanyang mga magulang na parehong Pulang mandirigma. Noong Disyembre 29, 2022, ala-5 ng hapon, unang nasilayan ng lola si Baby Rhea matapos ihatid ang sanggol ng isang hindi nagpakilalang babaeng ahente ng militar. Dalawang araw bago nito, inilabas sa social media ang nakabidyong apela ng kanyang magulang na ilitaw siya.

Ipinanganak si Baby Rhea noong Oktubre 12, 2022 habang iligal na nakabimbin ang kanyang inang si Cherilyn (Ka Jan, isang Pulang mandirigma). Si Ka Jan ay iligal na hinawakan ng militar sa loob ng 69 araw sa isang “safehouse” ng militar sa Nasipit, Agusan del Norte. “Pinalaya” siya noong Nobyembre 3, 2022 sa kundisyong pasusukuin niya ang kanyang asawang si Ka Logan. Sapilitang kinuha sa kanya si Baby Rhea na noo’y ilang linggo pa lamang.

Selebrasyon ng ika-54 anibersaryo ng Partido sa Masbate

Enero 10, 2023

Hindi nakahadlang Ang nagpapatuloy na mga operasyong militar sa pagdiriwang ng masang Masbatenyos sa ika-54 anibersaryo ng Partido. Nakapagdaos ang mga larangang gerilya sa

prubinsya ng kabuuhan pitong bats ng maliitan at lihim na mga pagtitipon na dinaluhan ng humigit-kumulang 400 katao.

Naging bahagi ng bawat programa ang pagpaparangal sa dakilang lider ng rebolusyong Pilipino na si Kasamang Jose Maria Sison. Bawat pagtitipon ay nagsagawa ng 21 gun salute bilang pagsaludo at binasa rin ang pahayag parangal ng Jose Rapsing Command. Inalala rin ang iba pang lider at kasapi ng Partido, mga Pulang kumander at mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan na nag-alay ng buhay para sa sambayanan.

Ang mga matatagumpay na pagtitipong lihim ay produkto ng mga pagsisikap ng Hukbo at masa na makabangon mula sa walang kaparis na atakeng militar. Sa kasagsagan ng napakatinding mga operasyong pokus at RCSP, halos hindi nakapagdaos ang mga yunit ng kani-kanilang mga selebrasyon. Nagsilbi ang mga pagtitipon bilang konsolidasyon at pulong masa. Sa ibang mga yunit, naisabay sa programa ang pamamahagi ng mga materyales sa propaganda. (Ulat Koresponsal mula Masbate)

10 tagapagtanggol ng karapatang-tao, ipinawalang-sala sa kasong perjury

Enero 11, 2023

Sinalubong ng palapakan ng ilampung tagasuportang nagpiket sa harap ng Quezon City Hall of Justice noong Enero 9 ang sampung tagapagtanggol ng karapatang-tao matapos silang ipawalang-sala ng lokal na korte sa kasong

perjury. Isinampa ang kaso noong 2019 ni dating National Security Adviser Hermogenes Esperon, dating opisyal ng National Task Force-Elcac.

Ayon sa mga demorkatikong grupo, krusyal ang desisyong ito ng korte lalupa sa ilalim ng bagong administrasyong Marcos sa harap ng nagpapatuloy na panggigipit sa mga tagapagtanggol ng karapatang-tao.

Ipinawalang-sala ni Judge Aimee Marie B. Alcera ng Quezon City Metropolitan Court Branch 139 sa kasong perjury ang 10 na mula sa mga grupong Karapatan, Rural Missionaries of the Philippines, at Gabriela. Ang kasong perjury ay pumapatungkol sa pagsisinungaling o pagsasabi ng hindi totoo sa isang sinumpaang salaysay.

Tinawag ng grupong Karapatan ang desisyon bilang tagumpay sa “katotohanan at hustisya laban sa kasiungalingan at kaaway ng mamamayan.” Ang kasong isinampa sa kanila ay ganting-sakalay sa paglaban ng mga demokratikong grupo sa panggigipit at paninindak ng NTF-Elcac at walang-tigil sa pagbabansag sa kanila na mga “komunista.”

Nagpasalamat ang 10 sa kapwa nilang mga tagapagtanggol ng karapatang-tao, kapamilya at kaibigan na sumuporta sa kanila.

“Patuloy kaming maghahanap ng mga paraan sa lokal at internasyunal na larangan...para papanagutin ang mga sangkot sa panggigipit na ito,” ayon sa Karapatan.

Dagdag pa ng grupo, magandang pagsalubong ito sa bagong taon ng pagtataguyod ng hustisya at pagtatanggol sa karapatang-tao. “Nananawagan kami sa publiko, internasyunal na komunidad, na makiisa sa amin sa patuloy na paglaban para sa hustisya at karapatan ng mamamayan,” pahayag nila.

Walang engkwentro: Magsasaka, sadyang pinatay ng 94th IB sa Himamaylan City

Enero 11, 2023

Wala pang dalawang linggo nang magsimula ang taon, muli na namang ipinamalas ng 94th IB ang bangis nito laban sa masang magsasaka. Pinaslang ng mga sundalo ng 94th IB ang 49-anyos na magsasakang si Jose Gonzalez sa Purok Maliko-liko, Sityo Cunalom, Barangay Carabalan, Himamaylan City, Negros Occidental noong Enero 9.

Ang karumal-dumal na krimen ay pinalalabas ng 94th IB na isang lehitimong engkwentro. Paglilinaw ng BHB sa isla, walang naganap na armadong labanan sa lugar. Sa pahayag ni Ka Maoche Legislador, tagapagsalita ng Panrehiyong Kumand ng BHB Negros Island, kinundena niya ang ipinagkakalat na kasinungalingang ito na ginagamit ng AFP para bigyan-katwiran ang sadyang pagpatay sa isang sibilyan.

Ayon sa pahayag ng anak ng biktima, gabi ng Enero 8 nang dumating ang walong hindi kilalang lalaki sa kanilang bahay at dinukot ang kanilang

ama. Nagpanggap pa umano ang mga ito na mga kasapi ng hukbong bayan. Matapos nito, nakarinig umano sila ng mga putok ng baril sa pagitan ng alas-12 ng hatinggabi at alas-3 ng madaling araw ng Enero 9.

Kalaunan ay pinalabas ng lokal na pulis ng Himamaylan City na si Gonzalez ay kasapi ng BHB na napatay sa isang engkwentro.

“Ang paggamit sa pangalan ng BHB para linlangin ang taumbayan at siraan ang prestihiyo nito, pagdedeklara ng pekeng mga engkwentro at pagbabansag sa inosenteng magsasaka na mga mandirigma ng BHB ay lahat pakana ng mga pasistang sundalo,” pahayag ni Legislador.

Aniya, labis-labis na ang utang na dugo ng 94th IB sa mamamayan ng Himamaylan City at katabing mga bayan ng Binalbagan at Kabankalan City. Naitala sa mga lugar na ito ang hindi bababa sa 60 kaso ng paglabag sa karapatang-tao ng naturang yunit-militar sa nakaraang taon.

Sangkot rin ang mga tauhan ng 94th IB sa pagpaslang sa magkapatid na Jayson at Arnulfo Sabanal, parehong taga- Maliko-liko, noong March 26, 2022. Ang yunit din na ito ang pumatay kay NDF Consultant Ericson Acosta at organisador ng mga magsasakang si Joseph Jimenez noong November 30, 2022 sa Sityo Makilo, Barangay Camansi, Kabankalan City.

Tiniyak ni Legislador sa mamamayan ng Negros na gagawin nito ang lahat para parusahan ang

mga sangkot sa pasistang mga krimen laban sa taumbayan.

Samantala, ipinabatid naman ng Partido Komunista ng Pilipinas sa pahayag ni Marco Valbuena, upisyal sa impormasyon nito, ang suporta sa pamilyang Gonzalez sa kanilang kahingian para sa hustisya.

7,000 nars, nagwelga sa US

Enero 12, 2023

Ikinasa ng mga asosasyon ng nars sa New York, US ang kanilang welga noong Enero 9 para igiit ang pagtitiyak ng ligtas na patient-to-staff ratio, makatarungang sahod at pagpapanatili ng kanilang mga benepisyo.

Mahigit 7,000 nars mula sa dalawang malaking ospital sa ilalim ng New York State Nurses ang bumoto na magwelga, matapos tumanggi ang mga administrasyon ng kanilang mga ospital na itaas ang kanilang sahod at gawing makatao ang kundisyon sa kanilang pagtatrabaho.

Ayon sa ulat ng People's Dispatch, unang nakatakdang magwelga ang 16,000 nars sa syudad, pero sa huling minuto ay nagkandarapa ang mga maneydsment ng ilang ospital na magbuo ng kasunduan na pabor sa mga asosasyon.

Itinanggi ng mga nars ang akusasyon ng maneydsment na nagiging "pabaya" sila sa kanilang mga pasyente sa kanilang desisyong magwelga. Anila, kaligtasan ng kanilang mga

pasyente, gayundin ng mga nars, ang prayoridad nila kung kaya sila nagwewelga.

Pangunahing iginigiit ng mga nars ang pagkakaroon ng ligtas na nurse-to-staff ratio (o dami ng nars kada pasyente), na anila'y isinabatas noong 2021 sa kalagitnaan ng pandemyang Covid-19 bilag pagkilala na sa peligrong dala ng sobrang pagpapatrabaho sa mga nars, habang humahagupit ang pandemya. Anila, 2023 na pero bigo pa rin ang estado sa New York na ipatupad ito.

Kung napipilitan ang mga nars na mag-alaga ng napakaraming pasyente, nakokompromiso ang buhay ng isang pasyente, anila. Nakokompromiso rin ang kaligtasan ng mga nars mismo. Binweltahan nila ang maneydsment na nagmamatigas laban sa makatarungang hiling ng mga nars pero handang gumastos ng milyun-milyon para temporaryong mag-empleyo ng pampalit na mga nars habang nasa welga ang mga unyonisado. Binweltahan din nila ang paglalaan ng mga upisyal ng ospital ng puu-puong milyong dolyar bilang sweldo para sa kanilang mga sarili.

Kasunduang Pilipinas-China para sa eksplorasyon sa WPS, ibinasura

Enero 12, 2023

Idineklara ng Korte Suprema noong Enero 10 na labas sa konstitusyong 1987 ang Tripartite Agreement for the Joint Marine Seismic Undertaking (JMSU), isang kasunduang pinasok ng noo'y rehimeng Macapagal-Arroyo sa mga

kumpanya ng langis ng China at Vietnam. Isinampa ang kaso laban dito noong 2008 ng noo'y mga kinatawan ng Bayan Muna na sina Satur Ocampo at Teddy Casino. Nagsilbing mga abugado nito sina Atty. Neri Colmenares, dati ring kinatawan ng Bayan Muna, at Atty. Julius Matibag.

Ayon sa Korte Suprema, di rin konstitusyunal ang pagpayag sa mga kumpanyang buong-pagmamayari ng dayuhan na magtuklas ng rekurso ng bansa nang walang mga safeguard o paniyak sa interes ng bansa. Pinirmahan ang JMSU noong 2005 sa pagitan ng China National Offshore Oil Corporation, Vietnam Oil and Gas Corporation at Philippine National Oil Company ng Pilipinas. Sinaklaw nito ang 142,880 kilometro kwadrang dagat sa South China Sea na bahagi pa ng "exclusive economic zone" ng bansa.

Iginagalak ng Bayan Muna ang desisyon ng korte.

"Ang pagwawalang bisa ng Tripartite Agreement para sa JMSU...ay magsisilbing dagdag na proteksyon para pangalagaan ang ating teritoryo at mga rekurso," pahayag ni Atty. Colmenares. Ginamit lamang ng China ang JMSU para tukuyin ang mga lokasyon ng mayayamang rekursong marino sa erya na hindi nito ibinahagi sa Pilipinas, aniya.

Isinalaysay niya na sa nagdaang mga pagdinig sa Kongreso, inamin ng DFA (Department of Foreign Affairs) na binigyan lamang ito ng China mga malabong larawan na walang silbi.

“Tuso ang China kaya nilabanan na ng Bayan Muna ang China noon pa mang 2008,” aniya. “Walang naging benepisyong ang JMSU sa mamamayang Pilipino.” Marapat na magsilbi ang desisyong ito na babala sa lahat ng mga nais ibenta ang rekurso ng bayan at mamanikluhod sa isang makapangyarihang bansa.

Tulad sa iba pang usapin, magkaiba ang tantya ng US at China sa laki ng potensyal na mamiminang langis at natural gas sa South China Sea. Sa taya ng China noong 2018, mayroon ditong mamimina na 293 hanggang 344 bilyong bariles ng langis at 30 hanggang 72 trilyong kubiko metro ng natural gas. Sa taya naman ng US, maaaring makamina ng 16-33 bilyong bariles ng langis at 7-14 trilyong kubiko metrong natural gas mula sa napatunayan at posibleng mga reserba nito. Ginagamit pareho ng China at ng US ang South China Sea bilang lunsaran ng kanilang militaristang pagpopostura.

Liban sa mga rekursong langis at natural gas, krusyal ang bahagi ng karagatang ito sa kabuhayan ng Pilipinas. Ayon kay Jay Batongbacal, eksperto sa international marine environment law, mahalaga ang Kalayaan Islands at erya sa kanluran ng Palawan para sa pambansang seguridad ng pagkain dahil dito nanggagaling ang 20% ng suplay ng isda ng bansa. Ang potensyal na maaaring huling isda rito ay maaaring umabot sa 5 milyong tonelada at may kritikal itong papel sa pagpaparami ng isda sa mga baybay ng Luzon at Sulu Sea, kung saan nakaasa ang malaking bahagi ng populasyon ng Pilipinas.

Mga buntis na diniseparesido ng 402nd IBde, inilitaw at pinalalabas na “sumurender”

Enero 12, 2023

Pinalalabas ng Eastern Mindanao Command (EastMinCom) ng Armed Forces of the Philippines (AFP) na “sumurender” na mga kasapi ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang dalawang buntis na Pulang mandirigma at iba pang indibidwal na dinukot nito at ilang buwan na ginawang hostage.

Sa balitang inilabas ng AFP EastMinCom, “sumurender” diumano ang mga buntis na sina Aurily Havana (Ka Laiza) at Jennifer Binungkasan (Ka Laile), kasama ang sibilyang si Roselle Polinar at isang nanggangalang Cesar Corella noong Enero 5 sa lokal na gubyrno ng Las Nieves, Agusan del Norte. Sila ay matagal nang hawak ng militar at itinago sa mga kaanak at publiko.

Noong huling linggo ng Disyembre 2022, iniulat ng pahayagang Ang Kalihukan ng rebolusyonaryong kilusan sa North Central Mindanao na dinukot ng mga sundalo ng 402nd IBde ang mga buntis na mandirigmang sina Havana at Binungkasan. Naglabas din ng pahayag ang Partido Komunista ng Pilipinas noong Disyembre 29, 2022 kaugnay ng insidente para isiwalat ang paglabag na ito sa makataong mga batas at alituntunin sa digma.

Huling nakita ang dalawang buntis noong Nobyembre 3, 2022 sa tabing hayway sa Butuan

City. Ang dalawa ay naka-maternity leave nang madakip sila ng mga sundalo.

Sa loob ng 67 araw, diniseparesido at ikinulong nang walang nakakaalam (held incomunicado) ang dalawang buntis — labag sa mga karapatan at proteksyong dapat iginawad sa kanila sa ilalim ng internasyunal na makataong batas. Napilitan ang mga sundalo na ilitaw ang dalawa, kasama ng iba pa, matapos isinapubliko ang pagdukot sa kanila ng mga ahenteng militar at sapilitang pagkawala.

Samantala, ang pinangalanang si Polinar ay isang sibilyang dinukot din ng mga tauhan ng militar noon pang Agosto 26, 2022. Kasama ng noo’y buntis pang si Polinar ang kanyang live in partner noon na si JR, ang noo’y pitong-buwang buntis na Pulang mandirigmang si Cherilyn Rebita (Ka Jan) at sugatang mandirigma na si Jackilyn Egtob (Ka Jane). Dinampot sila sa tinutuluyang bahay sa Surigao del Norte. Pinakawalan ng mga ahenteng militar sina Rebita at Egtob noong Nobyembre 3, 2022 (kasabay ng pagdakip kina Havana at Binungkasan). Noong Disyembre 29, 2022, nabawi ng pamilya si Baby Rhea, ang sanggol na isinilang ni Rebita habang nasa kustodiya ng militar, matapos isapubliko ang pag-hostage sa kanya ng 402nd IBde.

Si Rebita at Egtob ay pinalaya ng militar matapos ang 69 na araw ng iligal na pagkukulong sa kundisyong pasusukuin nila ang kanilang mga kaanak at asawa na mga Pulang mandirigma at magnanakaw ng mga baril sa BHB. Ang sanggol ni Rebita ay sapilitang ipinaiwan sa kustodiya ng mga sundalo bilang “hostage.”

Sangkot sa naturang mga krimen ang ahente ng 402nd IBde na si Armando Rabanes (“Dagat/Antoy”), JB Bautista, Jeffrey Muñoz at isang nagngangalang “Ondoy.” Nagpakilala ang mga ahente noon bilang bahagi ng “OPAPP” na pumapatungkol sa Office of the Presidential Adviser on the Peace Process.

Pamasahe sa LRT, nakatakdang itaas

Enero 12, 2023

Sa gitna ng nagmamahalang presyo ng pagkain, mataas na singil sa kuryente at tubig at pagbabalik ng pamasahe at pribatisasyon ng sistemang bus sa EDSA, itataas naman ngayon ng rehimeng Marcos ang pamasahe sa LRT.

Ibinalita noong Enero 11 na inaprubahan na ng Land Transportation Franchising and Regulatory Board ang dagdag pamasahe sa LRT 1 at LRT 2 na ₱2.29 sa boarding fare at dagdag na ₱0.21 kada kasunod na kilometro. Sa gayon magiging ₱13.29 (mula sa ₱11) ang boarding fare at magiging ₱1.21 (mula sa ₱1) na ang dagdag kada kilometro.

Sa gayon, ang pamasahe sa LRT2 mula istasyon ng Roosevelt at Balintawak ay magiiging ₱15 na para sa gumagamit ng stored value card at ₱20 para sa mga single journey ticket. Sa LRT 1 naman, magiging ₱12 na ang pamasahe mula Recto hanggang Legarda para sa mga gumagamit ng stored value card at ₱15 para sa mga gumagamit ng single journey ticket.

Binatikos ni Renato Reyes, pangkalahatang kalihim ng Bayan, ang nakatakdang taas-pamasaha. Aniya, wala sa mga balita na nagkaroon ng mga konsultasyon, gayong noon pang Abril 2022 isinumite ng pribadong opereytor ng riles ang petisyon para sa taas-pamasaha. Labag umano ito sa batas. Kung walang konsultasyon sa publiko, kwestyunable ang pagtataas at dapat pigilan ito, aniya.

“Sabi ng DOTr noong Mayo 26, 2022 na walang mangyayaring pagtaas ng pamasaha sa gitna ng pagtaas ng implasyon, noong nasa 4.9% (ito)” ani Reyes. “(S)a katapusan ng Disyembre 2022, umabot sa 8.1% ang implasyon. Bakit ngayon pa igagawad ang pagtaas ng pamasaha?”

Muli nitong pinatatampok ang problema sa pribatisasyon, aniya. “Kung sasabihin ng LRMC (pribadong opereytor ng LRT) at ang LTFRB na hindi saklaw ng concession agreement ang pagkakaroon ng mga pagdinig para sa pagtaas ng pamasaha, babalik tayo sa problema ng patakaran ng pribatisasyon bilang kontra-komyuter.”

Ipinag-aalala ng Bayan na kung hindi pagbibigyan ang petisyon ng LRMC na taas-pasahe, babalikatin na naman ng estado, at sa gayon, ng mamamayang Pilipino ang kulang sa kasalukuyang pamasaha sa hinihingi ng pribadong kumpanya. Sa nakaraan, nagsampa ng aribitrasyon ang LRMC na bigyan ito ng gubyrerno ng ₱2.67 bilyon matapos tanggihan ang petisyon nito para sa taas-pasahe.

“Sa katapusan, ang mamamayang nagbabayad ng buwis pa rin ang babalikan sa taas-pasahe,” ayon kay Reyes. “Kailangang labanan ang pagtaas sa pamasaha at ang nagpapatuloy na pribatisasyon pangmasang transportasyon.”

‘Department of Angkat’, importasyon ng sibuyas, binatikos

Enero 12, 2023

Binatikos kahapon ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) ang desisyon ng Department of Agriculture (DA) at rehimeng Marcos na mag-angkat ng 21,000 metriko toneladang sibuyas. Ayon sa kanila, nakapipinsala ang ganitong hakbang sa mga magsasaka sa bansa. Binansagan nila ang ahensya bilang “Department of Angkat.”

“Pinili ng DA na bitawan ang interes ng mga magsasaka at konsyumer para lamang itaguyod ang anti-mamamayang patakaran nito sa importasyon,” saad ng grupo.

Inianunsyo ng DA ang pag-aangkat ng sibuyas noong Martes para umano hilahin pababa ang presyo ng sibuyas sa bansa na umaabot na sa ₱600 kada kilo. Nagsimula noong Lunes at magtatapos bukas, Enero 13, ang aplikasyon para sa importasyon ng mga negosyante.

Giit ng KMP, ang mga tauhan sa DA, si Marcos na tumatayong kalihim nito at mga tagapayo sa ekonomya ang “pinaka-mayroong pananagutan sa magiging malubhang epekto [ng importasyon], laluna sa mga konsyumer at nagtatanim ng

sibuyas.” Anila, tanging malalaking importer at trader lang ang makikinabang sa hakbang na ito.

Napatunayan na umano ng karanasan sa nakaraan na hindi naibababa ng importasyon ang presyo ng mga produktong agrikultura. Inihambing ito ng KMP sa nangyaring pagbubuhos ng napakalaking imported na bigas sa bansa sa ilalim ng Rice Tariffication Law na nakapipinsala sa magsasaka pero hindi naman nagmura ang presyo sa merkado. Ganito rin umano ang nangyari sa presyo ng karneng baboy.

Ayon naman kay dating kalihim ng Department of Agrarian Reform at KMP chairperson emeritus Rafael Mariano, ang permanenteng pagsalalay ng DA sa pag-iimport bilang solusyon sa implasyon ng presyo ng pagkain ay ibayong makasisira sa lokal na sektor ng agrikultura. “Inililibing nila nang buhay ang lokal na agrikultura laluna ang maliliit na magsasaka at nagpoprodyus ng pagkain,” ani Mariano.

“Habang nananawagan ng pagpapalakas ng lokal na agrikultura at food self-sufficiency ang mga magsasaka, importasyon lang ang alam na gawin ng DA,” dagdag niya.

“Paano nangyari na noong 2021 hanggang early 2022 ay bagsak ang presyo ng sibuyas, nabubulok at itinatapon na dahil hindi maibenta. Pagkaupo ni Marcos Jr., biglang sumirit pataas ang presyo ng sibuyas. Nangibabaw ang kartel sa pagmanipulate ng suplay at presyo,” sabi pa ni Mariano.

Sa nagdaang mga administrasyon, ayon sa KMP, tumaas ang pagsalalay ng bansa sa importasyon ng sibuyas. Sa ilalim ng rehimeng Duterte, 29.08% ang pagsalalay sa importasyon ng sibuyas; 8.62% sa panahon ng rehimeng Aquino II; at umabot ng 22.98% sa rehimeng Arroyo.

17 raliyistang Peruvian, minasaker ng mga pwersa ng estado

Enero 13, 2023

Minasaker noong Enero 9 ng mga pwersang panseguridad ng Peru ang 17 raliyistang Peruvian na tumututol sa pang-aagaw ni Dina Boluarte, bise presidente ng bansa, sa pinakamataas na pwesto ng estado sa pamamagitan ng “kudeta sa parlamento.” Naganap ang masaker sa syudad ng Juliaca sa katimugang bahagi ng bansa. Nasa 68 iba pa ang malubhang nasugatan sa maharas na pagbuwag sa protesta.

Bahagi ang protesta sa Juliaca sa serye ng mga protesta na nagsimula noon pang Disyembre 7, 2022 matapos patalsikin at ipakulong ng tinaguriang “maka-Kanan” na Kongreso ang “maka-Kaliwang” presidente ng Peru na si Pedro Castillo. Agad na pumalit sa kanya ang bise presidente na si Dina Boluarte. Bilang tugon, sumiklab ang malalaking protesta sa iba’t ibang bahagi bansa na nananawagan sa pagbaba ni Boluarte at pagbabalik kay Catillo. Sunod-sunod na dinahas ng mga sundalo at pulis ang mga ito.

Noong Disyembre 15, 2022, 10 nagpuprotesta ang pinatay ng mga sundalo sa Ayacucho, isang bayan

kung saan mayorya na nakatira ay mula sa pambansang minorityang Quechua. Nasa 52 ang naitalang seryosong nasugatan sa masaker na ito. Mula Enero 4, puu-puong libo mamamayang Peruvian, karamihan mga magsasaka at pambansang minoritya, ang naglulunsad ng malalaking demonstrasyon at nagsasagawa ng mga pagharang ng daan (roadblock) sa isang “walang taning na pambansang welga.”

Sa huling bilang noong Enero 10, umaabot na sa 46 raliyista ang pinatay ng mga pwersang panseguridad ng Peru. Binigyan-katwiran ni Boluarte ang karahasan sa pagbabansag sa mga protesta bilang “terorismo” at “bandalismo.”

Noong Disyembre 15, 2022, pinalawig pa ni Boluarte at kanyang mga alyado sa kongreso ang detensyon ni Castillo nang 18 buwan, habang “iniimbestigahan” siya sa kasong rebelyon at iba pa.

Ilitaw ang dalawang nawawalang aktibista sa Cebu, giit ng pamilya

Enero 14, 2023

Nagpiket kaninang umaga ang mga kapamilya at kaibigan ng dalawang aktibistang sina Dyan Gumanao at Armand Dayoha sa Police Regional Office ng Central Visayas (PRO-7) sa Cebu para igiit ang kagyat na paglilitaw sa dalawa. Hinihinala ng mga progresibong grupo na dinukot sila ng mga ahente ng estado matapos paulit-ulit na naging biktima sila ng pagmamamanmanan,

pananakot, harassment at walang-tigil na red-tagging sa nagdaang dalawang taon.

Sa ulat ng Karapatan-Central Visayas, huling nakontak ang dalawa noon pang Enero 10 at ikatlong araw na ngayon na hindi matunton ang kanilang kinaroroonan. Naputol na ang komunikasyon sa kanila. Nanggaling ang dalawa sa pagbisita sa kanilang mga kaanak.

Batay sa ulat ng pamilya, si Gumanao at Dahoya ay nakontak pa noong umaga ng Enero 10 nang dumangang ang barkong sinasakyan nila sa Cebu City mula sa Cagayan de Oro. Matapos noon ay hindi na matunton ang dalawa.

Si Gumanao ay koordineytor ng Alliance of Concerned Teachers (ACT) para sa Rehiyon 7 habang si Dahoya naman ay boluntir para sa balangay ng Alliance of Health Workers (AHW) sa Cebu. Ang dalawa ay pawang mga gradweyt ng University of the Philippines-Cebu.

Ayon sa Karapatan-Central Visayas, ilang buwan nang iniulat ng dalawa ang tuluy-tuloy na pagmamamanman sa kanila ng mga ahente ng estado sa nagdaang mga buwan. Anila, binibiktima ng panggigipit at harassment ang dalawa dahil sa kanilang gawain bilang mga manggagawang pangkaunlaran, tagapagtaguyod ng karapatang-tao at aktibista.

Ito ang mga dahilan kung bakit umano nagpahayag ng “lubhang pag-aalala” ang mga kaanak at pamilya nila Gumanao at Dahoya.

Naglabas na rin ng panawagan ang University of the Philippines-Cebu na ilitaw ang dalawa. Dapat umanong kagyat na ilitaw ang dalawa para makapagpatuloy sa palilingkod at pagsusulong ng tunay na pagbabagong panlipunan at kaunlaran.

Paliwanag ng Karapatan-Central Visayas, “hindi na bago sa mga administrasyon...na ang mga aktibo sa mga organisayon nakikipaglaban para sa lupa, makatarungang sahod, trabaho, edukasyon at karapatan ay iwinawala.”

Kinundena rin ni House of Representatives Deputy Minority leader at ACT Teachers partylist Rep. France Castro ang pagkawala ng dalawa. “Naniniwala kami na ang pagkadesparesido ng dalawa ay bahagi ng nagpapatuloy na atake ng estado laban sa mga unyonista at karapatan sa pag-uunyon. Iginigiit namin na ilitaw sila ng mga pwersa ng estado,” pahayag ni Rep. Castro.

Ayon kay Gabriela Women’s Party Rep. Arlene Brosas, ang balangkas umano ng saplitang pagwala at pagdukot sa mga aktibista ay mistulang isang “déjà vu ng mga krimeng naganap sa ilalim...ng madilim na panahon ng batas militar.” Giit niya, kabaha-bahala ang ganitong mga usapin.

Sa ilalim ng rehimeng Marcos II, hindi bababa sa 26 na ang biktima ng pagdukot. Kabilang sa mga ito sina Elgene Mungcal ng grupong Gabriela at Ma. Elena “Cha” Cortez Pamposa ng Anakpawis na dinukot ng pinaghihinalaang pwersa ng militar sa Moncada, Tarlac noong Hulyo 3 at hanggang ngayon ay hindi pa rin inililitaw.

Patuloy ang paggigiit ng Karapatan-Central Visayas, mga kaanak at kaibigan nina Gumanao at Dayoha na kagyat silang ilitaw at pakawalan.

Ayon sa ama ni Gumanao sa isang panayam ng midya, “Kung naa sila’y gustong isampa na kaso sa ilaha, kung tan-aw nila naa sila’y violations, dad-on nilas korte. Naa man tay balaod. Naa man ta’y rule of law nga ginasunod...mao na among panawagan isip ginikanan, nga hinaot naa sa luwas na kahimtang ang among mga anak, ug ipa-surface gyud sila kay wala’y rason nga magka interes sila sa kinabuhi sa duha ka bata.”

(Kung mayroon mang gustong isampang kaso sa kanila, kung nakikita nilang mayroong paglabag, dalhin nila sa korte. Mayroon man tayong mga batas. May rule of law tayong sinusunod....yan ang aming panawgan bilang mga magulang, na sana ay nasa ligtas na kalagayan ang aming mga anak, at ilitaw sila dahil walang rason na pag-interesan ang buhay ng dalawa.)

Serye ng pambobomba sa N. Samar, takot at pinsala ang hatid sa masa

Enero 14, 2023

Hindi bababa sa tatlong serye ng pambobomba ang inilunsad ng mga pwersa ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa prubinsya ng Northern Samar noong huling kwarto ng 2022. Lubhang naapektuhan nito ang mga sibilyang komunidad, kabuhayan at buhay ng mga residente. Liban dito, naitala ang isang kaso ng karumal-dumal na pagmasaker sa mga sibilyan.

Noong Oktubre 1, 2022, hindi bababa sa 25 bala ng kanyon ang pinakawalan ng mga sundalo gamit ang 105 mm at 155mm howitzer sa mga sakahan sa Barangay Paco, Las Navas, Northern Samar.

Sinundan ito ng panibagong pambobomba sa Barangay San Isidro (Logging) sa naturang bayan noong Nobyembre 11, 2022. Pinalalabas ng 8th ID na nagkaroon ng labanan sa naturang lugar, pero ang totoo, ayon sa yunit ng hukbong bayan sa prubinsya, walang engkwentrong naganap.

Binatikos ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Northern Samar ang mga brutal at teroristang pag-atake na ito laban sa mga komunidad ng masa at pagwasak sa kalikasan. Gayundin, tinuligsa ni Amado Pesante, tagapagsalita ng yunit ng BHB, ang pagpapakalat ng kasinungalingan ng 8th ID para bigyang katwiran ang krimen sa digma at paglabag sa internasyunal na makataong batas.

“Wala nang natitirang dangal ang AFP. Patuloy ito sa pagkakat ng kasinungalingan at pagtatakip sa labis-labis na pambobomba at mga masaker na inulunsad nito laban sa taumbayan...” ayon kay Pesante.

Kinundena rin ng BHB-Northern Samar ang “overkill” o sobra-sobrang paggamit ng lakas sa operasyon ng AFP sa isang maliit na yunit gerilya ng hukbong bayan na nakahimpil sa Barangay Imelda sa Las Navas noong Nobyembre 23, 2022. Pinasubalian ni Pesante na isang “engkwentro” ang naganap sa araw na iyon, at sinabing walang kalaban-laban na binomba ang yunit ng BHB mula

sa era gamit ang malalakas na sasakyang panghimpapawid.

Ayon sa imbestigasyon ng yunit, naghulog ng bomba ang mga fighter jet ng AFP at nanganyon ng 50 beses sa Barangay Imelda mula 1:30 ng madaling araw hanggang 5:30 ng umaga. Namartir sa traydor na pakikidgmang ito ang anim na mga Pulang mandirigma. Nagdulot din ito ng takot sa mga kalapit na komunidad at pagkawasak sa kalikasan.

Kinundena ni Pesante ang AFP sa pagbabalandra sa mga bangkay ng mga biktima at pagturing sa mga ito bilang “tropeyo sa digma” para ibayong sindakin ang sibilyang populasyon ng Las Navas.

“Hindi man lang binigyan ng pagkakataon na mahimlay ng may dignidad at kapayapaan ng pasistang AFP ang kanilang mga kalaban...labag ito sa internasyunal na makataong batas,” paliwanag ni Pesante. Gayundin, aniya, ang pambobombang inilunsad ng mga pasistang-terrorista ay “labag sa gma probisyon ng proportionate o akmang paggamit ng pwersa laban sa kalabang pwersa sa ilalim ng internasyunal na makataon batas, gayundin ang mga alituntuning nangangalaga sa karapatan ng mga hors de combat at nakapalibot na sibilyang komunidad sa lugar na kanilang inatake.”

Brutal na masaker

Iniulat din ng yunit ang brutal na pagmasaker ng 43rd IB sa isang buong sibilyang pamilya sa Kilometro 9, Barangay Happy Valley, San Isidro

noong Nobyembre 18. Pinalalabas ng mga pasista-terroristang sundalo na sila ay mga mandirigma ng BHB na napaslang sa engkwentro.

Sa ulat mismo ng mga sundalo, mayroon pa itong tatlong personahe na inaresto sa parehong lugar liban sa kanilang mga pinatay. Para bigyang katwiran ang krimen, nagpalabas pa ang mga ito na mayroong nasamsam na mga bala at subersibong dokumento sa lugar ng insidente.

Kinundena ni Pesante ang mga krimen na ito ng AFP at nangakong buong-sigasig silang lalaban sa agresyon ng AFP sa ilalim ng pasista-terroristang rehimeng US-Marcos.

Enero 14-21: Linggo ng pakikiisa sa mga bilanggong Palestino

Enero 15, 2023

Idineklara ng mga organisasyon para sa karapatang-tao at tagasuporta ng pakikibakang Palestino ang Enero 14-24 bilang linggo ng panawagan para sa pagpapalaya kay Ahmad Sa'adat at lahat ng mga Palestinong bilanggong pulitikal.

Gugunitain sa linggong ito ang ika-21 taong pagkukulong ng pasistang mga pwersang Israel kay Ahmad Sa'adat na unang ikinulong ng Palestinian Authority noong Enero 15, 2002. Dinukot siya mula sa kulungan ng Palestinian Authority sa Jericho sa ngalan ng “kooperasyong pangseguridad” at pinatawan ng sentensyang 30 taong pagkakakulong noong 2008. Si Sa'adat ay

pangkalahatang kalihim ng Popular Front for the Liberation of Palestine, isang bantog na pambansang lider na kilala rin sa mga pakikibakang internasyunal.

Kasama si Sa'adat sa 4,750 mga Palestinong bilanggong pulitikal na nakakulong ngayon sa mga piitan ng Israel. Ang 820 sa kanila ay nakapailalim sa "administrative detention" o arbitraryong ikinulong nang walang kaso, walang inaasahang paglilitis, at sa gayon, ay walang klarong taning ng pagbibimbin. Tumatanggi ang Israel na ilabas kahit ang patay nang mga katawan ng mga bilanggong namatay sa loob ng piitan. Sa ngayon, mayroong labi ng 11 Palestino na hindi ibinibigay sa kanilang mga pamilya. Ang kalupitang ito ay isang porma ng kolektibong pagparusa at tortyur na nakatuon sa mga pamilya ng mga bilango.

Sa linggo ding ito gugunitain ang ika-14 taong anibersaryo ng pananalakay ng Israel sa Gaza noong 2008 sa tinagurian nitong "Operation Cast Lead." Ang 3-linggong pananalakay na ito ay nagresulta sa pagkapaty sa 1,383 Palestino, kabilang ang 33 mga bata, ayon sa Amnesty International.

Tangkang kudeta sa Brazil, itinakwil ng mga manggagawa at mamamayan

Enero 15, 2023

Itinakwil ng mga manggagawa at mamamayang Brazilian ang naganap na tangkang kudeta noong Enero 8 laban sa halal na presidente ng bansa na si Luiz Inácio Lula da Silva (kilala bilang Lula).

Kaugnay nito, nakikiisa ang komite ng International League of Peoples' Struggles para sa Latin America at Carribean sa panawagan ng aktibong pagpapakilos laban sa anumang aksyon na nakaaapekto sa mga karapatan at demokratikong kalayaan ng mamamayang Brazilian.

Nanalo si Lula sa eleksyong pampresidente noong Oktubre 2022 nang makuha niya ang 50.8% na boto kumpara sa 49.2% ng noo'y nakaupong presidente na si Jair Bolsonaro. Bagamat di direktang hinamon ng pasistang si Bolsonaro ang resulta, walang awat ang pang-uupat niya at ng kanyang pangkatin sa kanilang mga tagasuporta na guluhin ang pag-upo ni Lula. Ginawa niya ito dahil nahaharap siya sa maraming kasong kriminal at elektoral kaugnay sa ekstrahudisyal na mga pamamaslang, pagkalbo sa kabundukang Amazon at palpak na tugon sa pandemya. Lumipad siya tungong US noong Disyembre 2022 para takasan ang nakaambang mga kaso sa kanya. Samantala, upisyal na nanumpa si Lula noong Enero 1.

Aktibo ang pangkatin ni Bolsonaro sa pang-uupat ng karahasan mula pa Oktubre, hanggang sa tangkang kudeta noong Enero 8. Kontrolado ng tinatawag na mga "Bolsonarista" ang Senado at malaking bahagi ng Chamber of Deputies (mababang kapulungan). Animo'y pinabayaan lamang ang tangkang pag-okupa ng mahahalagang gusali ng upisyal panseguridad ng bansa at ng gobernador ng syudad na parehong kaalyado ng dating presidente. Gayunpaman,

hindi pa rin nagawa ng mga Bolsonaroista na itaob ang paghahari ni Lula, na bahagi ng tinaguriang “pink tide” o “maka-Kaliwang” guberno sa Latin America.

“Malinaw na ang mga reaksyunaryong pwersa na pinangungunahan ni Bolsonaro ang tunay na banta sa mamamayan ng Brazil,” ayon sa ILPS-Committee for Latin America and the Caribbean. “Ang mga pwersang ito ay suportado ng makapangyarihang sektor ng naghaharing uri, partikular sa hanay ng agribisnes at pagmimiba.”

Ang marahas na tangkang kudeta ay huli lamang sa krisis sa kapangyarihan na matagal nang bumabayo sa lipunang Brazilian. Ang isang pagkakaiba sa kasalukuyang koalisyon na pinamumunuan ni Lula, ayon sa ILPS, ay ang kanyang planong kumprontahin ang mga pinakareaksyunaryong mga pwersang dito.

Sa kalagayang tumatalas ang banggaan ng iba’t ibang reaksyunaryong pwersa, nananawagan ang ILPS sa mga pinakamulat at determinadong mga sektor ng lipunang Brazilian, na harapin ang hamon para pamunuan ang gitgitang paglaban sa lahat ng tipo reaksyon sa lahat ng senaryo, at buuin ang tunay na demokrasya para sa mga manggagawa at mamamayan.

70 kapamilya at alipures, kasamang maglamyerda ni Marcos sa Switzerland

Enero 16, 2023

Di bababa sa 70 ang diumano'y delegasyong isinama ni Ferdinand Marcos Jr sa kanyang lakad sa Davos, Switzerland nitong Enero 16. Kasama dito ang kanyang pamilya (kabilang ang kapatid na si Irene Marcos-Araneta), mga burukratang alipures at kasosyong negosyante. Malayong mas malaki ito kung ikukumpara sa di tataas sa 20-katao na bumuo sa mga delegasyon ng mga upisyal ng pinakamalalaking kapitalistang bansa, kabilang ang US.

Tulad sa ibang mga lakad ni Marcos Jr, sagot lahat ng gastos ng byaheng ito ng mamamayang Pilipino. Ang byaheng ito ay ika-8 na sa 7-buwan ni Marcos sa poder at pangalawa sa loob lamang ng Enero.

Ang Switzerland ang isa sa pinakamahal na bansang panturista sa buong mundo. Pumunta si Marcos doon para sa World Economic Forum, ang taunang pagpupulong na ipinatatawag ng mga imperyalista at pinakamasasahol na kapitalista sa buong mundo.

Maaalalang nakalagak sa mga bangko sa Switzerland ang daan-daang milyong dolyar na yaman ng pamilyang Marcos na ninakaw sa guberno sa panahon ng diktadura ng kanilang amang si Ferdinand Marcos Sr.

Ikinagalit naman ng ilang senador ang anunsyo ni Marcos Jr na ipagmamalaki niya sa WEF ang di pa pinagtitibay na Maharlika Investment Fund. Ayon kay Sen. Koko Pimentel III, ginagamit ni Marcos Jr ang pagkakataon para i-presyur ang Senado na agad na ipasa ang panukalang magbubuo sa MIF.

“Masyado pang maaga, masyadong nagmamadali. Sigurado ba silang lulusot sa Senado yang Maharlika Investment Fund bill?” ayon sa senador, alinsunod sa ulat ng isang pahayagan. Tutol si Pimentel sa panukalang MIF.

Marcos, palpak sa paglutas sa krisis sa pagkain

Enero 16, 2023

Nagprotesta ngayong araw sa harap ng upisina ng Department of Agriculture ang Kilusang Magbubukid ng Pilipinas, kasama ang iba pang demokratikong organisasyon, para igiit ang kagyat na pagpapababa sa presyo ng pagkain, pagpapatigil sa patakaran ng importasyon, pagpapalakas sa lokal na produksyon at pagbuwag sa mga kartel. Nanawagan sila na ibasura ang mga neoliberal na patakaran katulad ng Rice Liberalization Law, pagbibigay ng direktang suporta sa produksyon at pagbibitiw ni Ferdinand Marcos Jr bilang kalihim ng ahensya.

“Habang di magkandaugaga ang mga Pilipino dahil sa abot-langit na presyo ng pagkain at mga bilihin, abala sa buhay-jet setter si..Marcos Jr,” pagkundena ng mga magsasaka. Lumipad kahapon si Marcos Jr tungong Switzerland kasama ang 70 iba pa, ikawalong biyahe sa labas ng bansa sa loob ng pitong buwan.

Kabilang sa mga produktong nananatiling mataas ang presyo ang sibuyas, na nasa ₱400-₱550 pa rin ang kilo sa pamilihan dahil sa pagtatago,

pagmanipula sa suplay at labis-labis na pagpepresyo ng mga kartel sa agrikultura.

“Malawakang pandaraya sa masang konsyumer ang mataas na presyo ng sibuyas kahit pa nasa kasagsagan ng anihan. Labis-labis na tubo ang kinikita ng malalaking traders, importer, pati na mga smuggler dahil sa napakamahal na presyo ng sibuyas. Sila rin mismo ang nagkokontrol at nagmamanipula sa suplay at presyo ng sibuyas mula sa farmgate hanggang sa retail,” pahayag ng grupo. Kabilang sa panawagan nila ang pagtatayo ng estado ng libreng mga cold storage facility para makapag-imbak ang mga magsasaka at hindi nakokopo ng sugapang mga trader ang suplay.

Ayon sa grupo, mayroon lamang 68 cold storage facility sa buong bansa, kabilang ang 27 sa Metro Manila at 10 sa Nueva Ecija, ang “onion capital” ng Pilipinas. Malaking mayorya sa mga ito ay pribado at kontrolado ng mga kartel.

“Mahalaga ‘yung pagdadagdag ng cold storage facilities dahil unang-una mapapaliit natin ‘yung post-harvest losses at matitiyak natin ‘yung sulit namang presyo sa ating mga nagtatanim ng sibuyas,” ayon kay Rafael Mariano, chairman emeritus ng KMP, sa isang panayam sa kanya sa telebisyon. Sa taya niya, napakataas pa rin kahit ang ₱250 kada kilo na SRP o mungkahing presyo ng sibuyas. Ito ay dahil napakababa naman ng pagbili ng mga komersyante sa ani ng mga magsasaka. Noong nakaraang taon, umabot lamang sa ₱30 kada kilo ang farm gate price nito. Sa kabilang banda, gumagastos ang magsasaka ng ₱150,000 kada siklo ng pagtatanim.

Tulad sa nagdaang mga rehimen, importasyon ang solusyon ni Marcos sa krisis sa pagkain. Noong Enero 11, pinahintulutan niya ang pag-angkat ng 17,100 metriko toneladang pulang sibuyas at 3,960 metriko toneladang puting sibuyas. Ito ay sa kabila ng mag-aanihan na ng lokal na sibuyas sa Pebrero. Tinawag itong “nakamamatay” ng mga magsasaka, na labis nang naghihirap dahil sa napakataas na gastos sa produksyon. Liban pa dito ang mga produktong ipinupuslit sa bansa nitong nagdaang mga linggo.

Presyo ng itlog, patuloy na tumataas

Muli ring kinutya ng KMP ang pangako ni Marcos na ibababa ang presyo ng bigas tunging ₱20 kada kilo. “Mauuna pang maging ₱20 ang isang itlog kaysa sa isang kilo ng bigas,” anila.

Kamakailan lamang, isiniwalat ng mga prodyuser ng itlog na tuluy-tuloy pang tataas ang presyo ng itlog sa merkado ngayong taon. Nasa ₱9-₱10 na ngayon ang karaniwang presyo ng katamtamang-laking itlog, mula sa ₱6.90-₱8.50 noong Disyembre 2022. Gayunpaman, marami nang palengke ang nagbebenta ng regular na laking itlog nang ₱10 kada piraso.

Isa sa itinuturong dahilan ng mga prodyuser ang pagbwelo ng bird flu na hanggang ngayon ay hindi inaatupag ng Department of Agriculture. Ayon sa datos ng Bureau of Animal Industry, apektado ng pandemyang ito ang 20 prubinsya sa walong rehiyon. Nagresulta ito sa pagpatay (cull) sa 1.8 milyong manok na apektado.

Kabilang sa tinamaan ang Central Luzon kung saan kumukuha ng suplay ang National Capital Region. Sa taya ng DA, tumaas nang 45% ang presyo ng itlog mula nang kumalat ang bird flu noong nakaraang taon. Ayon sa mga prodyuser, aabutin ng limang buwan bago sila makapagparami muli ng produkto.

Mga estudyante, magulang, at guro, inetsapwera ng DepEd sa pagrebyu ng K-12

Enero 16, 2023

Umalma ang Kabataan Partylist sa anunsyo ng Department of Education (DepEd) na ilalabas na ito ang ulat kaugnay ng isinasagawa nitong pagrerebyu sa programang K-12 sa darating na Enero 30.

Anang grupo, hindi “inclusive” at hindi batay sa syensya ang proseso ng pagrerebyu ng DepEd sa K-12 dahil hindi nagsagawa ng malawakang konsultasyon ang ahensya sa hanay ng mga estudyante at mga magulang na apektado ng pagpapatupad ng naturang programa.

Sinimulang ipatupad ang K-12 noong 2013 sa ilalim ng rehimeng Aquino II. Dinagdagan nito ng dalawang taon ang edukasyon sa elementarya at hayskul. Dati nang ipinanawagan ng mga grupong kabataan ang pagpapatigil sa naturang programa na anila’y anti-mahirap at maka-dayuhan.

Sa isang pahayag ng League of Filipino Students noong 2018, sinabi nitong “Ang yabang-yabang pa

nina Aquino't Luistro noon na maganda daw ang K-12. Kahit sina Duterte't Briones ay nagsasabing maganda ang idudulot ng K-12 kaya ipinagpatuloy nila. Niloko't pinagkakitaan lang ang mga estudyante't magulang ng guberno't mga kapitalista-edukador."

Sa ilalim ng panunungkulan ni Sara Duterte bilang kalihim ng DepEd, ipinagpapatuloy lamang ang bulok na legasiya ng K-12. "Maraming kabataan at magulang ang pinaasa, pinahirapan, pinag-eksperimentuhan at pinagkakitaan sa ilalim ng K-12. Kailangan pakinggan ng DepEd ang totoong mga karanasan nila...upang matukoy ang mas makabuluhang mga solusyon," giit ni Kabataan Partylist Representative Raoul Manuel.

Ayon pa sa Kabataan Partylist, "...hindi lang usapin ng curriculum ang problema kundi ang buong oryentasyon ng patakaran na inuuna ang paghabol sa international standards nang walang tiyak na pagpaunlad sa kalidad ng edukasyon, na ngayon ay pinasahol pa ng krisis sa pandemya. Di nakikinabang ang kabataan."

Palpak at walang silbi ang programang K-12, ayon sa mga grupo ng kabataan. Noong 2018 ay nasiwalat sa inilabas na sarbey ng Philippine Business for Education (PBEd) na 4 sa bawat 5 kumpanya ang hindi bukas na tumanggap ng mga gradweyt lamang ng senior high school. Ganito rin ang pananaw ng Philippine Chamber of Commerce and Industry (PCCI) na nagsabing hindi "work-ready" o "employable" ang mga gradweyt ng senior highschool.

Dati na ring binatikos ng Alliance of Concerned Teachers ang programang K-12 at ang proseso ng “pagrerebyu” ng DepEd sa programa. Ayon sa ACT noong Nobyembre 2022, “mas magiging produktibo kung pag-iisipan at iaangkop ang buong kurikulum batay sa isang obhetibong pag-aaral ng pangkalahatang antas ng proficiency ng mga mag-aaral, imbes na bastang abutin ang problemadong set ng competencies (mga pamantayan) ng K-12.”

“Wag sana nating hayaang di matuto ang kabataan dahil di natututo ang gobyerno. Huwag dapat mamuno na parang diktador si DepEd Sec. Duterte sa pagpataw ng bagong curriculum nang walang tapat at sapat na konsultasyon sa masa,” pahayag pa ni Manuel.

Anang mga grupo, dapat kagyat na pagtuunan ng pansin ang independyenteng rebyu sa programang K-12 at paglaanan ng sapat na pondo ang sektor ng edukasyon para sa mga klasrum, kagamitan sa eskwela at iba pa.

Mga maralita, nagprotesta kontra-gutom at taas-presyo

Enero 16, 2023

Nagtipun-tipon at nagprotesta ang mga maralita mula sa Kalipunan ng Damayang Mahihirap (Kadamay)-San Roque sa gilid ng komunidad nila sa Quezon City noong Enero 13. Giit nila: Itigil ang taas-presyo! Sahod, itaas, presyo, ibaba!

Ayon sa pambansang tanggapan ng Kadamay, tugon ang protesta sa patuloy na pagtaas ng presyo ng bilingin at kumakalam na sikmura ng maralita.

“Sobra na ang lumalalang kahirapan at kagutumang dinadanas nating mamamayan,” pahayag ni Mimi Doringo, pangkalahatang kalihim ng Kadamay.

Pumalo sa 8.1% ang tantos ng implasyon sa bansa noong Disyembre 2022, pinakamataas ito sa nakaraang 14 taon.

Sa kalkulasyon ng Ibon Foundation, nasa ₱1,140 kada araw na ang kailangan ng isang lima-kataong pamilya para mabuhay nang disente, mula sa ₱1,130 noong nakaraang mga buwan. Kasabay nito, dagdag na hinila pababa ng implasyon ang tunay na halaga ng arawang sahod sa Metro Manila na ₱570 tungong ₱490 na lamang (₱494 noong Nobyembre 2022).

“Habang yung presidente’t bise presidenteng nangako ng 20.00/kl ng bigas at pagtataas sahod walang inatupag kung hindi ang magpakasaya at mag tampisaw sa milyon-milyong panggastos mula sa Confidential fund,” patutsada ni Doringo.

Walang-tigil ang pagtaas ng presyo ng batayang mga bilingin laluna ng pagkain. Ang presyo ng sibuyas ay pumalo na tungong P600 kada kilo.

Samantala, sisimulan nang kunin ngayong Enero ang dagdag-singil sa yutilidad na tubig sa Metro Manila nang P8.04 kada cubic meter para sa Manila Water habang P3.29 kada cubic meter ang

sa Maynilad. May pangamba ring itataas ang pamasahe sa LRT.

Sibilyan, pinalalabas na NPA, pinatay ng 62nd IB sa Guihulngan City

Enero 16, 2023

Marahas na dinakip at pagkatapos ay pinatay ng mga sundalo ng 62nd IB ang sibilyang si Orlando Fat sa Sityo Banderahan, Barangay Trinidad, Guihulngan City noong Enero 10 ng umaga. Pinalalabas ng mga sundalo na nagkaroon ng bakbakan sa pagitan ng yunit nila at ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa naturang lugar nang limang minuto na nagresulta sa pagkamatay ni Fat. Naglagay pa ang mga sundalo ng mga magasin, mga bala at iba pang kagamitang militar para pagtakpan ang karumal-dumal na pagpaslang.

Ayon sa mga ulat, bahagi ang pagpaslang kay Fat ay bahagi ng malaking operasyong kombat na inilulunsad ng 62nd IB sa mga barangay na nasa bawndari ng Guihulngan City, Canlaon City at bayan ng Moises Padilla.

Pinuputakte ng mahigit 300 sundalo ang mamamayan ng barangay ng Trinidad at Calupa-An sa Guihulngan City, sa Barangay Budlasan, Canlaon City at Barangay Macagahay, Moises Padilla.

Naghahatid ng perwisyo ang presenya ng militar sa mga residente at malaking pagkagambala sa kabuhayan ng mga magsasaka.

Dinukot na mga aktibista sa Cebu, inilitaw na

Enero 17, 2023

Nakabalik na kahapon sa piling ng pamilya at mga kaibigan ang dalawang aktibistang sina Dyan Gumanao at Armand Dayoha matapos ang anim na araw na pagkukulong sa kanila ng armadong pwersa ng estado na dumukot sa kanila noong Enero 10.

Si Gumanao, koordineytor ng Alliance of Concerned Teachers (ACT) para sa Rehiyon 7, at Dayoha na boluntir ng Alliance of Health Workers (AHW)-Cebu ay dinukot ng mga pwersa ng estado noong Enero 10 sa pagdaong nila sa pyer ng Cebu City. Iniulat silang nawawala noong Enero 13 matapos hindi matunton at makontak ng kanilang mga kaanak at kaibigan.

Ayon sa salaysay ng ama ni Gumanao, kumontak noong Enero 15 ang kanyang anak at nagpapasundo sila sa Carmen, Cebu kung saan sila iniwan ng mga dumukot sa kanila.

Isinapubliko ng Karapatan-Central Visayas ang isang bidyo na natanggap nila sa nangyaring insidente kung saan makikita paanong sapilitang dinampot at ipinasok sa sasakyan ang dalawang aktibista sa katirikan ng araw at habang maraming nakakasaksi. Isinakay sila sa isang gray na SUV na naka-parada sa mismong daungan ng barko.

Kinwestyon ng grupo ang mga pahayag noong una ng awtoridad ng pyer at Philippine Coast Guard na tumangging mayroong naganap na insidente sa lugar nang tanungin sila kaugnay nito.

Dagdag pa ng ama ni Gumanao, isinalaysay umano ng kanyang anak na nagpakilalang mga upisyal ng pulis ang dumukot sa kanila. Dagdag pa niya, piniringan sila at pinaghiwalay ng kwarto para doon interogahin ng mga ahente ng estado.

Malaki ang hinala ng Karapatan-Central Visayas na ang dalawa ay ipinailaim sa matinding tortyur. Anang grupo, “ang pagdukot sa mga biktima ay katulad ng militaristang taktika noong madilim na panahon ng Batas Militar.”

Sa huli, nagpasalamat ang mga grupo sa karapatang-tao at mga kaanak ng biktima sa naging tulong ng publiko at mga kaibigan ng dalawa. Ang pag-iingay umano ng marami ang nagtulak sa estado at armadong pwersa nito na ilitaw ang dalawa.

Kabilang sa mga tumulong sa pamilya ang pamunuan ng University of the Philippines Cebu.

Giit ng mga progresibong organisasyon na imbestigahan at papanagutin ang mga sangkot sa karumal-dumal na krimeng ito. “Umaasa kaming makakukuha ng dagdag na testimonya at materyal para makapagbuo ng kaso laban sa mga sangkot sa krimen na nagpakilalang mga upisyal ng pulis,” pahayag ng Karapatan-Central Visayas.

Krisis sa empleyo, lalala sa pagtindi ng krisis sa kapitalismo

Enero 17, 2023

Mas marami pang manggagawa ang matutulak sa mga trabahong mababa ang kalidad at barat ang sahod sa 2023, ayon sa International Labor Organization sa ulat nito na pinamagatang World Employment and Social Outlook. Ito ay habang muling pumapasok, kundiman pumasok na, sa resesyon ang pinakamalalaking ekonomya sa mundo.

Kasabay ng krisis sa trabaho ang tumataas na gastos sa pamumuhay dulot ng nagtataasang presyo ng pagkain at singil sa batayang mga serbisyo sa buong mundo. Tinatayang tataas din ang tantos ng disempleyo.

“(H)indi pa mangyayari ang full recovery (ganap na pagbawi) at hindi pa maaabot ng mga bansa ang antas bago magpandemya (sa 2023),” ayon sa ulat. Magdudulot ang paghina ng mga ekonomya ng pangmatagalang pinsala sa mga manggagawa at papatinding kahirapan at di pagkakapantay-pantay, anito.

Ayon sa institusyon, lumaki lamang nang 2.3% ang pandaigdigang empleyo noong 2022, at lalaki lamang ito nang 1% ngayong taon. Noong nakaraang taon, tinayang nasa 205 milyong walang trabaho, malayong mataas pa rin kumpara sa 186 milyong walang trabaho bago magpandemya. Dagdag dito ang 268 milyong inalis sa bilang sa pwersa ng lakas-paggawa. Sa

katapusan ng 2022, inilagay ng ILO ang tantos ng disempleyo sa 5.8%, mas mataas pa rin kumpara sa 5.4% noong 2019.

Sa 2023, tinatayang tataas pa ang pandaigdigang disempleyo nang 3 milyon o tungong 208 milyon o sa tantos na 5.8%.

Dagdag dito, nasa dalawang bilyong manggagawa na ang nasa impormal na sektor noong 2022. May taya din itong 214 milyong manggagawa o 6.4% ng mga may trabaho ay nabubuhay sa labis na kahirapan kung saan wala pang \$1.90 (P95) ang kinikita nila kada araw.

Samantala, napilitan na ang World Bank na ibaba ang tantya nitong paglago ng pandaigdigang ekonomya sa taong 2023 mula 3% tungong 1.7% na lamang. Ang mga kapitalistang bansa ay lalago na lamang nang 0.5%, mula sa unang taya na 2.5%, anito.

Gayundin, nagbabala ang World Bank na mahaharap ang atrasadong mga bansa ng ilang taon na mabagal na pag-unlad dulot ng dambuhalang mga utang at mahinang (dayuhang) pamumuhunan dahil tiyak na kokopoin ito (kapital) ng abanteng mga kapitalistang bansa.

Sa gayon, lalong nagiging hungkag ang paghahabol ng rehimeng Marcos sa dayuhang pamumuhunan para “paunlarin” ang lokal na ekonomya. Lalo rin nitong ibinabaon ang bansa sa walang katapusang kumunoy ng pangungutang.

Mga Tumandok, pinalalayas ng AFP

Enero 17, 2023

Nagpahayag ng labis na alarma noong Enero 15 ang grupong Kalikasan PNE matapos mabalita na muli na namang inooperasyon ng mga sundalo at pulis ang mga komunidad ng Tumandok sa Capiz. Napag-alaman ng grupo ng muling namayagpag ang 300 armadong tropa sa lugar at nagdulot ito ng malawakang takot sa mga Tumandok.

Ayon sa ulat ng Panay Alliance, nagbabahay-bahay na naman ang mga sundalo at pulis sa bulubunduking mga baryo ng Tapaz, Capiz. May mga ulat din ng pamamayagpag ng dagdag na mga sundalo sa 10 hanggang 23 baryo sa Tapaz at Calinog, Iloilo.

Anito, layunin ng mga sundalo ang patahimikin ang mga Tumandok sa kanilang paglaban sa Jalaur Megadam at hindi para “pairalin ang kapayapaan” tulad ng sinasabi ng mga ito. Noong Disyembre 30, 2020, siyam na lider-katutubo ang pinatay ng mga sundalo, at 17 ang inaresto sa paratang na mga myembro sila ng Bagong Hukbong Bayan. Kasama sa mga inaresto ang anim na kababaihang Tumandok, na myembro ng organisasyong Anggoy.

Ang insidenteng ito’y na inaalala bilang Tumandok Massacre ay ginunita nitong Disyembre 30, 2022.

“Dagdag sa mga paglabag sa mga karapatan ng mga katutubo, ang mga dam na (itatayo) ay magdudulot ng malawakang pinsala sa kapaligiran,” ayon sa Kalikasan.

“May mas angkop at di mapaminsalang mga alternatibo sa mga megadam tulad ng solar at wind energy, microscale hydropower, water recycling schemes na maaaring gamitin para sa paggawa ng ng kuryente, irigasyon, pagkontrol ng pagbaha at suplay ng tubig ng mga Pilipino,” ayon sa grupo.

Sinisira ng mga megadam ang mga ekosistema ng ilog at suplay ng tubig sa ilalim ng lupa, ayon sa grupo. Ipaiilalim din nito ang malalaking tipak ng gubat, na sisira naman sa habitat o tirahan ng maraming malapit nang mawalang mga hayop.

Yaman ng 9 na bilyunaryong Pilipino, mas malaki sa pinagsamang pag-aari ng 55 milyong Pilipino

Enero 17, 2023

Inilabas ng Oxfam Pilipinas noong Enero 16 ang datos ang napakalaking pagkakaiba sa laki ng yaman ng iilan kumpara sa mayorya ng mamamayang Pilipino. Ayon sa pag-aaral, mas malaki pa ang halaga ng yaman ng siyam na bilyunaryo kaysa yamang hawak ng 55 milyong mga Pilipino o kalahati ng populasyon ng bansa.

Kabilang sa mga tinukoy na bilyunaryo ang magkapatid na Sy, Manny Villar, Enrique Razon, Lance Gokongwei at kanyang mga kapatid, pamilyang Aboitiz, Isidro Consunji at mga kapatid, Tony Tan Caktiong at pamilya, Jaime de Zobel Ayala at pamilya at Ramon Ang. Nagkakahalaga ng \$12.6 bilyon ang pinakamayaman sa kanila, habang \$2.4 bilyon naman ang “pinamaliit.” Liban

sa kanila, dumami rin nang halos doble ang bilang ng mga naging milyunaryo mula 2012.

Ang Oxfam ay isang internasyunal na kalipunan ng 21 organisasyon na nakatuon sa paglaban sa kahirapan. Ang impormasyon tungkol sa Pilipinas ay bahagi ng mas masaklaw na pag-aaral na ginawa nito sa halaga ng pinakamayayamang sa buong mundo. Ayon sa pag-aaral na ito, ang pinakamayamang 1% sa buong mundo ang kumopo sa 2/3 ng bagong yaman o \$43 trilyon na nalikha mula 2020. Doble ito kumpara sa yaman na napunta sa 99% ng lahat ng mamamayan sa buong mundo.

Ayon sa grupo, ang pag-iral ng yumayamang mga bilyunaryo at abot-langit na kita, habang mayorya ng mamamayan ay nahaharap sa paghihigpit, papataas na antas ng kahirapan at krisis sa gastos sa pamumuhay, ay ebidensya ng isang sistema sa ekonomya na hindi nakatutugon (sa pangangailangan) ng sangkatauhan.”

Inilabas ng Oxfam ang ulat na pinamagatang “Survival of the Richest” bilang pangkontra sa pagtitipon ng pinakamayayamang kapitalista at mga estado sa World Economic Forum na ginaganap ngayon sa Davos, Switzerland.

**Mga magsasaka sa Isabela,
pinagbabaril ng armadong maton ng
Golden Summit Mining Corp.**

Enero 18, 2023

Pinaputukan ng mga armadong maton ng Golden Summit Mining Corp. (GSMC) ang mga magsasakang nagtatanim ng gulay sa gilid ng Bundok Tappaw sa Anonang, Cordon, Isabela noong Enero 11. Pangatlong kaso na ito ng pandarahas sa kanila.

Ang GSMC ay isang kumpanyang mina na umagaw sa 100-ektaryang lupa sa Bundok Tappaw sa ilalim ng di pa aprubadong Forest Land Grazing Lease Agreement. Sa sarili nitong ulat, kumukuha pa lamang ito ng Exploration Permit Application (EXPA00015911) para sa 2,916-ektaryang lupa sa munisipalidad. Gayunpaman, iligal nang binakuran ng minahan ang bundok, pinagbabawalan ang mga magsasaka na asikasuhin ang kanilang mga pananim na gulay, saging, mais at mga bungang kahoy. Nagpadala ito ng mga armadong maton sa lugar para dahasin ang sinumang manghihimasok at makikialam sa lupa.

Labintatlong beses na nagpapatok ang mga maton noong Enero 11 sa mga magsasaka. Nagtago at umiwas ang mga magsasaka at tumawag ng pulis. Pagdating ng mga pulis, duwag silang umiwas na harapin ang mga maton at umalis lamang pagkatapos ng inspeksyon.

Tutol ang mga residente sa pang-aagaw ng lupa ng kumpanya at pandarahas ng mga maton nito. Nangangamba sila sa posibleng pagkawasak ng Bundok Tappaw dahil sa minahan. Maaapektuhan sila ng posibleng pagguho ng lupa at pagkalason ng katubigan at mga palayan mula sa pag-apaw ng itatapong basura ng mina.

Nais ng mga residente na taniman ng puno ang mas mataas na bahagi ng bundok para mabuhay ang mga bukal na sapa nito na makakatulong sa mga sakahan at kanilang kabuhayan.

Kahapon, nakamit ng mga residente ang paunang tagumpay nang matanggap nila ang endorsement ng Sangguniang Bayan sa kanilang petisyon para mailaan sa reforestation at dagdag taniman ng makakain ang lugar. Hinamon ng mga magsasaka ang DENR at lokal na pulis na tularan ang ginawa ng Sanggunian na kumampi sa kanilang makatarungang kahingian.

Ang GSMC ay sangkot sa iligal na pagmimina sa mga bahagi ng Cordon, Isabela noong 2015. Katuwang nito ang Oceana Gold Philippines Inc. sa pagsasagawa ng open-pit mining sa naturang bayan. Maging sa batas ng reaksyunaryong gubyrerno ay hindi sumunod ang naturang mga kumpanya at nakakuha ng 18,000 tonelada ng gold bearing ore (nava) kada buwan batay sa ulat ng samahang magsasaka sa Cordon noong Marso 2015.

Pagkawawa sa mga Pilipinong nars: 12-oras na paggawa, barat na sahod

Enero 18, 2023

Umaabot sa 12 oras ang karaniwang duty o araw ng pagtatrabaho ng mga nars De La Salle University (DLSU) Medical Center, ang pinakamalaking pribadong ospital sa Cavite. Ayon kay Vilma Garcia, tagapangulo ng unyon ng mga empleyado ng ospital, ito ay dahil kulang na

kulang ang iniempleyo ng kapitalistang may-ari na mga nars para mag-asikaso sa mga pasyente.

Ani Garcia, hindi lamang nagdudulot ng mental stress ang “regular” na oras na trabaho na 12 (imbes na 8 alinsunod sa kanilang karapatan laban sa sobrang pagpapatrabaho), umaapekto rin ito sa kaligtasan at kalidad ng pag-aaruga sa mga pasyente. Dulot ng malaking kakulangan ng mga nars, 43% lamang ng 250-kamang kapasidad ng ospital ang naibubukas sa publiko, o nasa 107 pasyente lamang ang kaya nitong serbisuhan.

Dagdag sa sobra-sobrang pagpapatrabaho at mahabang oras ng paggawa, labis ang pambabarat sa sahod ang ginagawa ng kapitalistang may-ari ng ospital. Nasa pagitan ng ₱12,500 at ₱16,000 lamang ang natatanggap ng isang bagong pasok na nars, malayo sa natatanggap nang ₱35,000 kada buwan na naipaglaban ng mga nars sa mga pampublikong ospital.

Ayon kay Garcia, ang mga ito ang dahilan kung bakit hindi nagtatagal ang mga nars sa ospital. Ito rin ang mga dahilan kung bakit pinipili na lamang nilang mangibang-bayan para sa mas mataas na sahod, kahit pa matindi rin silang pinagsasamantalahan at sobra-sobrang pinagtatrabaho sa ibang bansa.

Kasalatang ayaw punan

Binatikos ng Filipino Nurses United ang kapalpan ng estado at ng Department of Health na punan ang lumalalang kasalatan ng mga nars

sa bansa. Noong 2022, inamin ng ahensya na kulang nang hanggang 106,000 ang mga nars sa Pilipinas. Gayunpaman, nag-employo lamang ito ng 16,000 sa nasabing taon. Mas maliit na bilang pa ang ieemployo nito ngayong 2023 (11,795) dahil sa napakaliit na badyet na inilaan ng estado para rito.

Ayon kay DOH officer-in-charge Rosario Vergeire, 21,547 lamang ang kabuuang health care workers ang ieemployo ng ahensya ngayong taon, mas maliit kumpara sa 26,035 health workers noong 2022. Ibinukas nito ang mga pusisyon para sa 1,407 duktor, 11,795 nars, 6,938 komadrona, 222 dentista, 303 pharmacist, 601 medical technologist, 200 nutritionist, at 81 physical therapist.

Napakaliliit ng mga bilang na ito kumpara sa pangangailangang pangkalusugan ng bansa. Idinahilan ni Vergeire ang pagliit ng bilang sa debolusyon o pagpapaubaya sa mga lokal na ospital na mag-employo ng sariling mga personnel. Idinahilan din niya ang pagtapyas ng Department of Budget and Management at ng Kongreso sa badyet na isinumite ng ahensya para sa 2023.

Kayod-kalabaw, di makataong kundisyon sa ibang bansa

Kumpara sa natatanggap nilang sukdulang barat na sahod sa Pilipinas, mas mataas ang pasahod sa mga nars sa ibang bansa. Gayunpaman, kung ikukumpara ito sa cost of living (gastos ng

pamumuhay) sa kinaroonan nilang mga bansa, hindi rin ito nakabubuhay.

Isang halimbawa nito ang kalagayan ng mga nars sa United Kingdom. Noong Disyembre 2022, ikinasa ng 100,000 nars na nakapaloob sa National Health Services ang pinakamalawak na welga para igiit ang 19% pagtataas ng kanilang mga sweldo para makaagapay sa abot-langit na singil sa kuryente at panggatong at presyo ng mga pagkain. Nasa 18,000 Pilipinong nars ang nagtatrabaho sa NHS, pangatlong pinakarami kasunod sa mga nars na British at Indian.

Sa US, tuluy-tuloy ring nagwewelga ang mga nars laban sa sobra-sobrang pagpapatrabaho at di ligtas na kundisyon sa paggawa. Nito lamang Enero, nagwelga at naipanalo ng 7,000 nars sa New York ang iginiit nilang dagdag-sahod at dagdag personnel para punan ang kakulangan sa kani-kanilang mga ospital. Isa ang US sa pinakamalaking “merkado” ng mga Pilipinong nars. Sinasabi na noong 2019, isa sa bawat 20 rehistradong nars dito ay mga Pilipinong sinanay sa Pilipinas (ibig sabihin, labas pa dito ang Filipino-American).

Sa New Zealand, nagwelga noong 2021 ang 30,000 nars para igiit na swelduhan sila ng nararapat sa kanilang tinatrabaho. Ikinasa nila ang welga matapos tumanggi ang kanilang estado na itaas ang barat na sweldo nang 17%. Anila, ito ang nangungunang dahilan kung bakit marami sa mga nars na New Zealander ang nagbitiw na sa trabaho na nagresulta naman sa kakulangan ng istap. Sa gitna nito, naging laman ng balita sa

Pilipinas ang “alok” nitong mataas na sweldo at “residensiya” o sa mga nars na nais magtrabaho doon.

Mula katapusan ng 2022 hanggang sa kasalukuyan, nagkaroon din ng malalawak na welga ng mga nars sa Spain, Portugal, Denmark, Australia, Barbados at marami pang iba.

17 pulis na sangkot sa ‘Bloody Sunday Massacre’, inabswelto ng DOJ

Enero 19, 2023

Kinundena ng iba’t ibang demokratikong organisasyon ang desisyon ng Department of Justice (DOJ) na isaisantabi at ibasura ang mga kasong pagpatay na isinampa laban sa 17 upisyal ng pulis na sangkot sa pagpaslang sa lider-manggagawang si Manny Asuncion.

Martes ng gabi nang isapubliko ng DOJ ang resolusyon na inaabswelto ang mga pulis dahil sa diumano’y “kakulangan ng ebidensya.”

“Walang hustisya. Matapos ang isang taon, ibinasura ng DOJ ang kaso laban sa mga pulis na sangkot sa Bloody Sunday massacre at pagpatay kay Manny Asuncion,” ayon kay Renato Reyes Jr, pangkalahatang kalihim ng Bagong Alyansang Makabayan.

Si Asuncion, lider-manggagawa at pinuno ng Bagong Alyansang Makabayan sa Cavite, ay isa sa siyam na aktibistang pinatay sa Cavite, Laguna, Batangas at Rizal noong Marso 7, 2021, ang

tinaguriang Bloody Sunday Massacre, sa sabay-sabay na reyd ng pulis sa mga bahay ng aktibista.

“Napakasahol... tingin n’yo ba titigil ang mga pulis at militar sa pagpatay kung walang nananagot?” dagdag ni Reyes.

Ayon naman sa grupong Defend Southern Tagalog, malinaw ang mga ebidensya na pinaslang si Asuncion nang walang kalaban-laban. “Ang tuluy-tuloy na harasment kay Asuncion at kanyang organisasyon ay mga senyales ng pinaplanong pagpatay sa kanya,” ayon kay Charm Maranan, tagapagsalita ng grupo.

Aniya, mistulang nagbulag-bulagan ang prosekusyon sa katotohanang hindi makatarungang pinatay si Asuncion.

“Patuloy ang paninindigan namin na may pananagutan sa krimeng ito si dating pangulong Duterte, ang NTF-ELCAC, at mga ahente ng estado, kabilang ang 17 pulis na inabswelto,” pagdidiin ni Maranan.

Pinagtibay lamang umano ng DOJ ang palusot ng mga pulis na “nahulihan” sina Asuncion at iba pang biktima ng baril at pampasabog habang hinahainan ng search warrant. Pinalalabas pa ng mga ito na nanlaban ang mga aktibista kung kaya’t binaril.

Bilang tugo, nagprotesta sa harap ng DoJ noong Enero 18 ang mga demokratikong organisasyon mula sa Southern Tagalog at mga unyon ng Kilusang Mayo Uno.

Aerial bombing sa komunidad ng mga katutubo sa India, kinundena ng CPI (Maoist)

Enero 19, 2023

Kinundena ng Communist Party of India (Maoist) ang brutal at desperadong pambobomba ng mga armadong pwersa ng gubyerno ng India sa hindi bababa sa siyam na komunidad sa bahaging South Bastar sa hangganan ng Chhattisgarh-Telangana noong Enero 11 ng umaga. Anang grupo, nagsimula sa alas-11 ng umaga ang walang-awat na paghuhulog ng mga bomba sa komunidad para maghasik ng takot at sindakin ang mga katutubo.

“Malinaw sa ginawang ito ng reaksyunaryong gubyerno kung gaano ka-desperado ang pasistang BJP na durugin ang mga pwersang Maoista,” saad ni Kasamang Abhay, tagapagasalita ng CPI (Maoist). Aniya, napilitang gumamit ng mga sasakyang panghimpapawid ang mga pasista dahil sa takot na pumasok sa kalupaan ng kagubatan kung saan posibleng salubungin sila ng armadong paglaban ng mga katutubo. “Dahil ang mga tao sa mga rehiyong ito ay may mataas na pulitikal na kamulatan at radikal, nanginginig sa takot ang CPRF at iba pang pwersa na mag-operasyon sa kalupaan,” ayon pa kay Abhay.

Layon umano ng mga pag-atake na paatrasin at buwagin ang pagkakaisa nga mga katutubo para maibenta ang lahat ng natural na rekurso sa rehiyon sa mga imperyalista at burgesyang kumprador.

Sa harap ng pag-atake ng kaaway, nagawang patamaan ng mga pwersa ng People's Liberation Guerilla Army ng CPI (Maoist) ang umaatakeng mga pwersa. Nasira nito ang isang helikopter ng kaaway at nasugatan ang anim na pasistang sundalo.

Ayon pa kay Abhay, nakatitiyak sila na patitindihin pa ng gubyrerno ng India ang paggamit ng aerial strike at aerial bombing para tugisin ang pamunuan ng CPI (Maoist). Ngunit, aniya, "dapat malaman ng kaaway na hindi matutumbasan ng mga bomba at drone nila ang kahandaang magsakripisyo ng bawat isang gerilya, hindi nito madudurog ang rebolusyong Indian." Ganito umano ang napatunayan sa kasaysayan ng paglaban ng mamamayan sa Vietnam, Cuba, Korea, Afghanistan at kasalukuyang kabiguan na hinaharap ngayon ng mga pasista sa India at Pilipinas.

Magrebolusyon sa lahat ng panig ng mundo, panawagan ng Komite Sentral ng PKP

Enero 19, 2023

Ang pinakakagyat na tungkulin sa ngayon ng mga partido at organisasyong komunista sa buong mundo ay ang paglalapat ng unibersal na teorya ng Marxismo-Leninismo-Maoismo sa kani-kanilang bansa, upang suriin ang mga uri at tukuyin ang mga estratehiya at taktika para pamunuan ang proletaryado at lahat ng inaapi at pinagsasamantalang mga uri sa paglulunsad ng

bagong demokratiko at sosyalisang rebolusyonaryong mga pakikibaka sa buong mundo.

Ito ang pagpapaalala ng Komite Sentral ng PKP sa isang pahayag na inilabas kahapon kaugnay ng inianunsyong pagkakabuo ng International Communist League (ICL). Anang Komite Sentral, “hindi nito nakikita sa ngayon ang mga kundisyon para itatag ang isang pandaigdigang proletaryong destakamento.” Gayunman, binabati pa rin nito ang partido at organisasyong komunista sa kanilang pagsisikap na itaguyod ang Marxismo-Leninismo-Maoismo at isulong ang rebolusyonaryong pakikibaka sa iba’t ibang dako ng mundo.

“Dapat pagsikapan ng mga partido komunista na makatindig sa sariling paa at sumalalay-sa-sarili. Mabuti rin kung makahahalaw sila ng mga aral sa kasaysayan ng mga rebolusyonaryong pakikibaka sa iba’t ibang bahagi ng mundo at makipagpalitan ng pananaw sa ibang mga partido komunista,” ayon sa PKP. Gayunman, sa ngayon, magiging kontra-produktibo kung ipaiilalim nila ang kanilang mga sarili sa isang internasyunal na sentro at isuko ang kanilang kakayahang magsarili at insiyatiba.”

Paliwanag pa ng Komite Sentral, batid nito ang “matinding kagustuhan ng mga partido at organisasyong komunista para sa internasyunal na pagkakaisa at pakikipagtulungan” sa harap ng tumitinding pandaigdigang krisis at banta ng imeryalistang gera. Tungo rito, hinikayat ng PKP ang mga partido at organisasyon na maglunsad ng

mga bilateral na pagpupulong at multilateral na mga kumperensya at pagtitipon kung saan pwedeng pag-usapan ang mga mahahalagang usapin sa teorya at pratika. Umaasa rin umano ang PKP na mapalalawak nito ang internasyunal na pakikipag-ugnayan sa ibang mga partido at makapagbuo ng mas maigting na pagkakaisa at kooperasyon, kabilang na ang mga kabilang sa ICL.

Sa huli, nanawagan ang Komite Sentral sa lahat ng mga partido at organisasyong komunista na maglunsad ng kanilang pakikibaka sa sariling bansa bilang pinakamahalagang kontribusyon sa pandaigdigang proletaryong rebolusyon. Sa ganitong diwa umano, mas magiging malakas ang batayan at nakalapat sa praktika ang mga tangka ng internasyunalistang pagkakaisa.

Ang pagbubuo ng ICL ay ibinunga ng ipinatawag na Unified Maoist International Conference (UMIC) noong Disyembre 26, 2022. Nilahukan ito ng 15 partido at grupong komunista mula sa 14 na bansa, kabilang ang Committees for the Foundation of the (Maoist) Communist Party of Austria (KG(m)KPÖ), Communist Party of Brazil (P.C.B.), Red Fraction of the Communist Party of Chile (FRPCCh), Communist Party of Colombia (Red Fraction) (PCC(FR)), Poder Proletário-M-L-M Party Organization Colombia (PP-OP-MLM), Communist Party of Equator-Red Sun (PCE-SR), Maoist Committee in Finland (MKS), Maoist Communist Party (PCM) ng French State, Committee Red Flag (KRF) ng Germany, Committee for the Reconstitution of the

Communist Party of Mexico (CR-PCM), Serve the People-Communist League of Norway, Communist Party of Peru (PCP), Maoist Communist Party (PCM) ng Spain, Communist League of Sweden, at Communist Party of Turkey/ Marxist-Leninist (TKP/ML).

Kabilang sa mga resolusyon nito ay pagbati sa Marxista-Leninista-Maoistang partido komunista sa Peru, India, Turkey at Pilipinas na namumuno sa mga digmang bayan. Nagparating din sila ng pakikiramay sa pagpanaw ni Kasamang Jose Maria Sison at kinilala ang kanyang dakilang ambag sa pagsusulong ng pandaigdigang proletaryong rebolusyon sa pagtatatag sa PKP at Bagong Hukbong Bayan. Naglabas din sila ng resolusyon na kumikilala sa mga ambag ni Abimael Guzman o Presidente Gonzalo at Communist Party of Peru.

Buwisan ang yaman, hindi ang mamahaling bag lamang ng sobrang mayayaman

Enero 20, 2023

Hindi sapat na mga “luxury goods” o mamahaling produkto lamang ang buwisan para lumikom ng kailangang pondo para sa bayan.

“Hindi ito panghalili sa wealth tax (buwis sa yaman ng mga milyunaryo at bilyunaryo) na makakapaglikom ng mas mataas na pondo para sa kaunlarang panlipunan at pang-ekonomya,” ayon sa institusyong Ibon Foundation.

Ipinapanukala sa Kongreso ni Rep. Joey Salceda ang pagpataw ng buwis sa luxury goods (tinaguriang “Louis Vuitton tax”) sa alahas at mamahaling bag, alak at obra, kotse, pribadong jet, mamahaling bahay at iba pa. Makapaglilikom umano ito ng ₱12.4 bilyon, aniya. Si Salceda ang isa sa pangunahing tagapagtaguyod ng mga patakarang neoliberal at alipures sa mga usaping ekonomya ng dating presidente Gloria Macapagal-Arroyo at ngayon ay nangungunang alyado at tagapayo ni Ferdinand Marcos Jr.

Sa kabilang banda, ang wealth tax na itinutulak ng Ibon ay magpapataw ng buwis sa kita 2,945 Pilipinong bilyunaryo at makakapaglikom ng hanggang ₱468.8 bilyun kada taon. Ang mga bilyunaryong ito ay may pinagsamang halagang ₱8.2 trilyon. Kung ibabawas ang buwis, may matitira pa rin sa kanila na ₱7.7 trilyon.

Sa taya ng Ibon, kalahati ng mga Pilipinong may edad 18-pataas ay may taunang kita na mas mababa sa ₱140,000. Sa kabilang banda, ang yaman ng dalawang pinakamayamang Pilipino (Manuel Villar at Enrique Razon) ay ₱424.9 bilyon at ₱305.1 bilyon — o tatlo at dalawang milyong ulit na kita ng karaniwang Pilipino. Ang datos ng kanilang yaman ay hango sa Forbes Billionaires List na nakabatay naman sa naisapublikong halaga ng mga pribadong kumpanya, real estate, pinagmamay-aring obra at iba pa (ibig sabihin, hindi kasali ang di deklaradong yaman) ng tinaguriang mga bilyunaryo ng mundo.

Mga upisyal na sangkot sa korapsyon sa DepEd, pinakakasuhan

Enero 20, 2023

Inirekomenda ng Senado kahapon ang pagsasampa ng kasong korapsyon laban kay Christopher Lloyd Lao, dating upisyal ng Department of Budget at tauhan ng espesyal na assistant ni Rodrigo Duterte, sa kanyang papel sa korapsyon sa Department of Education. Si Lao ngayon ay upisyal sa upisina ni Sen. Bong Go, malapit na tauhan ni Duterte.

Itinuro si Lao na salarin sa pagbili ng sobrang pinatungang presyong mga laptop para sa mga guro noong nagsilbi siyang pinuno ng Procurement Service ng Department of Budget and Management sa ilalim ng rehimeng Duterte. Unang nakilala si Lao sa pagkakasangkot sa pagbili naman ng sobrang pinresyuhang face mask at PPE kasabwat ang kumpanyang Pharmally noong 2021.

Liban sa kanya, pinakakasuhan din ang dalawa pa niyang kasabwat na dating upisyal ng DBM at apat na dating upisyal ng DepEd.

Rekomendasyon din ng Senado na buwagin na ang Procurement Service ng DBM at ibalik sa mga ahensya ng estado ang procurement ng kanilang mga pangangailangan.

Sa ulat ng Commission on Audit, sobra nang ₱979 ang presyo ng biniling mga laptop noong 2021.

Imbes na asikasuhin ng DepEd, ipinaubaya ng ahensya ang pagbili sa DBM at kay Lao.

Suportado ng Alliance of Concerned Teachers (ACT) ang rekomendasyon ng Senado, ang pagbawi sa kinurakot na halaga at ilaan ito pansuporta sa mga guro.

“Mula nang ibinunyag ng COA ang anomalya, panawagan na namin ang pagpapanagot...dahil malaking inhustisya ito sa mga gurong napilitang mangutang para makabili lamang ng laptop,” ayon sa ACT. Nanawagan ang grupo na unghatin rin ang iba pang mga anomalya sa paggamit ng pampublikong pondo at pagbibigay ng sapat na atensyon sa mga pangangailangan ng mga guro.

Welga ng 450,000 manggagawa, ikinakasa sa UK

Enero 20, 2023

Halos kalahating milyong manggagawa na kabilang sa mga unyon sa United Kingdom ang naghahandang magwelga para ipaglaban ang makaratungang pagtaas ng kanilang sahod sa gitna ng pagsirit ng implasyon at pagtaas ng cost of living sa bansa. Karamihan sa kanila ay halos isang dekada nang di nakatatanggap ng dagdag-sahod, at sa aktwal ay dumanas pa ng “wage repression” o pagpako ng mga sahod sa kabila ng walang awat na pagtaas ng mga presyo ng mga bilingin at singil sa pampublikong yutilidad.

Kabilang sa mga naghahandang magwelga ang mga unyon ng mga empleyado sa guberno, guro,

istap akademiko at mga drayber ng tren na napabalitang magkakasa ng 1-araw na koordinadong welga sa Pebrero 1. Inaasahang lalahok dito ang 100,000 empleyadong pampubliko ng UK.

Ang pagkilos ay bahagi ng bumwelong kilusang welga na inilunsad ng malalaking unyon mula pa nakaraang taon. Sa Nobyembre lamang noong nakaraang taon, 467,000 “working days” ang nawala dulot ng mga welga, ayon sa Office of National Statistics ng bansa.

Noong Disyembre 2022, lalupang umarangkada ang mga welga nang ikasa ng 100,000 nars sa National Health Service ang kanilang 2-araw na pagkilos. Nagdesisyon ang unyon sa pagtangga ng kanilang departamento na ipatupad ang naisabatas nang pagtataas ng kanilang sahod. Kasabay nito, igiit nila ang dagdag-sahod nang hanggang 19% para makaagapay sila sa implasyon at dagdag na personel sa mga ospital para bawasan ang sobra-sobrang pagpapatrabaho sa kanila. Nakahanda ang mga nars na ipagpatuloy ang kanilang mga pagkilos, at sumabay sa alon ng malalaki pang pagkilos sa bansa ngayong taon.

Noon ding Disyembre, nagkasa ng welga ang mga manggagawa sa tren, drayber ng ambulansya at iba pang serbisyong pang-emerhensiya. Handa silang magwewelga sa Pebrero at Marso, hanggang di tinutugunan ng estado ang kanilang makatarungang hinaing.

Inaasahang lalawak pa ang mga welga at paglaban ng mga manggagawa sa UK lalupa't pumasok na sa resesyon ang ekonomya ng bansa.

Panrehiyong kumperensya ng Christians for National Liberation sa Negros, idinaos

Enero 21, 2023

Iniulat noong Enero 19 ng panrehiyong balangay ng Christians for National Liberation (CNL) sa Isla ng Negros ang pagdaraos kamakailan ng isang kumperensya ng mga kasapi nito. Dumalo sa sikretong pagtitipon ang mga rebolusyonaryong Kristyano mula sa iba't ibang simbahan, denominasyon, kongregasyon at institusyon sa isla.

Ang CNL ay isang lihim na organisasyon na kumakatawan sa mga rebolusyonaryong taong-simbahan sa National Democratic Front of the Philippines (NDFP). Itinatag ito noong Agosto 1972.

Sa kumperensya, binuo ng CNL-Negros ang dalawang-taong plano nito na nagdidiin sa kanilang mga gawain sa konsolidasyon at sa pagpapasigla ng integrasyon at paglahok ng mga mananampalataya sa mga pakikibaka ng batayang masa at iba pang api at pinagsasamantalang mga uri at sektor ng lipunan.

Pinagtibay din ng rebolusyonaryong organisasyon ng mga Kristyano ang kanilang pagkilala sa armadong pakikibaka bilang pangunahing armas

ng sambayanan sa pagsusulong ng pambansa-demokratikong pakikibaka. Anila, “lampas sa mga pagsisikap na mangalap ng materyal, pulitikal at iba pang suporta para sa Bagong Hukbong Bayan, dapat sumapi sa BHB at Partido Komunista ng Pilipinas ang mga rebolusyonaryong Kristyano.”

Kabilang din sa pinagtibay ng kumperensya at plano ng panrehiyong balangay ng CNL ang “aktibong pagpapalahok ng paparaming bilang sa anti-imperyalista, anti-pyudal at anti-pasistang kilusang masa sa kalunsuran at kanayunan.”

Dagdag pa ng grupo, magiging bahagi ng pagsisikap nila para palakasin ang kasalukuyang kasapian at palawakin ang hanay ang paglulunsad ng marubdob na pag-aaral ng rebolusyonaryong mga prinsipyo at maraming iba pang aktibidad pang-ideolohiya at pampulitika.

“Moral na tungkulin at responsibilidad ng kasalukuyang mga Kristyano na manindigan laban sa inhustisya, pang-aapi at pagsasamantala. Ito ang rebolusyonaryong legasiya ni Kristo na tumindig laban sa mapang-aping Emperyo ng Roma at inihatid ang mabuting balita ng pagpapalaya sa mahihirap at api,” anang grupo.

Tinalakay din ng CNL-Negros ang kanilang magiging kampanya para itulak ang muling pagbubukas ng usapang pangkapayapaan sa pagitan ng Guberyno ng Republika ng Pilipinas (GRP) at NDFP. Idiniin nito na para mangyari ito ay dapat kilalanin ng GRP ang dati nang napirmahang mga kasunduan sa negosasyon.

Matatandaang inilunsad ng CNL ang ika-9 na Kongreso nito noong huling hati ng 2022 sa temang “Konsolidahin at palawakin ang ating hanay! Magkaisa at ibagsak ang tiraniyang US-Marcos II sa pagsusulong ng Pambansa Demokratikong Rebolusyon na may sosyalistang perspektiba! Isulong ang digmang bayan!” Nagmula ang mga delegado ng naturang kongreso sa Luzon, Visayas at Mindanao. Sa kauna-unahang pagkakataon, mayroon ding mga dumalong delegado mula sa mga balangay nito sa ibayong dagat.

2 milyon, nagprotesta sa France laban pagtaas ng edad pagretiro

Enero 23, 2023

Dalawang milyong mamamayan ang nagwelga at nagprotesta sa iba’t ibang bahagi ng France noong Enero 22 para labanan ang panukalang pagtataas ng edad sa pagreretiro mula 62 tungong 64 taong gulang. Layunin ng panukala na patagalin ang pagpiga pareho sa lakas-paggawa ng mga manggagawa at buwis sa kanilang mga sahod. Pinakamalaki ang protesta sa Paris, kabisera ng bansa, kung saan halos isang milyon ang humugos sa mga lansangan.

Inilulusot ng presidente ng bansa na si Emmanuel Macron ang panukala bilang “pagsalba” sa sistemang pensyon ng bansa. Aniya, tumatanda ang populasyon ng France, at humahaba ang life expectancy o tagal ng buhay kaya diumano kailangang ipagpaliban ang pagreretiro ng mga manggagawa at palakihin ang pondong

pampensyon. Sa bagong panukala, kailangang nakapagtrabaho muna ng kabuuang 43 taon ang isang manggagawa bago siya maging kwalipikadong mabigyan ng pensyon. Huling tinangkang ilusot ang panukala noong 2019. Lahat ng mamamayan sa France ay nakatatatanggagap ng pensyon sa pagretiro nila.

Mariing kinundena ng mga manggagawa ang panukala ni Macron. Anila, ang batas sa pagreretiro ay tagumpay na matagal na ipinaglaban ng mga unyon. Imbes na dagdagan ng dalawang taong pagtatrabaho ang matatanda nang manggagawa, iginigiit nila na buwisan ni Macron ang yaman ng sobrang mayayamang French o di kaya'y itaas ang kontribusyon ng mga kapitalista sa pondo ng pensyon.

Kasama sa mga protesta ang maraming kabataang manggagawa. Naniniwala silang dapat ipagtanggol ang mga tagumpay na naipanalogs mga nauna sa kanila. Liban dito, ipinuprotesta rin nila ang barat na sahod na harap ng pagtaas na gastos sa kabuhayan.

Mga sinisanteng manggagawa sa Lazada, ipinababalik ng Korte Suprema

Enero 23, 2023

Ipinag-utos ng Korte Suprema na ibalik ng kumpanyang Lazada ang limang “rider” o tagadeliber na sinisante nito noong 2017. Ayon sa Korte Suprema, ang tagadeliber ay regular na manggagawa sa kumpanya, at hindi simpleng

“independyenteng kontraktor” tulad ng unang desisyon ng National Labor Relations Commission at Court of Appeals.

Ipinag-utos din ng korte na bayaran ng kumpanya ang backwages ng lima na sina Chrisden Cabrera Ditiangkin, Hendrix Masamayor Molines, Harvey Mosquito Juanio, Joselito Castro Verde, at Brian Anthony Cubacub Nabong. Kabilang ang lima sa inempleyo ng Lazada noong 2016 para kunin ang mga parsela mula sa mga “seller” ng website at dalhin ang mga ito sa bodega ng Lazada. May sahod silang ₱1,200 kada araw. Kara-karaka silang sinisante sa sumunod na taon.

Isinapubliko noong Enero 20 ang desisyon ng korte na may petsang Setyembre 22, 2022. Tinaguriang “landmark” o makasaysayan ang desisyon para sa mga taga-deliber ng iba’t ibang kumpanyang nagbebenta online. Ang Lazada ay isang kumpanyang Chinese na nagbebenta ng samutsaring produto sa pamamagitan ng internet at nagdedeliber diretso sa mga bahay ng mga mamimili gamit ang mga drayber.

Ayon sa Korte Suprema, malinaw ang relasyong taga-employo at empleyado ng Lazada at naturang mga taga-deliber, tulad ng kontrata, pagpapasahod, kakayahan ng Lazada na sisantehin sila at kontrol sa performance ng mga rider. Mas mahalaga, ayon sa korte, nakaasa ang mga rider sa kumpanya para sa tuluy-tuloy nilang pagtatrabaho.

Reyd sa upisina ng progresibong unyon sa Korea, kinundena

Enero 23, 2023

Kinundena ng mga progresibong manggagawa at mamamayan sa Asia at sa buong mundo ang ginawang pagreyd ng gubyrno ng South Korea sa tanggapan ng Korean Confederation of Trade Unions (KCTU) noong Enero 18.

Sa press conference na isinagawa ng komite sentral ng kumpederasyon, isinalaysay nito kung paanong pwersahang pinasok at 10 oras na hinalughog ng mag ahente ng National Intelligence Service (NIS) sa upisina nito.

Kinundena ng KCTU ang pagdedeploy ng mahigit 1,000 pulis para ipatupad ang “seize and seizure warrant” sa kanilang upisina, na anito’y lumikha ng kaguluhan at sumira sa prestihiyo ng kumpederasyon.

Pinararatangan ng NIS ang istap at dalawang myembro ng KCTU na lumabag sa National Security Law, isang batas na sobrang mapaniil at malaon nang ipinababasura.

“Nakapanlulumo na ang demokrasyang ipinaglaban sa nakaraang mga dekada ay yuyarakan lamang ng isang tao, ang presidente ng bansa,” pahayag ni Yang Kyeung-soo, presidente ng KCTU. Kinundena niya ang “hyper-publicized” o labis na isinapublikong operasyon at pagtatambak ng sobra-sobrang pwersa saan gumamit pa ng mga loudspeaker ang mga pulis

para isiwalat sa buong komunidad ang laman ng seize and seizure warrant.

Aniya, malinaw na ang layunin ng “hyper-publicized” na operasyon ay para pagtakpan ang samutsaring isyung kinakaharap ng mamamayang Korean sa ngayon — mula sa mga kapalpakan ng presidente, internal na mga bangayan sa naghaharing uri at krisis sa kabuhayan ng malawak na masang Koreano.

“Ito ay para patahimikin ang KCTU na walang tigil na nagpapahayag ng kritisismo laban sa gubyerno,” ayon kay Yang.

Suportado ng International League of Peoples’ Struggles ang pakikibaka ng KCTU sa mapaniil na rehimeng Yoon Seok-yeol.

Hustisya para migranteng pinatay sa Kuwait, ipinanawagan

Enero 24, 2023

Hustisya! Ito ang sigaw ng mga kamag-anak at kaibigan ni Jullebee Ranara, sampu ng mga kapwa niyang mga migranteng manggagawa. Si Ranara, isang kasambahay, ay natagpuang patay sa gitna ng disyerto ng Kuwait noong Enero 22. Siya ay pinaniniwalaang ginahasa bago pinatay.

“Nananawagan kami na agarang resolbahin at dalhin sa kaparaanan ng hustisya ang pumaslang kay Ranara at magawaran ng lahat ng nararapat na indemnipikasyon ang naiwan niyang pamilya,” pahayag ng grupong Migrante ngayong araw, Enero 24. “Kasabay nito, dapat ding imbestigahan

ang mga upisyal at mga kagawaran ng gobyerno ng Pilipinas sa Kuwait sa lumalabas na malalang pagpapabaya nila sa mga OFW sa nasabing bansa.”

Ayon sa mga ulat sa Kuwait, si Ranara ay ginahasa ng anak ng kanyang amo bago pinatay. Ang bangkay niya ay tinapon sa disyerto at sinunog. Napag-alaman na basag ang bungo ng biktima.

Ayon sa Migrante, laganap ang mala-aliping kalagayan ng daan-daang domestic worker sa Kuwait. “Sa nakalipas na mahigit anim na taon, hindi matigil ang karumal-dumal na pagpaslang sa ating mga kababayan,” ayon sa grupo. “Walang nagbabago sa kanilang kalagayan kaya’t nasundan ng pagpatay kay Ranara ang sinapit ng mga pinaslang na domestic workers na sina Joanna Demafelis, Jeanelyn Villavende at marami pang iba.”

Sa ngayon, mayroon pang 400 inabusong migranteng Pilipino ang hindi makauwi at tila ikinulong sa mga pasilidad ng gubyerno ng Pilipinas sa Kuwait.

Noong 2018, kunwa’y ipinagbawal ng estado ng Pilipinas, sa ilalim ng rehimeng Duterte, ang pagpapadala ng mga manggagawa sa Kuwait dahil sa tindi at lawak ng mga abusong natatamo ng mga Pilipino doon. Pumasok pa ang Pilipinas sa isang kasunduan sa gubyerno ng Kuwait (Memorandum of Understanding) bago muling payagan ang mga migrante na magtrabaho doon. Sa kabila nito, walang nagbago sa kanilang kalagayan.

Ayon sa grupo, pinahintulutan ng estado sa Pilipinas na pumasok ang mga Pilipino sa sistemang kafala sa Kuwait, kung saan direktang “iniisponsor” ng mga pamilya at kumpanyang Kuwaiti ang ineempleyo nilang manggagawa. Sa ilalim ng sistemang ito, mistulang alipin ang mga kasambahay dahil nakatali sa “isponsor” o employer ang kanilang legalidad at paninirahan. Bawal silang lumipat ng trabaho o umalis nang walang pahintulot sa mga abusadong amo. Sinumang lalabag dito ay maaaring arestuhin at ikulong.

Prayoridad ng estado ang makapiga ng maksimum na ganansya mula sa remitans, ayon sa grupo. “(D)eregulado ang patakaran sa deployment, integrado sa patakarang serbisyo ng gubyrerno na tiisin ng mga domestic workers ang kanilang kalagayan,” dagdag nito.

Mas masahol, itinutulak nito ang mga migrante na makipagkasundo kahit sa mga nang-aabusong amo. Sa halip na tulungan, ipinapasa ng estadong Pilipino ang obligasyong serbisyo sa migrante o ahensya ng paggawa na nagpadala sa kanya sa bansa sa panahon ng mahigpit na pangangailangan.

“Laganap ang ganitong kalakaran na maituturing bilang makabagong-panahong pang-aalipin sa Gitnang Silangan kung saan nagtatrabaho ang kalakhan ng mga Pilipinong domestic worker,” ayon sa grupo.

3 sundalo ng AFP, patay; 7 nasugatan sa engkwentro sa BHB

Enero 25, 2023

Kinumpirma ngayong araw ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Southwest Negros (Armando Sumayang Jr. Command) ang naganap na engkwentro sa pagitan ng yunit nito at ng 15th IB sa Sityo Malipayon, Barangay San Jose, Sipalay City noong Enero 18.

Dahil sa kakayahang gerilya ng yunit, nagawa nitong agawin ang inisyatiba sa mga sundalo at napinsalaan ng 10 ang kaaway. Tatlo ang kumpirmadong napaslang sa 15th IB habang pitong iba pa ang nasugatan.

Ayon kay Ka Andrea Guerrero, tagapagsalita ng yunit ng BHB, 10 minuto ang itinagal ng bakbakan at matapos nito ay ligtas na nakamaniobra at nakaatras ang yunit ng hukbong bayan.

Ibinaling ng mga sundalo ang pasistang bangis sa lokal na populasyon matapos ang naturang engkwentro. Tulad ng ginawa sa Himamaylan City at iba pang bahagi ng Negros, nagpatupad ng militaristang lockdown sa Sityo Tabon-tabon at Sityo Malipayon sa Barangay San Jose, Sipalay City at ang mga komunidad sa katabing Barangay Baclao, Cauayan.

Sapilitang pinagbakwit ang may 200 pamilya o halos 500 indibidwal sa mga eskwelahan at sentro ng barangay. Apektado ng sapilitang pagbabakwit

na ito ang kabuhayan ng mga magsasaka at residente.

Sa ulat na natanggap ng BHB-Southwest Negros, pinagbawalan umano ang mga residente na magsaka, bumalik sa kanilang bahay at lumabas sa kanilang sityo. Iligal ding inusisa ng mga sundalo ang mga biniling pagkaing pangkonsumo ng mga residente.

Pekeng engkwentro

Pinasinungalingan naman ni Guerrero ang pinalalabas ng 15th IB na isang engkwentro ang naganap sa Camalanda-An, Cauayan. Ayon kay Guerrero, “mga sibilyan ang kanilang pinaputukan at pinalabas lang na engkwentro.” Ang ganitong disimpormasyon ay bahagi lamang ng taktika ng AFP para bigyang-katwiran ang pinalawig na militarisasyon sa mga komunidad na pinalalabas na mayroong engkwentro.

Nagpapatunay umano ito na walang pagkilala ang AFP sa pagkakaiba ng mga armado at sibilyan.

Sa harap nito, idineklara ng BHB-Southwest Negros: “Handa ang mga Pulang mandirigma ng mamamayan na depensahan ang buhay at kabuhayan ng masa.”

2 upisyal, 4 na sundalo, sangkot sa pagpatay sa isang babaeng negosyante

Enero 26, 2023

Pinangalanan na bilang utak ng pagpatay sa isang babaeng negosyante si Brig. Gen. Jesus Durante III, kumander ng 1001st IBde at dating hepe ng Presidential Security Group noong presidente pa si Rodrigo Duterte. Liban sa kanya, limang sundalo pa ang itinurong sangkot sa pagpatay.

Ang pagpangalan sa anim na sundalo ay resulta ng imbestigasyon ng Special Investigation Task Force na binuo para tukuyin ang mga pumatay kay Yvonne Chua Plaza, ang nabanggit na negosyante, noong Disyembre 30, 2022. Liban kay Durante, sangkot din sina Colonel Col. Michael D. Licyayo, Staff Sergeant Gilbert P. Plaza, Sergeant Delfin Llamansares Sialsa Jr., Corporal. Adrian N. Cachero, Private First Class Rolly Cabal at Romart Longakit. Pinangalanan din ang isang sibilyan na nagngangalang Noel Japitan, isang alayas Master Sergeant at isang alyas Junior.

Ayon sa task force, mismong ang bumaril na si Sialsa ang nagturo kay Durante. Inutusan umano ni Durante si Licyayo, ang kanyang deputy commander, para buuin ang 6-kataong tim para patayin si Chua-Plaza. Ginamit ng mga sundalo ang baril na inisyu sa kanila ng militar. Hawak na ng pulis ang apat sa mga salarin. Samantala, itinago na ng Philippine Army si Durante at Licyayo kahit wala pang inilalabas na warrant para sa kanya. Gayunpaman, animo'y minamaliit na ng hepe ng task force ng pulis ang krimen ni Durante sa pagsabing maaaring "crime of passion" ang pagpatay.

Noong Enero 2, iginiit ng grupong pangkababaihan na Gabriela ang mabilis at

independyenteng imbestigasyon sa kaso lalupa't sangkot dito ang mataas na upisyal-militar.

Kamakailan lamang, ipinaskil ng mga kaibigan ni Chua-Plaza ang mga mensahe niya noong nakaraang taon kung saan takot na takot siya kay Durante. Ipinadala niya sa naturang mga kaibigan ang mga screenshot ng mga post niya sa Facebook na pinag-initan at personal na binura ni Durante sa kanyang selpon.

Kabilang sa mga post na ito ang mga litrato na nagpapakita ng kanyang mukha at braso na bugbog sarado. May nakalagay na teksto na "ginawa ito ni Jess Durante." Isa pang post ang isang banta ni Chua na isisiwalat niya ang tunay na kwento sa pagpaslang ng militar kina Menardo Villanueva (Ka Bok) at Chad Booc. Aniya, maraming siyang ebidensya na sangkot si Durante sa naturang mga krimen, at tiyak siya na kung isisiwalat niya ang ito, matatanggal sa militar ang upisyal.

Updated: 7:10 pm, January 27, 2023

Hustisya, tunay na reporma sa lupa, sigaw ng magsasaka

Enero 26, 2023

Nagmartsa ang mga grupo ng magsasaka sa pamumuno ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP), kasama ang iba pang demokratikong grupo tungong Mendiola sa Maynila noong Enero 22 para gunitain ang ika-36 anibersaryo ng

Mendiola Massacre. Kasunod ito ng isang porum kaugnay ng pakikibaka para sa tunay na reporma sa lupa na inilunsad rin sa Manila.

Nakiisa sa naturang mga aktibidad ang mga magsasaka at grupong demokratiko na mula sa Metro Manila, Cavite, Laguna, Batangas, Rizal, Quezon, at Bulacan.

Bago ang protesta sa Mendiola, ang mga magsasaka at grupong mula sa Southern Tagalog ay nagtipon sa Plaza Lacson, Manila.

Ayon kay Orly Marcellana, Tanggol Magsasaka-TK regional coordinator, "Panawagan namin ang hustisya para sa mga magsasaka at paglaban sa patuloy na atake sa mga magsasaka gamit ang mga kontra-terorismong operasyon ng gobyerno."

Sa Mendiola, binigyang-pugay ng KMP ang 13 martir ng Mendiola Massacre: Danilo Arjona, Leopoldo Alonzo, Adelfa Aribe, Dionisio Bautista, Roberto Caylao, Vicente Campomanes, Ronilo Dumanico, Dante Evangelio, Angelito Gutierrez, Rodrigo Grampan, Bernabe Laquindanum, Sonny Boy Perez, at Roberto Yumul.

Ang Mendiola Massacre ay naganap noong Enero 22, 1987 kung saan pinaulanan ng bala ng mga sundalo at pulis ng noo'y rehimeng Aquino I ang mahigit 20,000 nagpuprotestang magsasaka at kanilang mga tagsuporta sa paanan ng tulay ng Mendiola patungo sa Malacañang. Nananawagan noon ang mga magbubukid para sa tunay na reporma sa lupa at makatarungang kapayapaan.

Napaslang sa naturang masaker ang 13 magsasaka at sugatan ang daan-daang iba pa.

Ayon sa KMP, “ang mga magsasakang nagmartsa sa Mendiola noong 1987 ay nauna nang biktima ng ilang dekadang pang-aapi at pagsasamantala ng diktadurang Ferdinand Marcos Sr. Sila ang mga magsasakang binangkarote ng Masagana 99, pinagnakawan sa Coco Levy Scam, minasaker sa Escalante, sa Guinyangan, sa Lupao at iba pang lugar.”

Nanawagan ang mga grupo ng hustisya para sa mga biktima ng masaker na hindi pa rin nila nakakamtan 36 taon na ang nakalipas. Anang KMP, “laganap pa rin ang pang-aagaw ng lupa ng masang magbubukid, at militarisasyon sa kanayunan. Nananatiling sadlak sa gutom, kahirapan, at abuso ang magsasaka at mamamayan.”

Dagdag pa ng mga magsasaka, laganap sa kanayunan ang panggigipit ng militar at pananakot. Kinundena nila ang pakanang “localized peace talks” ng administrasyong Marcos na tabing lamang sa aktwal na militarisasyon, red-tagging, peke at pwersahang “pagpapasuko” ng mga sundalo sa mga komunidad ng magsasaka.

Paggawad ng pagkilala ng UP kay Mark Villar, binatikos ng mga estudyante

Enero 26, 2023

Binatikos ng mga mag-aaral ng University of the Philippines (UP) ang inianunsyo ng administrasyon ng pamantasan na gagawaran ng “honoris causa” si Sen. Mark Villar bukas, Enero 27, sa UP Diliman College of Law. Ipagkakaloob ng UP ang degree na Doctor of Laws kay Villar dahil umano sa kanyang mga “ambag at kontribusyon” sa unibersidad.

Inirehistro ng UP Office of the Student Regent, kinatawan ng mga estudyante sa Board of Regents ng UP, ang pagtutol at pagkadismaya sa desisyong ito ng UP. Minaliit ni Student Regent Siegfried Severino ang mga “kontribusyon” ni Villar sa unibersidad, at ikinumpara iyon sa maraming kaso ng “pangangamkam ng lupa at development aggression” ng naghaharing angkan ng mga Villar.

Dagdag pa ni Severino, ang mga paglabag na ito ng pamilyang Villar sa karapatan ng mga magsasaka at mahihirap ay pinalubha nang siya ay manungkulang bilang kalihim ng Department of Public Works and Highways sa ilalim ni dating pangulo Rodrigo Duterte.

“Ang pagkakaloob sa kanya ng isang honorary degree ay mistulang pagsasaisantabi sa mga susing usapin na ito,” ayon kay Severino. Naniniwala ang rehente na dapat umanong maging pamantayan ng paggagagawad ng ganitong mga pagkilala “hindi lang ang kanilang mga kontribusyon sa Unibersidad, kundi maging ang kanilang pampublikong katayuan.”

Si Mark Villar ay anak ng multi-bilyunaryong si Manny Villar at Sen. Cynthia Villar. Si Manny Villar, na mayroong tumataginting na ₱424.9 bilyon, ay kabilang sa pinakamamayang Pilipino sa bansa. Si Mark ay kasalukuyang senador kasama ang kanyang ina. Saklaw ng pamilyang Villar ang maraming negosyo sa real estate, patubig at iba pa.

Pag-aari nila ang bulok na PrimeWater Infrastructure Corporation na pinuna ng Commission on Audit noong 2021 sa mga paglabag nito sa mga kontrata sa di bababa sa 38 water district sa buong kapuluan. Kabilang sa mga ito ang paglilihim ng plano sa hatian ng kita at kawalan ng plano sa pagpapaunlad at pagtiyak ng suplay ng tubig.

Nauna nang binigyan ng UP ang dalawang kumprador na sina Ramon Ang, punong ehekutibo ng San Miguel Corporation, at Manny Pangilinan, chairman ng mga kumpanya sa telekomunikasyon na PLDT at Smart at ng Manila Electric Company, ng parangal noong nakaraang linggo. Kilala ang dalawa sa maraming mga kaso ng paglabag sa karapatan ng mga manggagawa.

Paglago ng GDP, “malayo sa sikmura”

Enero 27, 2023

Hindi ramdam ng mamamayan, laluna ng mahihirap, ang ipinagmamalaki ni Ferdinand Marcos Jr na 7.6% na diumano’y paglago noong 2022 ng gross domestic product (GDP o lokal na produksyon) ng Pilipinas. Ayon sa grupong

Kadamay, “malayo sa sikmura” ng maralitang Pilipino ang ipinagdiriwang na “pag-unlad” ni Marcos Jr.

“Wag nating kalimutang ayon mismo sa mga datos ng gobyerno, patuloy ang pagtaas ng presyo ng bilihan, dumami ang bilang ng mga pamilyang nawalan ng ipon, at lumaki ang bilang ng mga nagtatrabaho sa impormal na ekonomya na ang ibig sabihin ay paglobo ng kawalang katiyakan sa trabaho, pagbaba ng tunay na halaga ng sahod, at mas matinding kagutuman,” ayon sa grupo sa pahayag nito noong Enero 25. Sa pagpasok ng 2023, hindi sila umaasang tutugunan ng “byaherong pangulo” ang lumalalang kagutuman.

Kinutya ng mga maralita ang paghahari ni Marcos Jr bilang “gutom era.” Ayon mismo sa estadistika ng estado, anito, lumaki tungong 20 milyon (nadagdagan ng 2.3 milyon) noong 2022. Pinakamarami ang dumanas ng gutom sa pagitan ng Oktubre at Disyembre noong nakaraang taon dulot ng nagtaasang presyo ng mga bilihan.

“Flash in the pan” o isang bagay na mabilis lamang dumaan at di na mauulit ang tawag ng Ibon Foundation sa ipinagmamayabang na paglago ng GDP. “Rebound” o bwelo lamang ito mula sa matinding pagbagsak ng ekonomya na idinulot ng mahihigpit na lockdown sa panahon ng pandemya. “Tiyak na magkakaroon ng matarik na pagbulusok ngayong taon,” ayon sa institusyon sa pahayag nito noong Enero 27.

“Niloloko lamang ng gubyerno ang publiko kaugnay sa paglago,” ayon sa Ibon. Gusto lamang

nitong ibida ang kunwa'y "good stewardship" ni Marcos Jr sa ekonomya. Ang malala, hindi ito magtatagal dahil nasagad na ang "paglago" mula sa makasaysayang 9.5% na pagbagsak ng lokal na produksyon noong 2020. "Babalik na ito (ekonomya) sa dating direksyon na mabagal na paglago bago magpandemya."

Sa aktwal, nagsimula na ang pagbagal sa ikaapat na kwarto ng 2022 kung saan lumago nang 7.2% ang ekonomya, pinakamabagal sa buong 2022. Ang ipinagmalaking "revenge spending" o pagtaas ng paggasta ng mga pamilya (household consumption) ay tumumal na mula pa pangalawang kwarto ng taon. "Malinaw na walang bwelo ang paggasta kahit noong Pasko," ayon sa institusyon.

Samantala, pangatlong taon nang bagsak ang produksyon sa agrikultura sa 2022. Ayon mismo sa datos ng estado, negatibo o nasa -0.1% ang paglago ng lokal na agrikultura noong 2022. Bago nito, kumitid ang produksyon sa sektor nang -1.7% (2021) at -1.2% (2020.) Kahit noong 2019, di signipikante ang paglago ng agrikultura (0.3%). Sa magkasunod na tatlong taon, bagsak ang pananim at pangisda. Bahagyang tumaas ang produksyon ng livestock (1.9%) pero hindi ito sapat para batakin pataas ang produksyon ng buong sektor.

Karapatan ng mga manggagawa sa impormal na sektor, iginiit sa ILO HLTM

Enero 28, 2023

Bahagi sa mga nagsumite ng kanilang mga hinaing sa kagaganap lamang na High-Level Tripartite Mission ng International Labor Organization ang mga manggagawa sa ilalim ng grupong Kadamay at Piston. Ipinanawagan nila ang paggalang sa kanilang mga karapatan bilang mga manggagawa, na katulad sa ibang sektor ay niyuyurakan ng mga pwersa ng estado. Naghapag ng mga kaso ng pang-aatake ng estado sa ang dalawang grupo na kinabibilangan ng malawakang red-tagging, militarisasyon, police haraasment, ilegal na pang-aaresto, pagsasampa ng gawa-gawang mga kaso, at pwersahang pagpapasuko bilang rebelde sa mga komunidad.

Sa pamamagitan ng ILO-HLTM, nananawagan ang Piston at Kadamay na itigil ang mga pang-aatake sa kanilang mga komunidad at organisasyon at itaguyod ang kanilang karapatang mag-organisa para sa ikabubuti ng kanilang sektor. Kabilang sa mga kasong ikinampanya ng grupo sa ILO-HLTM ang pagpatay ng mga sundalo noong 2020 sa secretary general ng Kadamay na si Carlito Badion.

Nanawagan din sila ng dagdag na mga social protection o benepisyo at pagkilala sa kanilang karapatan na mag-organisa ng mga unyon at makipagtawaran, anuman ang ugnayan nila sa kanilang mga amo (regular o kontraktwal), para

resolbahin ang mga kinakaharap nilang isyu sa kanilang mga komunidad o lugar sa trabaho. Kaisa sila sa panawagang itaas ang sahod, pagkakaroon ng pambansang nakabubuhay na sahod, katiyakan sa trabaho, at iba pa.

Sa Pilipinas, malaking bahagi ng mga manggagawa ay mala-manggagawa o yaong nasa impormal na sektor. Karamihan sa kanila ay matatagpuan sa maralitang mga komunidad. Sila ang mga kasambahay, maliliit na manininda, mga manggagawa sa konstruksyon at iba pang manggagawa sa mga subsektor ng serbisyo at manupaktura na di regular ang trabaho, walang mga benepisyo at napakababa ng kita at sahod. Hindi sila ligtas sa mga pang-aatake at paglabag sa karapatang-tao.

Papalaki ang impormal na sektor sa nakaraang taon at parami nang parami ang nauuwi sa mga trabahong “mababa ang kalidad.” Ayon sa Ibon Foundation, nagtala ang estado ng 21.5 milyong impormal na manggagawa noong Nobyembre 2022, o 43.2% ng lahat ng itinuturing na “may trabaho” o employed. Kabilang sa kanila ang 2.1 milyong kasambahay, 13.4 milyong self-employed, at 6 na milyong nagtatrabaho sa mga sakahan at negosyo ng kanilang mga pamilya (malaking bahagi nito ang 4.4 milyong unpaid family worker). Wala pa sa mga bilang na ito ang mga impormal na manggagawa sa mga pribadong establisimyento, ayon sa Ibon.

Noong 2002, kinilala ng International Labour Conference na ang mga impormal na manggagawa o yaong hindi saklaw ng mga pormal na

kasunduan ay mga manggagawa, at sa gayon, may responsibilidad ang internasyunal na kilusang unyonismo at mga gubyerno na suportahan at tulungan ang kanilang mga organisasyon at tiyakin ang kanilang representasyon. Pinagtibay ito noong 2015 nang ipinasa ng ILO ang Transition from the Informal to the Formal Economy Recommendation.

Mamamahayag na si Frenchie Mae Cumpio, iba pa, dapat palayain

Enero 28, 2023

Nagprotesta ang mga mamamahayag mula sa Altermidya Network, National Union of Journalists of the Philippines (NUJP), at College Editors Guild of the Philippines (CEGP) sa Department of Justice sa Manila noong Enero 23 para igiit ang kagyat na pagpapalaya kay Frenchie Mae Cumpio at iba pang kabilang sa tinaguriang ‘Tacloban 5’. Kasabay ito ng unang pagdinig ng isinampa sa kanilang ‘financing terrorism’ sa korte sa Tacloban City.

Si Cumpio ay isang mamamahayag para sa Eastern Vista, alternatibong midya sa rehiyon ng Eastern Visayas. Inaresto siya kasama sina Marielle “Maye” Domequil ng Rural Missionaries of the Philippines, Alexander Philip Abinguna, Mira Legion at Marissa Cabaljao sa isang iligal na reyd ng mga pulis noong Pebrero 7, 2020 sa kanilang upisina. Sinampahan sila ng gawagawang kasong illegal possession of firearms.

Matapos ang higit isang taon, sinampahan naman sila ng kasong “financing terrorism.” Pinalalabas ng estado na ang pondong nasamsam mula sa kanila ay para umano sa mga operasyon ng Bagong Hukbong Bayan na pilit nitong binabansagan bilang “teroristang organisasyon.”

Ayon sa mga grupo ng mamamahayag, ginigipit sina Cumpio dahil sa kanilang trabaho bilang mga mamamahayag. Ang Eastern Vista ay masugid na nag-uulat sa kalagayan ng api at pinagsasamantalang mga sektor sa rehiyon.

Sa isang pahayag na inilabas ng Altermidya Network, sinabi nilang ang perang nasamsam ng estado sa iligal na reyd ay sumailalim sa isang pagdinig ng “civil forfeiture” o pag-aangkin ng estado sa pera sa isang korte sa Manila noong Disyembre 2022 nang walang abiso sa mga akusadong sila Cumpio at iba pa. Kaugnay nito, anang grupo, nagsampa sila ng isang motion for reconsideration sa desisyon ng korte.

Sa protesta, idiniin ng NUJP kung paanong ginagamit ang batas para patahimikin ang midya at mga organisasyong masa. Kadugtong umano ng mga ito ang patuloy na red-tagging ng estado, pag-block sa mga website at dumaraming bilang ng mga kasong cyberlibel sa mga mamamahayag.

Hustisya kay Gerry Ortega

Nang sumunod na araw, muling nagprotesta ang mga mamamahayag sa Boy Scout Circle sa Quezon City para manawagan ng hustisya sa pagpatay sa mamamahayag na si Gerry Ortega sa

Puerto Princesa, Palawan, 12 taon na ang nakalilipas.

Nagtirik sila ng mga kandila para kay Ortega at iba pang mamamahayag na ginigipit at pinatatahimik. Ayon kay NUJP Secretary General Len Olea, napakailap ng hustisya sa bansang Pilipinas.

“Nagpapatuloy pa rin tayo sa kampanya para kamtin ang hustisya para kay Dr. Gerry Ortega. Ang kanyang kaso ay emblematic ng level of impunity (tanda ng pagkawalang pakundangan) na kinahaharap ng ating bayan. Mantakin niyo na lang ang alleged mastermind ay nakatakbo pa sa eleksyon,” ayon kay Olea.

Ayon sa Center for Media Freedom and Responsibility, hindi bababa sa 176 kaso ang pagpaslang sa mga mamamahayag simula 1986. Sa bilang na ito, tanging 19 o 11% lamang ang mayroong napanagot.

Mga akawnt ng progresibong organisasyon na tinanggal ng Facebook, nakabalik na

Enero 28, 2023

Matapos igiit ng mga progresibo at demokratikong organisasyong kabilang ang Bagong Alansang Makabayan (Bayan), Kilusang Mayo Uno (KMU) at Anakabayan, ibinalik na ng Facebook ang tinanggal nitong mga page ng naturang mga grupo. Inianunsyo kahapon ng

Bayan ang pagbabalik sa kanilang mga Facebook page.

Walang paliwanag na sinensor ng Facebook ang tatlong page at marami pang indibidwal na akawnt noong katapusan ng Disyembre.

Pinaniniwalaang may kaugnayan ito sa pag-post ng mga ito ng mga pahayag at parangal para sa lider-rebolusyonaryo na si Prop. Jose Maria Sison na pumanaw noong Disyembre 16, 2022.

Nauna nang kinundena ng Bayan ang panggigipit ng Facebook na binansagan nitong “automated censorship” at “pamumulis sa internet kasabwat ang mga troll ng estado at mga awtoritaryang rehimen.”

Inakusahan ng Facebook ang mga grupo ng paglabag sa mga pamantayan nitong “delikadong mga indibidwal at organisasyon.” Ang mga pamantayan at patakarang ito ay itinatakda ng Facebook katuwang ang Atlantic Council, isang maka-Kanang organisasyon na pinatatakbo sa kalakhan ng mga dati at aktibong myembro ng Central Intelligence Agency ng US.

Nagpasalamat ang Bayan sa lahat ng nakiisa at tumulong sa kanilang ipanawagan ang pagbabalik ng kanilang mga platapormang online. Anila, “mahalaga ang pushback (o pagkontra) na ito laban sa online na pagsesensor.”

Ayon pa sa grupo, magpapatuloy sila sa paggamit ng kanilang presensya online para magsalita para sa mga inaapi at pinagsasamatalahan at para sa

kilusan ng mamamayang Pilipino para sa tunay na kalayaan at demokrasya.

Sa kasagsagan ng kampanya ng mga grupo na ibalik ang kanilang mga akawnt, nakaisa nila ang Commission on Human Rights. Gayundin, kabi-kabila ang pagkumenda ng mga indibidwal at organisasyon sa pagsensor na ito ng Facebook.

Humigit-kumulang 130,000 ang kabuuang bilang ng pinagsamang followers ng Bayan, KMU at Anakbayan sa Facebook.

Sa kabila nito, maraming akawnt pa sa Facebook ng mga progresibong organisasyon ang hindi na ibinalik at patuloy na sinesensor ng Facebook.

Labis-labis na ang paglilibre ng ligal na tulong sa mga sundalo at pulis

Enero 29, 2023

Tinawag ni Hose Deputy Minority Leader at ACT Rep. Frances Castro na kalabisan ang pagkapasa ng House Bill 6509 o ang Free Legal Assistance for Military and Uniformed Personnel sa Kongreso noong Enero 22. Ang panukalang ito ay magbibigay ng libreng ligal na representasyon para labanan ng mga sundalo, pulis at iba pang armadong pwersa ng estado para sa pagharap nila sa mga kasong isasampa sa kanila ng mamamayan.

Saklaw nito ang lahat ng mga kasong kriminal, sibil at administratibo na may kaugnayan sa kanilang trabaho. Ibig sabihin, kung nakapatay ang isang sundalo o pulis, agad siyang bibigyan ng

mga abugado na babayaran ng gubyrerno. Kabilang dto ang maraming kaso ng ekstrahudisyal na pamamaslang, iligal na pang-aaresto, pang-aabusong at iba pang karapatang-tao.

“Dati nang sobra ang mga bentaha na ibinibigay sa mga militar at unipormadong personnel,” aniya. “Sila na nga ang mga may hawak ng baril, sila na nga ang mayroong maraming kaso ng paglabag sa karapatang-tao, sila pa ang bibigyan ng libreng legal assistance,” ayon kay Castro. Marami sa mga paglabag sa karapatang-tao ay may kaugnayan sa kanilang trabaho dahil ang mga ito ay nagmumula sa mga kontra-mamamayang patakaran ng gubyrerno.

“Lamang na lamang na talaga ang ating mga military and uniformed personnel. Napakabilis na ngang nadoble ang kanilang mga sweldo, bibigyan pa sila ng higit na proteksyong legal sa pamamagitan ng libreng legal-assistance na taumbayan ang mag-subsidize,” aniya.

“Kung ano ang available sa mga unipormado, dapat ito ay available din para sa mga sibilyan. Wala dapat espesyal o mas mataas na pagtatangi para sa mga unipormado,” dagdag pa niya. Ipinaalala niya na matagal nang itinutulak ng mga guro ang Teacher Protection Act na magtatanggol sa mga guro at iba pang mga manggagawa sa sistema ng edukasyon laban sa mga malisyosong akusasyon. Higit dito, matagal nang iginigiit ng mga guro na itaas ang kanilang sweldo, na hanggang ngayon ay nananatiling isa sa pinakamababa sa lahat ng mga empleyado ng gubyrerno at mga prupesyunal.

Pagkamatay ng 23 Moro sa Mamasapano, dapat ring alalahanin

Enero 29, 2023

Hindi lamang ang 44 na kumando ng Special Action Force (SAF) na namatay sa palpak na operasyon sa Mamasapano ang dapat alalahanin kundi pati ang 23 Moro na namatay sa noong araw na iyon. Ito ang pahayag ni Drieza Lininding ng grupong Moro Consensus Group sa kanyang post noong Enero 25. Aniya, malaki ang disgusto ng mga Moro sa hindi pantay na trato at pagtingin sa kanila ng reaksyunaryong estado.

Ang tinutukoy niyang insidente ay naganap noong Enero 25, 2015, kung saan 44 na pulis ang napatay sa Mamasapano, Maguindanao sa operasyong pagtugis at pagpaslang sa kunwa'y tagagawa ng bomba nasi Zufiki bin Hir, alyas Marwan. Ang buong operasyong ay dinirihe ng mga tropang US, sa kaalaman ng mataas ng pamunuan ng AFP at ng noo'y presidente ng bansa na si Benigno Aquino Jr.

“Hindi Lang SAF 44 ang namatay sa Mamasapano, hindi lang ang kanilang mga pamilya ang naulila at may nabalang asawa,” pahayag ni Lininding. Sa kabila ng kanilang masakit na sinapit, tila parang walang halaga ang buhay ng 18 dating mujahideen (mandirigma) at limang sibilyang Moro at tanging ang SAF 44 lamang ang dinadamayan at sinisimpatiyahan, hinaing ni Linindeng. “Tao din naman po sila (mga Moro),” aniya.

Isa sa mga biktima ang 5-taong gulag na si Sarah Panangulon, na namatay nang paulanan ng mga tropa (ng pulis) ang kanilang bahay. Nasugatan rin ang kanyang mga magulang sa pamamaril. Isa pa si Badrudin Langalan, isang magsasaka, na lumabas lamang sa kanyang bahay para mag-charge ng kanyang selpon. Sa ibinigay na salaysay ng kanyang asawa sa taong iyun, nakasalubong ni Langalan ang mga sundalo habang nagaganap ang putukan. Natagpuan ang siyang patay na kinabukasan. Nakatali ang kanyang mga kamay at paa, tinanggal ang kanyang mga mata at tadtad ng bala ang kanyang katawan.

“Wag natin kalimutan sina Omar Dagadas, Ali Esmail, Musib Hasim at Rasul Zukarnin na walang awang pinagbabaril sa loob ng masjid ng SAF Commando survivor na si Christopher Lalang,” dagdag pa ni Linindeng. “Sila ay mahimbing na natutulog (dahil) sa akala nilang tapos na ang barilan dahil me ceasefire na nadeklara ngunit patraydor silang pinagbabaril.

Hindi mailarawan ang kanilang sinapit sa naghuhuramentadong pwersa ng estado, aniya. “(I)sa sa kanila na labas ang mata, yung iba ay gutay gutay dahil sa malapitang pamamaril.” Ang mga ito ay isinadokumento noon ng grupo ng tagapagtanggol ng karapatang-tao na Kawagib noong panahong iyon. Ayon sa ulat ng Kawagib, bago ang pangyayari, limang beses nang pabalik-balik ang mga pulis ng SAF sa lugar kaya tiyak silang kilala ng mga ito ang mga residente sa dito.

Dagdag dito, mahigit 1,500 ang noo’y napilitang magbakwit dulot sa pangyayari. Liban sa 44 na

pulis, napabalita ang pagkapaslang ng isang sundalong Amerikano.

#Justice4Moro23

Planong pagbisita ng US Defense Secretary sa Pilipinas, tinuligsa

Enero 30, 2023

Tinuligsa ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan) ang nalalapit na planong pagbisita ni US Secretary of Defense Llyod Austin III sa Pilipinas at ang nakatakdang pakikipagpulong ng opisyal ng imperyalistang bayan sa mga opisyal sa depensa ng Pilipinas.

Ayon sa US Department of Defense, bibisita si Austin para “isulong ang panrehiyong istabilidad at ibayong palakasin ang pakikipagtulungan sa depensa sa United States.”

Subalit para sa Bayan, malinaw sa kanila na ang tanging layon ng pagbisita ni Austin ay para ipapanumbalik ang mga base militar ng US sa Pilipinas. “Ang pagbisita ay kasabay ng mga planong tiyakin ang limang napagkasunduang lokasyon sa Pilipinas sa ilalim ng Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA),” ayon pa sa grupo.

Anang grupo, mistulang panahon ng Cold War ang nagaganap ngayon kung saan ginagamit ang Pilipinas ng US para sa mga gerang agresyon nito sa Asia. “Isa itong malubhang paglapastangan sa ating soberanya,” giit ng Bayan.

Sa ilalim ng EDCA, magtatayo ng dagdag na mga pasilidad militar ang US sa bansa—dalawa sa prubinsya ng Cagayan, at tig-isa sa Isabela, Zambales at Palawan. Dagdag ito sa lima nang pasilidad militar ng US sa loob ng mga kampo ng AFP na itinayo sa ilalim ng EDCA.

Pinaniniwalaang gagamitin ng US ang mga pasilidad na ito para ipwesto ang mga ground-to-air missile system na nakatutok sa China.

“Hindi natin kailangan ng EDCA at ang mga base militar ng US,” giit ng Bayan. Paliwanag pa nila, hindi totoong mapipigilan nito ang agresyon ng China sa West Philippine Sea.

Sa huli, nanawagan ang Bayan sa mamamayang Pilipino na itakwil ang presensyang militar ng US sa bansa at huwag kalimutan ang mga abusong dinanas ng mamamayang Pilipino dahil sa mga baseng militar ng US sa nakaraan at ang Visiting Forces Agreement.

Ang pagbisitang ito ni Austin ay kasunod ng maraming pulong sa pagitan ng mga opisyal ng Washington at Manila, kabilang dito ang pag-uusap ni President Joe Biden at President Ferdinand Marcos Jr noong nakaraan.

Dalawang buwan pa lamang din ang nakararaan nang pumunta sa Pilipinas si US Vice President Kamala Harris.

Retiradong konsultant ng NDFP, asawa, at isa pa, iligal na inaresto sa GenSan

Enero 30, 2023

Iligal na inaresto ng mga sundalo at pwersa ng Criminal Investigation and Detection Group (CIDG) ang konsultant ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) para sa usapang pangkapayapaan na si Ruben Saluta, 75, at kanyang asawa at kapwa rebolusyonaryong si Presentacion Cordon Saluta, 63, at isang pinangalanang Yvonne Losaria sa kanilang tinutuluyang bahay sa Doña Soledad, Barangay Labangal, General Santos City noong Linggo.

Inaresto si Ruben Saluta batay sa gawa-gawang mga kaso ng murder habang si Presentacion at Losaria ay sinampahan ng mga kasong rebelyon. Liban dito, pinalalabas pa ng mga pwersa ng estado na nakuha sa kanila ang anim na matataas na kalibre ng armas, mga bala at kagamitang militar.

Si Ruben ay matanda na at mayroong sakit na hypertension at chronic pulmonary disease. Si Presentacion ay mayroon ding hypertension. Ayon sa pahayag ni Marco L. Valbuena, Chief Information Officer ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP), ang mag-asawa ay matagal nang retirado sa aktibong pagkilos mula nang makalabas ng kulungan noong 2016 at 2019.

Ayon sa ulat ng lokal na midya, kasalukuyang nakapiit ang tatlo sa hedkwarters ng CIDG Central Mindanao.